# Paano LUMAYA sa SAMA ng LOOB

Jim Wilson

**Paano Lumaya sa Sama ng Loob**
Karapatang-ari © 1995, 1999, 2003 James I. Wilson
Gabay sa Pag-aaral sa Paano Lumaya sa Sama ng Loob
Karapatang-ari © 2003 Marjorie Dykema

Ang orihinal na teksto (English) ay inilimbag ng Canon Press
P. O. Box 8741, Moscow, ID 83843 at ng
Community Christian Ministries,
P. O. Box 9754, Moscow, ID 83843–0180

Isinalin sa Tagalog ni Jose A. Arceo

Mga talata galing sa Biblia ay hinango sa Magandang Balita Biblia
Karapatang-ari © 1980 ng Philippine Bible Society

Walang bahagi ng lathalang ito ay maaaring kopyahin, itago sa isang retrieval system o ilipat sa anumang anyo sa kahit na anong pamamaraan, electronic, mechanical, photocopy, recording atbp nang walang pahintulot galing sa may-akda, maliban lamang sa pinapayagan ng batas ukol sa karapatang-ari.

Inilathala (2008) sa Pilipinas ng
Church Strengthening Ministry, Inc.
P.O. Box 2656 MCPO
1266 Makati City, Philippines
email: direct@csm-publishing.com
website: www.csm-publishing.org

ISBN 978-971-002-145-1

# NILALAMAN


Paunang Salita . . . . . . . . . . 4

Paglaya sa Sama ng Loob *ni Jim Wilson* . . . . . . . . . . 7

Pagpapatawad *ni Jim Wilson* . . . . . . . . . . 23

Ang Galit ng Tao *ni Heather Wilson Torosyan* . . . . . . . . . . 36

Ang Silakbo ng Galit *ni Jim Wilson* . . . . . . . . . . 42

Paano Tanggapin ang Masaktan (Taking Offense)
*ni Heather Wilson Torosyan* . . . . . . . . . . 48

Ang Pagkontrol sa Dila *ni Chris Vlachos* . . . . . . . . . . 52

Pag-iisip sa Nakaraan *ni Jim Wilson* . . . . . . . . . . 56

Ang mga Relasyon sa mga Magulang *ni Jim Wilson* . . . . . . . . . . 61

Ang Pag-ibig na Nagpupuno *ni Jim Wilson* . . . . . . . . . . 71

Paano Nagiging Matatag (Secure) ang Isang Babae
*ni Jim Wilson* . . . . . . . . . . 80

Ang Lalaking Responsable *ni Jim Wilson* . . . . . . . . . . 84

Ang Mabuting Balita . . . . . . . . . . 89

# Paunang Salita

*Alisin na ninyo ang lahat ng sama ng loob, galit at poot; huwag na kayong mambubulyaw, manlalait, at mananakit ng damdamin ng kapwa. Sa halip, maging mabait kayo at maawain sa isa't isa, at magpatawaran, tulad ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo* (Efeso 4:31-32).

Ang titulo ng booklet na iyong babasahin ay hango sa artikulong kumuha ng pinakamaraming reaksyon at tugon sa aming ministeryo. Ang iba pang labing-isang artikulo ay nauugnay sa isang paraan o iba pang paraan sa sama ng loob. Tinipon namin sa iisang babasahin ang mga ito para malaman mo kung paano mo maiingatan ang iyong sarili sa sama ng loob kung hindi man gumaling ang iyong sarili sa bagay na ito.

Ang una at pangalawang artikulo sa munting babasahing ito'y naibigay na nang maraming ulit sa loob ng huling dalawampung taon sa maraming retreat at mga Bible conferences. Daan-daang mensahe sa tape ang naipamigay na dito at sa ibang mga bansa. Nitong bandang huli, pina-transcribe ng panganay naming anak na si Douglas ang tape at inimprinta ang isang libong kopya nito bilang isang aklat pagkaraan ng maraming taon.

Unang nalimbag ang "Paano Lumaya sa Sama ng Loob" sa isang mimeograph paper na may titulong Nameless News noong mga unang taon ng dekada 60. Nasa isip ko ang isang taong may sama ng loob nang isinulat ko ito. Binasa niya ito at nakatulong ito sa kanyang alisin ang kanyang sama ng loob. Bilang kailangang dugtong sa artikulong "Paglaya sa Sama ng Loob," sinulat naman ang artikulong, "Pagpapatawad."

Sinulat ng aking anak na babae na si Heather Torosyan ang "Ang Galit ng Tao" noong wala pa siyang asawa. Naisip ko na maganda ito kaya inimprinta ko ito sa sumunod na edisyon ng "Paano Lumaya sa Sama ng Loob." Pinalawak ko ito sa pagsulat naman ng "Ang Silakbo ng Galit." Ang parehong paksa, galit at silakbo, ay nauugnay sa sama ng loob. Sinulat din ni Heather ang

"Paano Tanggapin ang Masaktan" na sa tingin ko'y dito nagsisimula ang sama ng loob. Hindi magkakaroon ng sama ng loob kung handa nating tanggapin ang masaktan sa una pa lamang.

Sinulat naman ni Chris Vlachos ang "Ang Pagkontrol sa Dila" nang naging misyonero namin siya sa mga Mormon sa His Place Bookstore doon sa Provo, Utah. Nagpapasalamat ako kay Chris, ngayo'y isang propesor na nagtuturo ng Bagong Tipan sa Wheaton College, para sa pahintulot niya sa amin na gamitin ang kanyang artikulo para sa munting aklat na ito. May malaking nagagawa ang tsismis para magkaroon ng sama ng loob ang mga tao.

Ako naman ang sumulat ng "Pag-iisip sa Nakaraan" para sa mga taong may hilig na mag-akusa/magbintang at mamintas hindi lamang sa kanilang sarili kundi sa iba rin. Nagdaranas sila ng matinding kalungkutan dahil sa pag-aakusa nila sa kanilang sarili, at masama ang kanilang loob dahil sa pag-akusa nila sa iba.

Dahil ang sama ng loob ay sa mga taong malalapit sa atin, mga magulang ang nangunguna sa talaan. Malalapit sa atin ang ating mga magulang at malimit na sila ang mga pangunahing pinagmumulan ng ating sama ng loob. Sinulat ko ang "Ang mga Relasyon sa mga Magulang" para sa mga may edad kahit na yumao na ang kanilang mga magulang. Bukod pa sa artikulong "Paglaya sa Sama ng Loob," ang artikulong ito ang tumanggap ng higit na aksiyong pagtutuwid bilang tugon kaysa ibang mga naibigay kong mga talks. Sundin ang mga tagubilin. Ginagarantiyahan ko ang mga resulta.

Para sa mga magulang pa rin, ang artikulong "Ang Pag-ibig na Nagpupuno" ay sinulat para ipakita kung paano ang pag-ibig na nagpupuno ay makapagsisilbing pangunahing pamigil sa sama ng loob sa mga bata. Maaari din itong gawin sa mga kamag-anak.

Madaling sumama ang loob ng mga kababaihan kung sila'y hindi matatag (insecure). Sinulat ko ang "Paano Nagiging Matatag (Secure) ang Isang Babae" para tulungang maiwasan nilang sumama ang kanilang loob. May isang babaing nakabasa nito ang sumulat sa akin kung bakit kababaihan lamang ang pinuna ko. Kaya sinulat ko naman ang "Ang Lalaking Responsable" para sa mga kalalakihang mambabasa, kabilang ang mga Cristiano, para ipaliwanag na ang kanilang pagiging iresponsable ay lumilikha ng sama ng loob sa iba.

Ang sukdulang paraan ng paglaya sa sama ng loob ay sa pamamagitan ng kapangyarihang nakapagbabago ng buhay ng ebanghelyo. Ang lahat ng alinmang solusyon para sa sama ng loob ay hindi magkakabisa kung walang tunay na solusyon para sa kasalanan. Kung ikaw'y hindi pa Cristiano, basahin mo ang booklet na ito mula sa simula hanggang sa katapusan. Sa gayon, ang huling artikulo, "Ang Mabuting Balita" ay maiintindihan mo. Kung ikaw'y Cristiano, basahin mo ang lahat ng artikulo nang gayundin—mula simula hanggang katapusan. Ipakikita nito sa iyo kung ano ang kulang mo sa iyong buhay-Cristiano at kung paano mo muling makakamtan ito.

Gusto naming pasalamatan si Marjorie Dykema para sa kanyang pagbuo ng mga tanong sa gabay sa pag-aaral para sa bawat artikulo.

Ang orihinal na aklat ay isinalin sa Afrikaans, Armenian, Albanian, pinasimpleng Chinese, tradisyunal na Chinese, Korean, Portuguese, Russian, Spanish, Telegu, Nepalese, Polish at German. Kung nais ninyong isalin ang aklat na ito sa ibang wika, o kaya'y kung may kilala kayong nais na magsalin nito, kontakin ang Community Christian Ministries sa PO Box 9754 Moscow, ID 83843–0180 o mag-email sa ccm@moscow.com o bisitahin ang aming Website sa www.ccmbooks.org.

# Paglaya sa Sama ng Loob

**Jim Wilson**

*Alisin na ninyo ang lahat ng sama ng loob, galit at poot; huwag na kayong mambubulyaw, manlalait, at mananakit ng damdamin ng kapwa. Sa halip, maging mabait kayo at maawain sa isa't isa, at magpatawaran, tulad ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo. Yamang kayo'y mga anak na minamahal ng Diyos, tularan ninyo siya. Mamuhay kayong puspos ng pag-ibig tulad ni Cristo; dahil sa pag-ibig sa atin, inihandog niya ang kanyang buhay bilang mahalimuyak na hain sa Diyos* (Efeso 4:31–5:2).

Itinuturo ng ating batayang talata na alisin natin ang lahat ng sama ng loob. Ngunit bago natin talakayin kung paano at bakit dapat nating gawin ito, mahalagang malaman natin na ang batayan para sa lahat ng ating mga gawa tungkol dito ay kung anong ginawa ni Jesu-Cristo doon sa krus para sa atin. Sa lahat ng ating mga gawa, dapat nating tularan ang Diyos.

Sa Matandang Tipan ay may isang babaing ang ibig sabihin ng kanyang pangalan ay Nakalulugod. Siya ay si Noemi. Mula sa Israel, lumipat siya sa ibang lupain kasama ng kanyang asawa at mga anak na lalaki. Ngunit namatay ang kanyang asawa, at sa loob ng sampung taong sumunod, parehong namatay rin ang kanyang dalawang anak na lalaki. Kinausap niya tungkol dito ang kanyang dalawang manugang na babae na hindi pa nalalaunang naging mga balo.

Ruth 1:13b: "Pinagmalupitan ako ni Yahweh, at hindi ko ibig na maparamay kayo sa aking kasawian." Sa talatang ito inilalahad ni Ruth sa kanyang dalawang balong manugang ang kanyang sama ng loob at kung sino sa kanilang tatlo ang higit na may karapatang sumama ang loob.

At sinasabi ng Ruth 1:20-21: "Huwag na ninyo akong tawaging Noemi, ang Babaing Mapalad, . . . Tawagin ninyo akong Mara, ang Babaing Sawimpalad,

sapagkat ako'y pinagmalupitan ng Makapangyarihang Diyos...Huwag na ninyo akong tawaging Mapalad pagkat ako'y binigyan ni Yahweh ng matinding kasawian sa buhay!"

May sama siya ng loob sa Diyos. Ang Diyos ang kumuha ng kanyang asawa; ang Diyos din ang kumuha ng kanyang mga anak na lalaki, at kinikimkim niya ito laban sa Diyos. Limang ulit na sinasabi ng tatlong talatang ito na ang Diyos ang dahilan ng kanyang sama ng loob.

Maraming tao ang tulad nito ngayon. Hindi lang masama ang kanilang loob kundi nasisiyahan na silang masama ang kanilang loob. Kahit paano gusto na nila ang ganoon, at nabubuhay sila sa ganoon. Ayaw nilang alamin kung paano nila ito matatanggal; ayaw nilang magkaroon ng kabuluhan ang buhay nila. Gusto nila ng may sama ng loob.

May kilala tayong mga taong tulad nito sa mundo, at may kilala tayong ganitong mga tao sa iglesya. Madaling makilala ang isang taong may sama ng loob. Ito'y makikita mo sa kanyang mga mata, sa mga guhit ng kanyang mukha—kahit bata pa siya. Makikita mo ito sa kanyang bibig, mahahalata mong masama ang kanyang loob kapag siya'y ngumingiti o tumatawa. Maririnig mo rin ito sa tono ng kanyang boses. Maririnig mo ito kapag tinututulan niyang siya'y walang kinikimkim na sama ng loob. Nangingibabaw ang kanyang sama ng loob.

May mga halimbawa sa Biblia ng mga taong nagkimkim ng sama ng loob bukod kay Noemi. Sa totoo lang, iilan din sila. Halimbawa, si Jonas ay isang lalaking may sama ng loob. Sinabi sa kanya ng Panginoon, "Dapat ka bang magalit dahil sa nangyari sa halaman?" Sumagot siya, "Oo, nagagalit ako. Ibig ko nang mamatay" (Jonas 4:9).

Inisip niya na may karapatan siya sa kanyang sama ng loob. *Gusto ko ang magalit. Diyos, mali Ka, hindi Mo dapat patawarin ang mga tao. Ayaw kong patawarin Mo sila.*

May mga taong nasisiyahang magtanim ng galit o sama ng loob laban sa kapwa nila. Ngunit ayon sa ating teksto, kailangang alisin natin ang lahat ng sama ng loob at panatilihin ang pusong mabait at maawain sa isa't isa. Narito ang tanong: Maaari kayang maging mabait, mapagpatawad, maawain at magtanim din ng sama ng loob? Ang lahat ng ito'y panloob na pag-uugali. Ang kahulugan ng pagiging maawain ay pagkakaroon ng pusong maawain.

Ang sama ng loob ay panloob din. Ngunit hindi maaaring magkaroon ng dalawang magkasalungat na pag-uugali sa ating panloob na pagkatao.

Sinasabi ni Apostol Pablo na alisin ang lahat ng sama ng loob at maging mabait at maawain sa isa't isa. Kaya dapat na alisin ang sama ng loob. Ngunit kinakailangan munang malaman kung ano ito, at kung talagang mayroon nito, bago ito maalis.

Madaling mahalata kapag ang ibang mga tao'y may sama ng loob. Ngunit hindi ito madaling makita sa ating sarili. Kaya nga mahalaga na mayroong mabuting pagkaunawa sa pakahulugan ng Biblia sa problemang ito.

Ipalagay nating nagkakasala ang isang Cristiano. Nagsisinungaling siya, halimbawa. Ngayon kapag nagsisinungaling siya, nakukonsiyensiya ba siya o sumasama ang kanyang loob? Ang sagot ay nakukonsiyensiya. Kapag tayo'y nagkakasala, nakukonsiyensiya tayo. Ito'y deretsahan. Ngayon ipagpalagay nating may isang taong nagsabi ng kasinungalingan tungkol sa Cristiano ring ito at ipinagkalat ito sa buong bayan. Ano ang kanyang nararamdaman ngayon—nakukonsiyensiya ba siya o masama ang loob?

Ang sumbat ng ating konsiyensiya ang nararamdaman natin kapag tayo'y nagkasala, at *ang sama ng loob naman ang ating nararamdaman kapag ang iba'y nagkasala sa atin.* Ang malinaw na kahulugan mismo ng sama ng loob ay tumutukoy sa gawa ng iba. Kung tayo ang nagkasala nararamdaman natin ang sumbat ng konsiyensiya at alam natin na dapat tayong humingi ng tawad at huwag nang gawing muli ang ating pagkakasala.

Maaaring hindi natin aminin ang kasalanan, ngunit hindi dahil sa hindi natin alam kung anong gagawin. Ngunit anong ginagawa natin sa kasalanan ng iba? Ang sama ng loob ay laging batay sa pagkakasala ng iba—kahit totoo man o hinala lamang.

Isaalang-alang muna natin ang kasalanang nahihinalaan lang. Maaaring sumama ang ating loob nang paulit-ulit dahil sa sinabi ng isang tao, ngunit ang totoo'y hindi naman niya ito sinabi. Isang maling ulat ang ating narinig, at ngayo'y masama ang ating loob. Naghihintay tayo ng paghingi ng paumanhin na hindi naman niya maaaring ialok. Mananatili ba tayong masama ang loob sa buong buhay natin dahil hindi siya nagsabi kahit kailan ng "sorry" para sa isang bagay na hindi niya ginawa?

Karaniwan, hindi maisip ng maraming taong may sama ng loob na maaaring ang kinasasama ng loob nila ay nasa imahinasyon lamang nila. Kapag sama ng loob ang pag-uusapan, laging tunay ang kasalanan ng iba. Sapagkat kung sinisikap ng taong iyan na maging malaya sa sama ng loob, katanggap-tanggap para sa kanya na ipalagay ang totoong pagkakasala ng ibang tao *basta't matanggal niya ang kanyang sariling sama ng loob.*

Ngunit paano naman ang totoong pagkakasala? Maraming taong may sama ng loob at sadyang minaltrato ng nagkasala sa kanila. Kaya paano natin haharapin ang tunay na pagkakasala?

Ang sama ng loob ay batay sa kasalanan na kahit paano'y may kaugnayan sa iyo. Walang kinalaman ito sa kung gaano man kalaki ang kasalanan; ito ay batay sa kung gaano ito kalapit. Halimbawa, kung may nangyaring malaki at grabeng imoralidad sa Iran, Iraq, El Salvador, o Colombia, ano ang pangkaraniwan nating gagawin? Binabasa natin ang tungkol dito, ngunit hindi tayo makukonsiyensiya. Binabasa natin ang tungkol dito ngunit hindi sasama ang loob natin. Maaari tayong matakot o mamangha ngunit hindi tayo sinusumbatan ng ating konsiyensiya at hindi sumasama ang ating loob. Gayunman, ito ay isang karumal-dumal na kasalanan, at mayroong talagang gumawa nito. Kaya hindi ito depende sa kung gaano kasama ang ginawa kundi *gaano kalapit sa atin ang taong nagkasala sa atin.* Ang sama ng loob ay may kaugnayan sa mga taong malalapit sa atin.

Sinu-sino ang mga ito? Simple lang ang sagot: ang mga tatay, mga nanay, mga kapatid, mga asawa, mga bata, mga kasintahan, mga magkakasama sa kuwarto, mga nakatataas ng tungkulin sa iyo, mga taong nasa ilalim ng iyong pamamahala, mga kapwa manggagawa, mga magkasosyo sa negosyo at marahil ay iba pang mga kamag-anak—mga lolo at lola, mga tiyuhin, atbp. May mga tao pa ngang masama ang loob laban sa Diyos.

Hindi sumasama ang loob natin sa mga hindi malalim ang ugnayan sa atin. Ang sama ng loob ay batay sa kasalanang nagawa sa atin ng sinumang malapit sa atin. Maaaring maliit lang iyon. Hindi kailangang malaking kasalanan, *kailangan lamang na malapit sa atin ang nagkasala sa atin.* Pinupulot ba niya ang kanyang medyas? Hindi? Maaari bang sumama ang iyong loob sa ganyan? Hindi naman, pero paano kung ito'y kanyang ginagawa ng 5,000 ulit?

Maaaring isipin mo na mayroon kang karapatang sumama ang loob. Ngunit hindi binibigyan ng Biblia ang sinuman ng karapatang maging masama ang loob. Sinasabi ng teksto na *alisin ninyo ang lahat ng sama ng loob.*

*Pag-ingatan ninyong huwag talikdan ninuman sa inyo ang pag-ibig ng Diyos. Ingatan ninyong huwag sumama ang sinuman sa inyo at makagulo at makahawa pa sa iba* (Hebreo 12:15).

Inilalarawan dito ang sama ng loob na para bang isang ugat. Ang ugat ay isang bagay na nasa ilalim at hindi nakikita. Ngunit maaari ring mayroong makitang katibayan nito, tulad ng nakikita nating mga ugat na umuusbong sa bangketa.

Marami pang ibang mga bagay na ginagawa ang mga ugat. Kahit hindi nakikita ang ugat, hindi nangangahulugang wala ito. Hindi rin naman nangangahulugang hindi makikita ang mga ito. Sumisipsip sila ng sustansiya, at hindi sila nananatiling mga ugat. Hindi magtatagal at makikita din sila sa ibabaw ng lupa.

Taglay ng bungang inilabas ang may direktang relasyon sa ugat na pinagmulan nito. Ang mga ugat ng mangga ay nagbibigay sa atin ng mga mangga. Kung may masamang ugat, magbubunga ito ng masamang bunga.

Iyan ang sinasabi ng talatang ito. Mag-ingat na baka ang anumang sama ng loob ay umusbong, maging dahilan ng problema, at makalapastangan sa maraming tao, na ang ibig sabihi'y gawing marumi ang maraming tao. Nakakita ka na ba ang sama ng loob na pumasok sa isang iglesya? Ang sama ng loob ay maaaring pumasok sa isang konggregasyon tulad ng apoy sa isang malawak na tuyong kapatagan. Nakapapasok din ito sa lugar ng pagtatrabaho o sa isang dormitoryo. Bakit? Sapagkat may nagdesisyong magtapat. Sumama ang loob niya, pinangibabaw niya ang ugat at hinayaan niya itong magbunga. Ipinagtapat niya ito at maraming tao ang sumama ang loob. Binalaan tayo ng sumulat ng aklat ng Hebreo tungkol dito. Sinasabi niyang ingatang huwag makaligtaan ang biyaya ng Diyos. Kapag pinayagan mo ito, lalabas ang sama ng loob at lalapastangan ito sa maraming tao. Ginagawa nitong marumi ang maraming tao.

Ano ang nangyayari sa isang tao kung pinananatili niya ang sama ng loob nang maraming taon? Ano ang nangyayari sa kanyang katawan? Magkakasakit ba siya? Ipagpalagay nating ito'y sama ng loob sa isang miyembro

ng pamilya. Kinikimkim niya ito. Hindi niya ito ipinagtapat. Hindi siya nakalapastangan sa maraming tao—kinimkim lang niya ito. Kapag kinimkim niya ito sa loob ng ilang taon, magsisimula na siyang makaramdam ng sakit. Pupunta siya sa doktor at sasabihin ng doktor, "Tama ka, maysakit ka nga. Pero ang sakit mo'y hindi ang klase ng sakit na ginagamot ko. Papupuntahin na lang kita sa ibang klaseng doktor."

Kaya pinapunta siya ng doktor sa isang psychiatrist, at sumang-ayon ang psychiatrist. "Oo, may sakit ka nga. At alam ko kung bakit ka may sakit. May sakit ka dahil sa 20 taon mong sama ng loob sa iyong ama. Kinimkim mo ito sa loob nang matagal na panahon at hinayaan mong mabulok sa iyong kalooban. Iningatan mo ang lasong ito sa iyong kalooban at binigyan ka ng sakit sa katawan ng asidong ito. Kaya ang gusto kong gawin mo'y umuwi ka at ipagtapat mo ito sa iyong ama. Bakit mo kinikimkim 'yan para magkasakit? Ilabas mo. Hayaan mong mahawa ang lahat."

Kaya ang mundo'y may dalawang solusyon. Kimkimin mo ang sama ng loob at magkasakit ka o ilabas mo at ikalat mo ang sakit sa paligid. Ang solusyon ng Diyos ay hukayin ang ugat, at tanggalin na ito. *Pero kailangan dito ang kagandahang loob ng Diyos.* Dapat na may personal na relasyon kay Cristo ang isang tao para makaya niyang gawin ito. Si Cristo ang pinagmumulan ng kagandahang loob.

Hindi dapat na gamitin ng mga Cristiano ang solusyon ng mundo sa sama ng loob. Sa sandaling ginaya ng mga Cristiano ang mundo, mayroon silang dalawang mahihinang pagpipilian. Sinasabi ng Biblia na alisin na ninyo ang lahat ng sama ng loob. Hindi mo na dapat pang ingatan ito sa iyong sarili at hindi mo na dapat pang ipagtapat ito sa iba. Isuko mo ito sa Ama sa pamamagitan ng Anak.

*Ngunit kung ang naghahari sa inyong puso ay inggit at makasariling hangarin, huwag ninyo iyang ipagmalaki at huwag ninyong pabulaanan ang katotohanan. Hindi galing sa Diyos ang ganyang karunungan, kundi mula sa diyablo—makasanlibutan at makalaman. Sapagkat saanman naghahari ang inggit at makasariling hangarin, maghahari din doon ang kaguluhan at lahat ng uri ng masamang gawa* (Santiago 3:14-16).

Noong ako'y isa pa lamang batang midshipman sa Naval Academy, inisip ko na ang mumunting pagkakamali at pagseselos na nakikita ko ay

magbibigay-daan sa pag-mature. Inisip ko na kapag mas mataas ang ranggo ay mas nagiging mature, pero hindi pala ito nangyari. Ngunit habang mas nagkakaedad ako natuklasan ko na mas lalong lumalala ang pagseselos. *Naiipon ang sama ng loob.* Malibang may solusyon sa bagay na ito, hindi mababawasan ang pagsama ng loob ng mga tao sa pagtanda. Mas lalong sumasama ang loob nila sa loob ng maraming taon. Ito'y palubha pa nang palubha.

At kung ikaw ay nagkikimkim ng masamang pagkainggit, ang resulta nito ay masamang gawa. Ito'y hindi galing sa langit. Ito'y deretsong galing sa hukay at ito'y sa diyablo. Ang bawat masamang gawa ay mga resulta mula sa ugaling ito. Kitang-kita na mayroon tayong tunay na problema. Paano natin aalisin o iiwasan ang pagtatanim ng sama ng loob?

Bago natin maalis ang sama ng loob, dapat munang malaman natin na tayo'y may sama ng loob. Paano natin masasabi kung tayo'y may sama ng loob?

Ang isang magandang panuntunan ay ito: *Naaalaala ng sama ng loob ang mga detalye.* Nakaranas ka ng libu-libong usapan sa iyong buhay, karamihan sa mga ito'y nakalimutan mo na. Ngunit ang isang ito'y nangyari limang taon na ang nakalipas, at natatandaan mo ang bawat salita, ang kanyang tono at ang bawat taas at baba nito ng kanyang boses. Alam mo kung ano ang eksaktong nangyari—at nangangahulugan ito na masama ang iyong loob.

Maaaring may tumutol at sabihing posible rin na magkaroon ng isang magandang alaala ng isang magandang pag-uusap. Posible ba ito? Maaari, pero hindi kagaya. Bakit? Dahil ang alaala ay tinutulungan ng paulit-ulit na pagbabalik-alaala. Karaniwan, hindi masyadong pinag-iisipang mabuti ng tao ang magagandang bagay. Ngunit paulit-ulit nilang ginagawa ito sa masasamang bagay. Marami-rami na rin akong napagpayuhang mga tao na nasa proseso na ng diborsiyo. May mga kilala ako mula pa noong sila'y ikinasal, at ito'y sa mas masayang panahon ng kanilang buhay. Ngunit sa panahon ng diborsiyo, hindi nila maalaala kahit isang masayang sandali. Ang naaalaala lamang nila ay kung ano ang paulit-ulit na nilang pinagdaanan. Masasama ang kanilang loob.

Hindi ito nangangahulugan na walang masasayang sandali. Nangangahulugan lamang na ang pinagtuunan nila ay kung gaano sila kamatuwid

at kung gaano kamali ang ibang tao. Kung ang isang tao ay may matalas at madetalyeng alaala sa mga bagay na nangyari maraming taon na ang nakalipas noong bata pa siya, o bilang kabataang lalaki o babae, at ang alaalang iyon ay mapagbintang sa sinuman, ang alaalang iyon ay isang palatandaan ng sama ng loob. At ang solusyon sa sama ng loob ay alisin ito.

Minsan, nagkaroon ako ng isang magandang karanasan sa Dallas, Texas. Nagsalita ako ng Sabado ng gabi sa tahanan ng isang matagal nang kaibigan. Dahil sa ako'y papunta sa Dallas, sinulatan ko ang ilang taong nakilala ko sa iba't ibang bahagi ng bansa, at sila'y nagsidalo sa tahanang ito.

Hiniling ng tinuluyan kong kaibigan na magsalita ng tungkol sa sama ng loob at siya ko naman ginawa. Pagkatapos kong magsalita, may mag-asawang gustong kumausap sa akin. Kilala ko na sila ng walong taon noon pa sa Pullman, Washington. Lumapit sa akin ang maybahay at ang sabi, "Walong taon na kaming mag-asawa buhat nang kami'y ikinasal. Sa unang taon ng aming pagsasama, masama ang loob ko sa aking ina, at ito'y ibinunton ko sa aking asawa bawat araw. Grabe ang unang taon ng aming pagsasama dahil palagi kong binabanggit sa aking asawa ang sama ng loob ko sa aking ina."

Pagkatapos ay sinabi pa niya sa akin na pitong taon na ang nakalipas, nagsalita ako ng tungkol sa sama ng loob at inalis na niya ito. Isang araw may nakita siyang isang babae na talagang masama ang loob sa kanyang ina. Naisip niya, "Matutulungan ko ang babaing ito. Maibabahagi ko sa kanya ang lahat ng kaparehas naming karanasan. Nilapitan ko siya para ipagtapat ito, at hindi ko na matandaan ang lahat ng detalye. Nawala na ang detalye ng alaala ko. Ang nasabi ko lamang sa kanya ay natatandaan ko dati ang mga nangyari, at hindi ko na ulit naaalala pa ang mga ito." Talagang inalis na ng Panginoon ang lahat ng kanyang sama ng loob.

Minsan naman, nagtuturo ako ng isang apat na linggong kurso sa pag-aasawa. Naglagay ako ng isang paanyaya sa diyaryo at hindi ko alam kung sino ang dadalo. May isang babaing dumating na pinayuhang dumalo sa klase ko ng isang doktor. Pumasok siya, at masasabi kong hindi pa ako nakakita kailanman ng mas higit pang halata sa hitsura ang sama ng loob. Mayroon siyang apatnapung taon nang naipong sama ng loob. Inalis niya ito ng gabing iyon at nakiusap siyang makipagkita sa akin sa kasunod na araw sa bookstore

na pinagtatrabahuhan ko. Pumasok siya sa tindahan at hindi ko siya nakilala. *Ibang-iba na siya.* Nagkita pa lang kami ng nagdaang gabi, ngunit napakalinis na ng kalooban niya ng sandaling iyon.

Ano ba ang problema? Bakit ayaw nating alisin ang sama ng loob? Kung magsinungaling ako, maihihingi ko ito ng tawad, at ito'y patatawarin. Para maaalis ko ito kailangang ibalik ko ito sa aking puso. Kailangang dalhin nating pabalik sa ating sariling puso ang pagkikilala sa sama ng loob. Sa halip, natutukso tayong tumingin sa taong nakasakit sa atin. Tingnan mo kung ano ang *kanyang* ginawa. Iyan ang likas na katangian ng sama ng loob. Upang maalis ko ito, kailangang kilalanin ko na ito'y **aking** problema bago ko ito maipahayag at maiwan.

Ngunit sinasabi mong "Hindi naman masama ang loob ko. Madali lang akong masaktan." Ngunit ang sintomas ng nasasaktan ay napakalapit sa sintomas ng sama ng loob. Alam mo ba kung ano ang instant hinanakit? Marahil sasabihin mong, "Hindi naman iyon sama ng loob—nasaktan lang ang damdamin." Ngunit malapit ang kaugnayan ng nasaktan at nagalit. Mayroong nasaktan at nagalit siya. May isa pang napakalapit na kaugnayan ang may galit at ang may sama ng loob. Ang galit ay nauuwi sa malalim na hinanakit.

Ang sama ng loob ay galit na kinimkim. Ito'y napanis at nabulok. Ito'y kinimkim at lumala.

Mayroon pang ibang karugtong. May koneksyon ang sama ng loob at pagkapoot, at mayroong napakalinaw na pagkakakilanlang biblikal ang pagkapoot at ang pagpatay. Ang sinasabi ko'y ang masaktan ay mauuwi sa pagpatay. Maaaring may mga tututol na napakabigat ng pagtuturong ito. Ngunit ang lakas ng turong ito'y mula sa Biblia.

Gusto nating maging malinaw *kung gaano kasama ang sama ng loob.* Dapat kilalanin ng taong masama ang loob na siya'y may sama ng loob, at pangalawa, na ito'y malubhang kasalanan. Muli, ang dahilan kung bakit hindi ito itinuturing ng mga tao na kasalanan ay sapagkat iniisip nilang ito'y kasalanan ng iba. Sinasabi ng diyablo, "Kapag tumigil na siya sa pagsisinungaling o sa paggawa ng ganito o ganyan, o kapag humingi na siya ng tawad, bubuti na ang pakiramdamdam mo."

E, kung hindi siya tumigil? Kung ayaw niyang tumigil kahit kailan? Magiging masama ba ang iyong loob sa buong buhay mo dahil may isang taong iginigiit

na manatili siya sa kasalanan? Walang sense ito. Maaaring sabihin mo, "Patatawarin ko naman siya kapag humingi siya ng tawad at hindi hanggat di niya ito ginawa. May karapatan ako sa aking sama ng loob hanggang sa gayon. Kapag humingi siya ng tawad, patatawarin ko siya at magiging maayos ang lahat." Panatilihin mong nakatayo ang pader na ito ng sama ng loob, at isang araw lalapit siya sa iyo at sasabihin niyang, "Patawarin mo ako." Patatawarin mo na ba siya ngayon? Hindi, sapagkat ang sama ng loob ay hindi nagpapatawad. Upang mapatawad ang taong ito kapag humingi siya ng tawad kailangang maging handa ka bago siya humingi ng tawad. At kung handa ka nang patawarin siya bago siya humingi ng tawad, kung gayon hindi ito depende sa kanyang paghingi sa iyo ng tawad. Sa madaling salita, alisin mo ang sama ng loob, tapos! Hindi importante kung ano man ang gawin ng taong iyon.

Sa una, ang ginawang punto ay umuusbong ang sama ng loob sa kasalanan ng ibang tao—totoo man o nasa imahinasyon lang. Mukha lang. Sa katunayan, ang sama ng loob ay isang kasalanang nakapag-iisa. Nagpasiyang magkaroon ng sama ng loob ang isang tao nang hiwalay sa nagbigay ng sama ng loob sa kanya.

Ngunit sinasabi mo, "Hindi, nagkasala siya sa akin, at kapag humingi siya ng tawad ay magiging maayos na ang lahat." Hindi totoo yan.

May mga sitwasyon akong nalalaman na kung saan may humingi ng tawad ngunit masama pa rin ang loob ng tao. Ipagpalagay na nating patay na ang tao at hindi na makahihingi ng tawad. May kilala akong mga tao na sobrang sama ng loob sa kanilang mga magulang na malaon nang patay. Ngunit hindi pa namamatay ang sama ng loob nila. Ang sama ng loob ay kasalanan ng taong may sama ng loob lamang, na walang kaugnayan sa kaninuman.

Minsan nagtungo ako sa Walla Walla State Penitentiary para makihalubilo sa mga bilanggo noong araw na iyon. Pasko noon. Anim na oras akong nanatili roon. Nang bandang hapon na, nasa maximum security ako habang nangangaral ako tungkol sa ebanghelyo.

May isang lalaking nagtanong sa akin ng tungkol sa pag-abot sa mga talagang pusakal na kriminal. Sa tingin ko'y talagang interesado siya sa gayong klase ng ebanghelismo at kinausap ko siya tungkol sa bagay na ito. Pagkatapos

ay nagbigay ako ng oras sa minimum security, sa protective custody, at sa iba pang mga lugar. Sa gabi, inilagay akong muli sa maximum security at naisip kong magsalita ng tungkol sa paksang sama ng loob. Naisip kong baka may ilang tao roon na may mga sama ng loob.

Tinanong akong muli ng lalaking kumausap sa akin ng tungkol sa ebanghelismo noong hapon. Ang tanong niya, "Paano mo aalisin ang sama ng loob sa isang taong walang awang bumubugbog sa iyong tatlong taong gulang na anak na lalaki?" Kaya sinabi ko sa kanya kung paano at pagkatapos ay sinabi ko, "Alam mo, kapag inalis mo ang iyong sama ng loob matutulungan mo ang taong ito para huwag nang mambugbog ng iba pang mumunting bata."

Sinabi niya, "Hindi, hindi maaaring tulungan ang lalaking ito."

Sinabi ko naman, "Matutulungan siya, sigurado."

"Hindi, hindi."

"Bakit hindi?"

"Wala na siya."

Pinatay siya ng bilanggong ito. Pinatay niya ang lalaki dahil sa ginawa nito sa kanyang tatlong taong gulang na anak na lalaki—kaya siya'y nakabilanggo. Ngunit kahit pinatay na niya ang lalaki, *may sama pa rin siya ng loob.* Nangangahulugang ang pagpapahayag nito ay hindi nakapag-alis ng sama ng loob. Kahit ang kamatayan ay hindi nakapag-aalis nito.

Kapag may taong humingi ng tawad, hindi ito nag-aalis ng ating sama ng loob. Ang tanging bagay na nakapag-aalis nito'y ang pagpahahayag at paghingi ng tawad sa Diyos dahil sa kamatayan at pagkabuhay na muli ng Panginoong Jesu-Cristo. *Ito lamang ang tanging lunas.*

Maaaring sabihin mong ang taong kinasamaan mo ng loob ay maraming taon nang patay. Hindi mo pinatay ang tao tulad nang ginawa ng lalaki sa bilangguan. Dahil kung hindi, walang pagkakaiba; ang isang tao'y patay na at ikaw'y masama pa rin ang loob.

Kung ang taong namatay ay mananampalataya, siya'y kasama na ng Panginoon, pinatawad at malinis na. Samantalang ikaw ay masama pa rin ang loob sa isang taong nagagalak sa Langit dahil ang kanyang pangalan ay nakasulat sa aklat ng buhay ng Kordero doon sa Langit.

Ngunit kung ang taong patay na ay hindi mananampalataya, nasa ilalim siya ng hatol ng Diyos tulad ng inilarawan sa 2 Tesalonica 1:6-8,

*Gagawin ng Diyos ang nararapat; tiyak na pahihirapan niya ang mga nagpapahirap sa inyo. Kayo namang mga nagtitiis ay aaliwin niyang kasama namin pagbabalik ng Panginoong Jesus mula sa langit, kasama ang makapangyarihan niyang mga anghel. Darating siya sa gitna ng naglalagablab na apoy at parurusahan ang lahat ng hindi kumilala sa Diyos at ang hindi sumunod sa Mabuting Balita tungkol sa ating Panginoong Jesus.*

*Mga minamahal, huwag kayong maghiganti; ipaubaya ninyo iyon sa Diyos. Sapagkat nasusulat, "Akin ang paghihiganti, ako ang gaganti, sabi ng Panginoon"* (Roma 12:19).

Ang Diyos ay makatarungan at Siya ang magbabayad.

Kahit na buhay ang mga taong ito, hindi nila malulutas ang *iyong* sama ng loob, ni ikaw kahit habulin mo pa sila. Bilang patay, nalutas na iyon. Ikaw na buhay at may sama ng loob ay sinasaktan mo ang iyong sarili at ang lahat ng nasa paligid mo sa loob ng maraming taon. Ang iyong sama ng loob ay iyong kasalanan kahit ano pang isipin mong naging dahilan nito. Pahihintulutan ka ng Diyos ng kapatawaran at kagalakang iyong-iyo kapag nagsisi ka at ipinahayag mong ang sama ng loob ay isang malaki at malubhang kasalanan laban sa Diyos.

Hindi natin dapat na kimkimin ito at hindi natin dapat na ipagtapat o ibahagi ito sa iba. May iisang bagay lamang na dapat gawin at iyan ay ipahayag na ito ay malaki at malubhang kasalanan laban sa Diyos. Dapat nating tuluyang ipahayag na kasalanan ito hangga't maaari.

Minsa'y nagsalita ako sa Monterey, California, sa U.S. Naval Post-Graduate School. May isang lalaki roon na may mahalagang reputasyon bilang isang guro ng Biblia. Siya'y isang line officer sa Navy pero siya'y nilagpasan para sa isang kumando ng submarino. Hindi siya nagkaroon ng kumando ng isang submarino at sumama ang kanyang loob. Nagsalita ako ng tungkol sa pagpapahayag ng kasalanan ng sama ng loob, at talagang siya'y nasapol. Nagkita kami at inalis niya ang kanyang sama ng loob. Nang kinaumagahan, sinabi sa akin ng kanyang maybahay, "May bago na akong asawa." Sumama ang kanyang loob sa Navy. Pero iyon ay kanyang kasalanan, hindi ng Navy.

May sinulat si Amy Carmichael sa kanyang munting aklat na *If.* "Sa isang basong puno ng matamis na tubig ay hindi matatapon ang isang patak ng mapait na tubig, kahit pa bigla itong matabig."[1] Kung ito'y puno ng matamis na tubig at natabig, ano ang matatapon mula sa baso? Matamis na tubig. Kung mas malakas ang tabig, ano ang mangyayari? Mas maraming matamis na tubig. Kung ang isang tao'y puno ng matamis na tubig at siya'y tinabig, ano ang lalabas? Matamis na tubig. Hindi pinapapait ng pagtabig ang tubig na matamis. Ibang bagay ang nagpapait ng tubig.

Ang pagtabig ay nagpalabas lamang sa sisidlan ng kung ano ang nasa sisidlan na. Kung ikaw ay puspos ng katamisan at kaliwanagan, at natabig ka, ang matatapon mula sa iyo ay katamisan at kaliwanagan. Kung ikaw ay puno ng pulot, lalabas ang pulot. Kung suka ang lumabas, ano ang pinatutunayan niyan? Ipinakikita nito kung ano na ang laman ng sisidlan. Nangangahulugang ang maraming sama ng loob ay hindi batay sa ginawa ng ibang tao. Ito'y resulta ng kung ano ang ginagawa natin at kung ano tayo.

Maraming taon na ang nakalipas, may ginagawa ako noon sa aming silid-tulugan sa aking mesa. Ang aking maybahay na si Bessie ay nagbabasa sa higaan. Kung anuman ang ginagawa ko'y hindi maganda ang nangyari. May sinabi ang maybahay ko sa akin at binalingan ko siya at iyon ang napala niya. Iyon ay isang bagay na hindi dapat sinabi ng isang Cristiano. Tumingin siya sa akin sa gulat, tumayo at umalis ng kuwarto. Naiwan akong nakaupo, nag-iisip, "Hindi niya dapat sinabi iyon. Tingnan mo kung anong kanyang sinabi. Tingnan mo, tingnan mo, tingnan mo." Ginawa ko iyon ng mga sampung minuto, o mas matagal pa marahil! Masama ang loob ko kay Bessie. Ang ginawa lamang niya'y tinabig ang baso. Kung anong nasa baso, iyon ang lumabas mula sa baso.

Kung ako'y puno ng tamis at liwanag, wala sanang nagawang pagkakaiba. Nakaupo lang ako at iniisip ang tungkol sa ginawa niya. Mas alam ko na dahil natutuhan ko na ang katotohanang ito tungkol sa sama ng loob. Pero inisip ko pa rin ang tungkol sa kanyang "kasalanan" dahil kasiya-siya ang

---

[1]Amy Carmichael, *If* (Fort Washington, PA: Christian Literature Crusade, n.d.) p. 46)

mag-akusa sa ibang tao. Ginagawa ito ng ibang tao sa loob ng maraming taon.

Naupo ako roon sandali at pagkatapos ay tumayo at nagpunta sa aking panig ng higaan, lumuhod ako at sinabi ko, "Panginoon, ako lang ang may kasalanan. Ito ang aking sama ng loob at ang aking kasalanan. Ipinapahayag ko ito sa Iyo, tinatalikuran ko, at patawarin Nyo po ako."

Tumayo ako at sinabi ko, "Pero tingnan mo ang kanyang sinabi." Lumuhod ulit ako.

"Ama, pinagsisisihan ko ang aking ginawa. Tinatanggap ko ang aking pananagutan. Ito'y kasalanan ko, at ako lang ang nagkasala."

Tumayo ako at sinabi ko, "Ama, ako at Ikaw ang nakaaalam kung sino talaga ang nagkasala." Lumuhod akong muli. Nanatili akong nakaluhod nang 45 minuto hanggang sa nakatayo ako nang hindi ko na sinasabing, "Tingnan mo kung anong kanyang sinabi."

Hindi ko na naalaala ngayon kung anong sinabi niya, at hindi ko na naaalaala kung anong ginagawa ko noon sa mesa ko. Hindi ko na maalaala ang mga detalye. Ang tanging naaalaala ko ngayon ay ang pagtayo ko. Ngunit alam ko rin kung hindi ko inalis ang aking sama ng loob *maaalaala ko hanggang ngayon ang eksaktong sinabi niya*. Iyan ang likas na katangian ng sama ng loob.

Upang maalis ito, kailangan kong makita na ito'y masama, at ito'y aking kasalanan at tanging akin lamang. Hindi ito maaalis sa pamamagitan ng ibang tao na hihingi ng tawad. Hindi ko ito maaalis kung ang ibang tao ang titigil o mamamatay. Hindi ito maaalis sa ibang paraan malibang kilalanin ko itong kasalanan na laban sa banal na Diyos, ipahayag ito at tanggapin ang kapatawaran.

Ang nagpapahirap ay ang hindi ko pag-alis ng aking tingin sa kasalanan ng ibang tao. Ngunit ang katotohanan na iniisip kong ito'y kanyang problema ay nagpapakitang hindi ito kanyang problema. Kung ito'y problema niya at ako'y puspos ng tamis at liwanag at hindi masama ang loob ko, kung gayon, ako'y magkakaroon ng malasakit tungkol sa ibang tao.

Maaari kong sabihin, "Kawawa naman siya! Tingnan mo kung anong ginawa niya. Kung ako ang gumawa ng ginawa niya, sasama ang loob ko. Siguro masama talaga ang loob niya. Lapitan ko kaya siya at tulungan." Ngunit

kung hindi ganito ang aking tugon, tiyak na masama ang loob ko, at ito'y aking kasalanan, hindi kanya.

Naniniwala ako na ang kasalanang ito'y isang malaking hadlang sa pagbabago ng ating bansa. Kapag ang mga Cristiano'y nagsimulang magpahayag ng kanilang mga kasalanan, mapapatawad nila ang mga kasalanan ng iba.

## GABAY SA PAG-AARAL: Paglaya sa Sama ng Loob

*Alisin na ninyo ang lahat ng sama ng loob, galit at poot; huwag na kayong mambubulyaw, manlalait, at mananakit ng damdamin ng kapwa. Sa halip, maging mabait kayo at maawain sa isa't isa, at magpatawaran, tulad ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo. Yamang kayo'y mga anak na minamahal ng Diyos, tularan ninyo siya. Mamuhay kayong puspos ng pag-ibig tulad ni Cristo; dahil sa pag-ibig sa atin, inihandog niya ang kanyang buhay bilang mahalimuyak na hain sa Diyos* (Efeso 4:31–5:2).

### Mga Tanong para sa Pagtalakay

1. Ano ang sama ng loob?
2. Kasalanan ba ang sama ng loob? Bakit oo? Bakit hindi?
3. Ikuwento mo ang isang sitwasyon sa iyong buhay na naging dahilan ng pagkakaroon mo ng sama ng loob.
4. Ano ang batayan para magkaroon ng sama ng loob? Mahalaga ba ang laki ng pagkakasala?
   *Ang isang katangian ng sama ng loob ay naaalaala nito ang mga detalye. Sa libu-libong sitwasyon at mga pag-uusap na naganap sa ating mga buhay, may isang sariwa sa ating alaala. Natatandaan natin ang bawat detalye kabilang ang mga salitang ginamit, ang mga tono, pati ang pagtaas at pagbaba nito ng boses. Ito ay dahil sa paulit-ulit na pagbabalik-alaala.*
5. Ano ang solusyon ng mundo para mawala (maalis) ang galit?
   a.
   b.

*Ang kilalaning tayo'y may sama ng loob ang unang hakbang upang mawala ito. Kaya hindi hinaharap ng tao ang kanyang sama ng loob ay dahil sa iniisip niyang ito'y kasalanan ng iba.*

6. Ano ang hinihingi ng Diyos na gawin natin sa lahat ng ating sama ng loob (Santiago 3:14, 15)?
   *Imposibleng pagsamahin ang maging mahabagin, maunawain at masama ang loob.*

## Ang Kasunod na Hakbang: Pagtugon sa Salita ng Diyos

*Pag-isipan* mo ang isang sitwasyong nahihirapan ka dahil sa sama ng loob. Kung hindi mo pa ito naisusuko sa Ama, gawin mo na ito, at hayaan mong puspusin ka ng kagandahang loob ng Panginoong Jesus. *Humiling* ng mga praktikal na hakbang, sa tulong ng Banal na Espiritu, para malutas ang problemang ito. *Tumugon* ng may pag-ibig sa pamamagitan ng pagsunod kay Cristong kautusan ng pagpapatawad. *Sa halip maging mabait kayo at maawain sa isa't isa, at magpatawaran, tulad ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo* (Efeso 4:32).

# Pagpapatawad

## Jim Wilson

*Gayon din ang gagawin sa inyo ng aking Amang nasa langit kung hindi ninyo patatawarin ang inyong kapatid* (Mateo 18:35).

Ang Panginoong Jesus ang nagsasalita dito, at tinuturuan Niya ang Kanyang mga tagasunod ng tungkol sa pagpapatawad.

Halos lahat tayo ay nakaranas ng may isang lumapit sa atin at humingi ng tawad. Sa ibang pagkakataon naman ay tayo ang lumapit at humingi ng tawad.

May ilang pangkaraniwang tugon sa mga ganitong kahilingan, ngunit ang pangkaraniwang maririnig mo'y, "Wala 'yun." Tila napakaganda ng loob nito sa pandinig, ngunit ang totoo'y hindi. Ito'y isang paraan ng pagtangging magpatawad.

Alam na alam ng taong hinihilingan mong magpatawad sa iyo na kailangan mo ng pagpapatawad. Gayunman iniiwasan niya ang kahilingan sa pamamagitan ng pagsasabing, "Okey lang, wala namang dapat patawarin." Maaaring isipin nilang wala naman talagang problema, ngunit hindi ganito ang pangkaraniwang nangyayari.

Kung minsan sinasabi nila, "Sige, pinatatawad na kita." Sinasabi nila ito dahil kailangan nilang sabihin, ngunit hindi ito ang sinasabi ng puso nila. Ang hinihingi ng teksto (Bible verse) ay ang pagpapatawad na mula sa puso. Nangangahulugan na alam ng Diyos kung sino talaga ang tunay na nagpapatawad, at kung sino ang hindi. Sinasabi rin sa atin na tatratuhin ng Diyos ang bawat isa sa atin sa isang tiyak na paraan malibang patawarin natin ang ating mga kapatid nang mula sa puso. Hindi Niya hinihingi sa atin na sabihin ang mga tamang salita. Bagama't maaari maniwala sa iyo ang tao sa iyong harapan, hindi mo mapaniniwala ang Siyang sumasaliksik ng puso. Nalalaman ng Diyos kung pinatawad mo nang mula sa iyong puso ang iyong kapatid.

Hindi tayo makapagtatago sa Panginoon kapag tayo'y nagkakasala sa paraang ito. Bukas ang ating mga puso at hayag sa Kanya. Kung tayo'y tumatangging magpatawad, nalalaman Niya ito kung gayon. Nalalaman Niya ang ating kasalanan, at tiyak na nalalaman Niya ang mga hinihiling ng Kanyang salita tungkol sa pagpapatawad.

Kung gayon, ano ang itinuturo ng Biblia tungkol sa kung paano tayo tatratuhin ng ating Amang nasa langit?

*Lumapit noon si Pedro at nagtanong sa kanya, "Panginoon, makailan kong patatawarin ang aking kapatid na paulit-ulit na nagkakasala sa akin? Makapito po ba?"* (Mateo 18:21).

Inisip ni Pedro na siya'y nagtatanong ng isang mabuting tanong.

*Sinagot siya ni Jesus, "Hindi ko sinasabing makapito, kundi pitumpung ulit pa nito"* (Mateo 18:22).

Nang sinabi ito ni Jesus, sa palagay mo ba'y ang ibig sabihin Niya'y hanggang pitumpu't pito lamang? Kailangan ba nating magbilang? Puwede ba tayong mag-ingat ng talaan ng mga mali?

Kailanma't binilang ng isang tao kung ilang ulit na siya'y nagpatawad, walang tunay na pagpapatawad ang nangyari. Kung pinatawad mo ang iyong kapatid mula sa iyong puso sa tuwing magkakasala siya sa iyo, ang bawat pangyayari'y tila katulad lamang ng unang beses niyang pagkakasala sa iyo.

Kapag nagtuturo si Jesus ng tungkol sa mga bagay na tulad ng pagbaling ng kabilang pisngi, hindi tama ang pagsasabuhay dito ng mga tao. Sinasabi nila, "Oo, papayagan ko siyang sampalin ang kabila kong pisngi, ngunit kapag sinampal pa niya ako ng pangatlong beses, ibabalibag ko na siya!"

Ngunit nang itinuro ni Jesus ang tungkol sa pagbaling ng kabilang pisngi, itinuturo Niyang gawin natin ito nang mula sa ating puso. Ipinapalagay Niya na ang ibang tao'y nagkakasala laban sa iyo. Ipinapalagay Niya na ang ibang tao'y nagkasala ng makapitong ulit o pitumpu't pitong beses o apat na raan at siyamnapung beses. Ngunit kung ikaw ay nagbibilang, hindi ka nagpapatawad.

> *Sapagkat ang paghahari ng Diyos ay katulad nito: ipinasiya ng isang hari na pagbayarin ang kanyang mga lingkod na may utang sa kanya. Unang dinala sa kanya ang isang may utang na P10,000,000. Dahil sa siya'y walang ibayad, iniutos ng hari na ipagbili siya, ang kanyang asawa, mga anak, at lahat ng ari-arian, upang makabayad.*

*Nanikluhod ang taong ito sa harapan ng hari at nagmakaawa: 'Bigyan pa ninyo ako ng panahon, at babayaran ko sa inyo ang lahat.' Naawa sa kanya ang hari kaya ipinatawad ang kanyang mga utang at pinayaon siya.*

*Ngunit pagkaalis niya roon ay nakatagpo niya ang isa sa kanyang kapwa lingkod na may utang na P500 sa kanya. Sinunggaban niya ito at sinakal, sabay wika: 'Magbayad ka ng utang mo!' Naglumuhod iyon at nagmakaawa sa kanya: 'Bigyan mo pa ako ng panahon at babayaran kita.' Ngunit hindi siya pumayag; sa halip ipinabilanggo niya ang kanyang kapwa lingkod hanggang sa ito'y makabayad. Nang makita ng kanyang mga kapwa lingkod ang nangyari, sila'y labis na nagdamdam; pumunta sila sa hari at isinumbong ang nangyari.*

*Kaya't ipinatawag siya ng hari. 'Ikaw—napakasama mo!' sabi niya. 'Pinatawad kita sa utang mo sapagkat nagmakaawa ka sa akin. Nahabag ako sa iyo; hindi ba dapat ka ring mahabag sa kapwa mo?' At sa galit ng hari, siya'y ipinabilanggo hanggang sa mabayaran niya ang kanyang utang.*

*Gayon din ang gagawin sa inyo ng aking Amang nasa langit kung hindi ninyo patatawarin ang inyong kapatid* (Mateo 18:23-35).

Nang tayo'y lumipat na sa buhay mula sa kamatayan, tayo'y pinatawad, at ang utang na binayaran ay sobrang laki. Nang tayo'y naging mga Cristiano, tinanggap natin ng panahong iyon ang walang kondisyong pagpapatawad. Ito ay regalo at tinanggap natin ito nang walang kasamang kondisyon. Kaya, may pagkakaiba ang may kondisyong pagpapatawad at ang walang kondisyong pagpapatawad.

Nang ipinanganak tayong muli, tinanggap natin ang walang kondisyong pagpapatawad. Ito'y napakalaking pagpapatawad tulad ng malaking utang na binanggit sa talinghaga. Sinasabi ng Colosas 3:13,

*Magpaumanhinan kayo at magpatawaran kung may hinanakit kayo sa isa't isa. Pinatawad kayo ng Panginoon kaya't magpatawad din kayo.*

Paano tayo pinatawad ng Panginoon? Pinatawad tayo nang walang kondisyon, at sinasabi sa atin na magpatawad tayo *kung paano tayo pinatawad.* Dapat tayong magpatawad nang walang kondisyon. Ngunit kung minsan, pagdating sa pagpapatawad sa mga may utang sa atin, ang pagpapatawad

natin ay may kondisyon. Alalahanin natin kung paano tinatrato ng Ama sa langit ang mga tulad ng masamang alipin sa talinghaga.

*"At patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, Tulad ng aming pagpapatawad sa mga nagkakasala sa amin"* (Mateo 6:12).

Tinuturuan tayo ng Panginoon na manalangin sa ganitong paraan. Ngunit tumututol tayo. "Diyos, ayaw kong patawarin ako sa ganitong paraan. Kung pinatatawad ako katulad ng aking pagpapatawad, malaki ang problema ko."

Ang Cristianong nananalangin tulad ng itinuro ay dumadalangin para sa isang kondisyunal na pagpapatawad. Sa talatang 14 pagkatapos ng panalangin ng Panginoon ay sinabi ni Jesus, "Sapagkat kung patatawarin ninyo ang mga tao kapag sila'y nagkakasala laban sa inyo, kayo'y patatawarin din ng inyong Amang nasa langit. Ngunit kung hindi ninyo pinatatawad ang mga tao sa kanilang mga kasalanan, hindi rin kayo patatawarin ng inyong Ama sa inyong mga kasalanan." Totoo ba ito? Ang Panginoon ang nagsabi nito.

Maaaring mayroong hindi sumang-ayon, "Bakit ganun? Tumanggap tayo ng walang kondisyong pagpapatawad. Ngayon sinasabi ni Jesus na kung patatawarin ko ang mga tao kapag nagkasala sila sa akin patatawarin din ako ng aking Amang nasa langit. Ngunit kapag hindi ko pinatawad ang mga tao kapag sila'y nagkasala sa akin, hindi rin ako patatawarin ng Ama sa aking mga kasalanan. Para sa akin, tila ang pagpapatawad na ito'y may kondisyon na pagpapatawad."

Narito ang dahilan kung bakit ito'y may kondisyon. Sinabi Niya na kapag tayo'y lumipat na sa buhay mula sa kamatayan tayo'y pinatawad sa isang malaking pagkakautang. Pagkatapos tayo'y malinaw na inutusang magpatawad tulad ng pagpapatawad sa atin. Pinatawad tayo nang walang kondisyon at sinabihan tayong magpatawad nang walang kondisyon.

Kapag ang isang tao'y nagpapatawad nang walang kondisyon wala siyang hirap makakapanalangin ng ganito, "Panginoon, patawarin Mo po ako tulad ng ginawa kong pagpapatawad." Siyempre ang pagpapatawad na ito'y walang kondisyon. *Walang kontradiksiyon para sa Cristianong gumagawa ng kung anong sinabi sa kanya.* Tila may kontradiksiyon lamang kapag ang pagpapatawad ay hindi iginawad sa paraan na kung paano ito tinanggap. Ito ang problema sa aliping hindi nagpapatawad. Pinatawad siya pagkatapos nang tumalikod siya hindi siya nagpatawad tulad ng pagpatawad sa kanya.

Ito ay isang matinding pahayag, "Ganito kayo ituturing ng Aking Ama sa langit malibang patawarin mo nang mula sa puso ang iyong kapatid tulad ng pagpapatawad Ko sa inyo mula sa Aking puso." Kung hindi ako nagpapatawad, mayroon akong magandang dahilan para pagdudahan ang aking kaligtasan.

*"Kung magkasala sa iyo ang kapatid mo, puntahan mo siya at kausapin nang sarilinan. Kapag nakinig siya sa iyo, ang pagsasama ninyong magkapatid ay napapanauli mo sa dati at napapanumbalik mo siya sa Ama. Ngunit kung hindi siya makinig sa iyo, magsama ka pa ng isa o dalawang tao upang ang lahat ng pinag-usapan ninyo ay mapatunayan ng dalawa o tatlong saksi. Kung hindi siya makinig sa kanila, sabihin mo ito sa iglesya. At kung hindi pa siya makinig sa iglesya, ituring mo siyang Hentil o isang publikano. Sinasabi ko sa inyo: anumang ipagbawal ninyo sa lupa ay ipagbabawal sa langit, at anumang ipahintulot ninyo sa lupa ay ipahihintulot sa langit. Sinasabi ko pa rin sa inyo: kung ang dalawa sa inyo dito sa lupa ay magkaisa sa paghingi ng anumang bagay sa inyong panalangin, ipagkakaloob ito sa inyo ng aking Amang nasa langit. Sapagkat saanman may dalawa o tatlong nagkakatipon dahil sa akin, naroon akong kasama nila"* (Mateo 18:15-20).

Ang mga talatang ito na sinundan ng talinghagang pinag-aralan natin ay may kinalaman din sa pagpapatawad na mula sa puso. Kapag nagkasala sa iyo ang iyong kapatid, puntahan mo siya at ipakita mo sa kanya kung saan siya nagkamali nang kayong dalawa lamang. Kung pakinggan ka niya, nagtagumpay ka sa iyong kapatid.

Marahil sasabihin mo, "Hindi mangyayari 'yan. Nagawa ko na 'yan dati. Nagkasala siya sa akin at talagang nagalit ako. Pinuntahan ko siya at ipinakita ko sa kanya kung anong mga kasalanang ginawa niya sa akin, at hindi ako nagtagumpay." Ang dahilan nito'y pinuntahan mo siya nang walang pagpapatawad sa iyong puso. Ang tekstong ito'y walang kabuluhan sa maraming tao dahil hindi nila maunawaan ang paglapit sa isang tao sa ganitong paraan. "Paano mo sasabihin sa isang taong nagkasala sa iyo kung anong ginawa niya sa iyo, at umasang magtatagumpay ka? Siyempre, mangangatuwiran siya."

Bakit siya mangangatuwiran? Dahil may isang nagbibintang sa kanya. Ngunit kung may lalapit nang may pagpapatawad mula sa kanyang puso,—

ang pinakakongklusyon ng buong katuruang ito—ang magiging resulta nito'y hindi parang nagbibintang.

Magagarantiyahan ko na **hindi** siya mapagtatagumpayan kung ang nagtutuwid sa kanya ay may anumang sama ng loob, galit o mapagbintang na asal. Ang nagtutuwid ay hindi dapat na lumapit nang may ganitong uri ng kondisyon. Maaari lamang tayong lumapit sa tao kung may pagpapatawad nang nauuna mula sa ating puso. Ang pagpapatawad na ito'y hindi dapat na batay sa kanyang pagsisisi. Magagarantiyahan kong hindi siya magsisisi kung hindi siya lalapitan nang may pagpapatawad na mula sa puso. Dapat tayong lumapit nang may pag-ibig at pagpapatawad. Kung siya'y makinig, napagtagumpayan natin ang isa nating kapatid.

Ngunit kung hindi siya makikinig kahit nilapitan na siya sa ganitong paraan, dapat tayong magsama ng isa o dalawang kapatid, mga taong may pagpapatawad mula sa kanilang puso. Hindi ito ang pangkaraniwang nangyayari.

Mayroong lumalapit nang may pagbibintang, ang pinagbibintangan ay nagiging mapangatuwiran at hindi siya napagtagumpayan. Kaya isinama ang dalawang iba pang tao na may isang panig ng istorya at lumapit din sila at sinuportahan ang unang nagtutuwid. Kahit ang dalawang ito'y hindi rin nagtagumpay.

Dapat na ang bawat isa'y may pagpapatawad sa kanyang puso, nang sa gayon kapag tumangging magsisi ang nagkasala, malinaw na ito'y problema *niya*. Kung tumanggi siyang makinig, ito'y dapat nang sabihin sa kapatiran. Siyempre kailangan din na ang iglesya ay puspos ng pagpapatawad.

May mga iglesyang nag-iisip na sila'y nagpapatupad ng isang maka-Diyos na disiplina sa iglesya. Hindi gayon ang kanilang ginagawa sapagkat ang pag-uugaling ito'y kulang. Pupuntahan nila ang taong ito, ibibintang sa kanya, at tatanggihan niya. Kukuha sila ng dalawa o tatlong iba pang tao, at ibibintang sa kanya, at tatanggihan rin niya sila. Patatalsikin siya ng iglesya, ngunit walang pagpapatawad sa puso. Ngunit ang isa sa mga layunin ng pagdisiplina ng iglesya ay panumbalikin ang nagkasala.

Kung tumanggi siyang makinig, dapat siyang ituring na parang isang pagano o kung paano tinatrato ang mga maniningil ng buwis. Hindi ako naniniwalang ang ibig sabihin ni Jesus ay tulad ng aktuwal na pagtrato sa mga pagano at maniningil ng buwis. Sa palagay ko ang ibig sabihin niya'y

tulad ng dapat na pagtrato sa mga pagano at mga maniningil ng buwis. Sa Mateo 5 sinasabi ni Jesus sa atin na tratuhin ang matuwid at di matuwid tulad ng ginagawa ng Ama—pantay-pantay.

Sinabi Niya sa atin na ibigin ang ating mga kaaway. Kaya kahit na itinuturing man natin silang tulad ng mga pagano at mga maniningil ng buwis, ito'y pagtratong may pag-ibig. Nangangahulugan lamang ito na ituring silang labas sa saklaw ng pagsasamahan, ngunit taglay ang pag-ibig at pagpapatawad mula sa puso. Hindi nila gusto ang pagpapatawad na iginagawad ng maka-Diyos mula sa kanilang puso. Ang turong ito ang dahilan ng pagtatanong ni Pedro na naghatid sa isang talinghaga, "Ilang beses ko bang dapat patawarin ang aking kapatid?" "Ang pag-ibig ay...hindi...mapagtanim sa kapwa" (1 Corinto 13:4, 5). Hindi nagbibilang ng pagkakasala ang pag-ibig. Narinig na marahil ng ilan sa inyo sa usapan ng mag-asawa ang tulad nito. Maaaring sabihin ng asawang lalaki o babae, "Lagi mo na lang ginagawa ito, at hindi mo kailanman ginagawa iyan." Ano ang ibig sabihin nito? May nagbibilang ng pagkakamali. Sinasabi ng Biblia na ito'y hindi dapat gawin kahit kailan. Ang talaan ng pagkakamali ay iniingatan kapag may isang nagdadagdag ng pagkakamali. Ngunit hindi ito ginagawa ng pagpapatawad.

Ano ang ibig sabihin ni Jesus nang Kanyang sinabi, "Ang anumang ipagbawal mo sa lupa ay ipagbabawal sa langit..."? Itinutukoy nito ang mga iglesyang Cristianong puspos ng pagpapatawad na kumikilos sa pangalan ng Panginoong Jesu-Cristo. Nagsisikilos sila kung paano Niya sinabihan silang kumilos. At kapag sila'y gumawa ng isang desisyon na batay sa Kanyang salita, pinararangalan Niya ito.

Hindi Niya ito pinararangalan dahil may pormulang sinunod ang iglesya sa paraang mekanikal. Ngunit kung ito'y ginawa nang may kalakip na pagmamahal ng Panginoong Jesu-Cristo, at nagdesisyon ang katawan na binubuo ng mga mapagpatawad na mananampalataya, na disiplinahin ang isang ayaw magsisi, kinikilala ito ng Diyos sa langit.

Ginagamit ng maraming Cristiano ang talatang tungkol sa dalawa o tatlong nagkakasundo sa anumang bagay ngunit *malayo* naman sa kahulugan ng *konteksto* nito. Ang talata ay may kinalaman sa pagsasagawa ng iglesya ng disiplina at pagpapatawad sa iyong kapatid. Ito'y matatagpuan sa pagitan ng kuwentong isinalaysay ni Jesus at ng pagtatanong ni Pedro kung ilang

beses na dapat siyang magpatawad. Kaya kung ang dalawa o tatlo ay nagtipon sa Kanyang pangalan, ang Panginoong Jesu-Cristo'y kasama nila o sumasa kanila. May kinalaman ito sa mga desisyon ng pagpapatawad sa iba na nagkasala laban sa iyo.

Makikita mo ang pagkakaugnay nito at ng sama ng loob. Ang sama ng loob ay tunay na hindi pagpapatawad. Ito ay pagsasabing may ginawa sa akin ang isang tao at hindi ko siya patatawarin. Pero siyempre, hindi itinuturing ng may sama ng loob mismo na ito'y kasalanan. Ang nakikita lamang nito'y ang kasalanan ng ibang tao.

Kaya sa isang dako, ang pagpapatawad ay isinasagawa bago pa tumugon ang kabila. Kahalintulad nito ang pagpapatawad sa ating lahat ni Jesu-Cristo bago pa tayo nagsisi. Hindi ito nagiging aktibo hangga't tinanggap natin ito. Ngunit ang Diyos ay hindi nagdaramdam sa langit hanggang tayo'y magsisi. May pagpapatawad sa Kanyang puso bago pa natin gawin ang magsisi. Ganitong klase ang pagpapatawad ng Diyos, at hinihingi Niya na ganito rin ang ating pagpapatawad sa kaninumang nagkakasala sa atin. Ngunit iniisip natin ang ginawa sa **atin** o sinabi sa **atin**. Sa totoo lang, ang buong isyung ito ay walang kinalaman sa ginawa o sinabi ng ibang tao.

Kapag ang Cristiano ay may pagpapatawad mula sa kanyang puso, may malasakit siya sa taong gumawa ng kasalanan laban sa kanya. Hindi na niya iniisip ang kanyang sarili. Ngunit tayo'y katulad ni Pedro. "Sige, Panginoon, patatawarin ko siya nang pitong ulit, pero kapag walong ulit na, lagot siya!"

Ngunit ang tunay na pagpapatawad ay hindi nagbibilang. Kung ikaw ay mahilig na magbilang sa loob man o sa labas ng iyong pamilya, malamang na ikaw ay hindi mapagpatawad. At sinabi ni Jesus na ang bawat isa sa atin ay tatratuhin ng Kanyang Ama sa langit nang walang pagpapatawad malibang magpatawad tayo nang mula sa ating puso. *Patawarin ang iyong kapatid nang mula sa iyong puso.*

"E, wala akong pagpapatawad sa aking puso." Kung gayon, sino ang nangangailangan ng pagpapatawad?

Ang nangangailangan ng pagpapatawad ay yaon ding may kawalang pag-ibig, may galit, may masamang pag-uugali, may sama ng loob, atbp. Hindi ka maaaring magkaroon nito pareho. Hindi puwedeng wala kang pagpapatawad sa puso mo at may kagalakan ka sa Panginoon.

Maaaring wala kang pagpapatawad sa iyong puso at nagpupunta ka pa rin sa simbahan at umaawit. Ang lahat ng iyan ay peke! Ang pag-awit ay huwad din. Magagawa mong paawitin ang mga tao ngunit kung malilinis ang puso ng mga tao hindi mo kailangang paawitin sila. Ngunit tuloy-tuloy ang pag-awit ng mga tao mula sa isang pusong puno. Bakit? Dahil mayroon silang malilinis na puso.

May malaking pagkakaiba ang pag-awit dahil nagagalak ka sa Panginoon, at ang pag-awit upang magkaroon ng galak. May mga Cristianong nagpupunta sa simbahan tuwing Linggo at umaawit para magkaroon ng galak. Nawawala ang galak kapag tumigil sila sa pag-awit sapagkat mayroong karumihan sa kanilang mga puso.

Gusto nating isipin na tayo ang mabuting tao at ang kabila ang may problema. Maaaring hindi gayon. Ang ipalagay mo'y ikaw ang may problema ng kawalan ng pagpapatawad.

Kung ang Cristiano'y may pagpapatawad sa kanyang puso, magagalak siya kahit gaano pa kamali ang ibang tao o kahit gaano pa kalaki ang pagkakasala sa kanya ng ibang tao.

Ngunit paano mo maipakikita ang pagpapatawad sa isang tao kapag kinakailangan mong maging matigas dahil hindi ka sang-ayon sa kanyang pamumuhay? Hindi ito talagang ganito kahirap. Kung may pagpapatawad ka sa iyong puso malalaman nila ito kahit gaano ka pa katigas. Malalaman nila ito sa tono ng iyong boses. Masasabi ng mga tao kung iniibig mo sila. Masasabi ng mga tao kapag ikaw ay nagmamatigas dahil ikaw ay masama ang loob o may hinanakit at masasabi rin nila kung ito'y ginagawa mo nang may pag-ibig. Ang tanging bagay lamang na dapat mong matiyak ay ang iyong pag-uugali sa pag-uusap. Hindi mo kailangan mamroblema kung paano nila ito tatanggapin. Ang mga resulta ay sa Panginoon. Maaaring hindi nila ito tanggapin ngunit nalalaman nila ang pagkakaiba.

Paminsan-minsan, kinakailangan ko ring maging matigas sa mga tao. Minsan, 35 taon na ang nakalipas, may isang lalaking nagbalik-loob sa Panginoon ng nakaraang Marso. Cristiano na siya mula noong ikalawang taon niya sa eskuwelahan, ngunit nasa huling taon na siya ng kanyang pag-aaral nang siya ay nanumbalik sa Panginoon. Hiniling niya na makitira sa aming tahanan noong bakasyon pagkaraan ng kanyang pagtatapos. Inilipat namin ng kuwarto

ang mga bata at lumipat siya sa aming bahay. Umuwi muna siya sa kanila at bumalik. Inilipat niya ang lahat ng kanyang mga gamit ng buwan ng Hunyo. Pinatutulog ng aking maybahay ang aming mga anak at kami'y nasa salas. Kinumusta ko siya. Sinabi niya, "Hindi gaanong mabuti."

"Ito ba'y ang dati mong problema?"

"Oo," sagot niya.

"Dati mo pa ring kasintahan?"

Sinabi niyang ang dati pa rin.

Tinanong ko siya kung naaalaala pa niya kung paano siya pinatawad ng Diyos noong nakaraang Marso.

Sinabi niya, "Napakasarap ng pakiramdam. Sobrang kagalakan at kapayapaan."

Sinabi ko sa kanya, "Maaari Niya itong gawing muli. Manalangin tayo ngayon din. Maaari kang magsisi, magpahayag sa Kanya ng iyong pagkakasala at manumbalik."

"Huwag na lang," sabi niya.

"Totoo iyon," sabi ko.

"Oo, alam ko. Nakita kong nangyari ito, at alam kong gagawin Niya itong muli pero hindi pa ako handa."

Sabi ko, "Sa palagay ko'y hindi mo naiintindihan. Wala kang choice. Alam mo ang mas mabuti. Kailangan mong manumbalik ngayon."

Sabi niya, "Hindi, gagawin ko 'yan pero hindi muna ngayon."

"Kung gayon, sa palagay ko'y kailangang sabihin ko sa iglesya na ikaw ay namumuhay sa kasalanan."

"Sasabihin mo sa iglesya ang sinabi ko sa iyo nang may pagtitiwalang hindi mo sasabihin sa iba?"

"Hindi ko alam na iyon ay hindi ko dapat sabihin sa iba, at hindi ko alam kung anong sasabihin mo sa akin, at hindi ko alam na ikaw ay walang pagsisisi tulad ng sinabi mo sa akin. Sinasabi ng Diyos sa akin na dalhin ko ito sa iglesya sapagkat hindi kami dapat magkaroon ng pakikisama sa iyo. Hindi kami kakain na kasalo ka. Sinasabi sa atin ng Biblia kung anong dapat gawin sa sinumang nagtuturing sa kanyang sarili na kapatid ngunit isang mapakiapid. Hindi masyadong maka-Diyos ang iglesya, kaya marahil ay patatalsikin nila ako dahil sa pagtsitsismis. Gayunman ang Biblia ang

nagsasabi sa akin na sabihin ko sa iglesya. Sasabihin ko rin sa Officer's Christian Union at hindi sila kukurap. Kaagad ka nilang tatanggalin at hindi ito nakatutuwa."

Nagalit siya. Sinabi ko na may isa pang problema. "Sinasabi sa 1 Corinto 5 na hindi kami kakaing kasalo mo. Sadyang hindi tayo pinahihintulutang makihalubilo sa mga taong imoral na nagtuturing sa kanilang mga sarili na mananampalataya. Kung ang sinuma'y nagtuturing sa kanyang sarili na isang kapatid, at namumuhay sa ganitong paraan, maaaring hindi tayo makisalong kumain sa kanya. Pero gusto mong suwayin ko ang Diyos dahil sa hindi mo pagsisisihan ang ginawa mo. Gusto mong makisalo ako sa iyo sa pagkain at magkaroon ng pakikisama sa iyo samantalang namamalagi kang walang pagsisisi. Nailipat mo na rito ang iyong mga kagamitan, para makapagpalipas ka ng magdamag. Ngunit kung hindi maayos ang iyong kaugnayan sa Panginoon sa kinaumagahan, gusto kong wala ka na sa bahay na ito bago mag-agahan at ayaw kong makipag-usap ka sa aking maybahay o mga anak."

Galit na galit siya.

Sabi ko sa kanya, "Mahal na mahal kita. Alam mong mahal na mahal kita. Maaari kang tumira rito buong tag-araw ngunit hindi ka kakain dito ng agahan malibang nasa tamang kaugnayan ka sa Panginoon."

Alam niyang mahal ko siya at wala akong sama ng loob sa kanya. Alam niyang ang pagmamahal na iyon ay tunay. Ngunit kung ang bagay ring iyon ay sinabi nang mayroong bahid ng masamang paghihinala, naging mali sana ito.

Naging maayos na ang kaugnayan niya sa Diyos pagdating ng almusal at tumira siya sa amin buong tag-araw. Kaya ang pagpapatawad ay hindi pabagu-bago na may kalakip na disiplinang maka-Diyos. Kung mayroong disiplina, hindi nangangahulugang mayroong kakulangan ng pag-ibig.

Magkaroon ka ng panahon ng pakikipag-ugnay sa Diyos nang ikaw lamang at linisin mo ang iyong puso. Kung mayroong hindi pagpapatawad sa sinuman, patawarin siya mula sa iyong puso. Madali kang mauunawaan ng Diyos sa anumang seryosong pakikipag-usap sa Kanya. Gayon Siya kadaling magpatawad.

## GABAY SA PAG-AARAL: Pagpapatawad

*Lumapit noon si Pedro at nagtanong sa kanya, "Panginoon, makailan kong patatawarin ang aking kapatid na paulit-ulit na nagkakasala sa akin? Makapito po ba?" Sinagot siya ni Jesus, "Hindi ko sinasabing makapito, kundi pitumpung ulit pa nito"* (Mateo 18:21-22).

## Mga Tanong para sa Pagtalakay

1. Ikuwento mo ang isang sitwasyon na kung saan may taong nagkasala sa iyo at pagkatapos ay hiniling ang iyong pagpapatawad. Napatawad mo ba ang taong ito mula sa iyong puso?
2. Ikuwento mo ang isang sitwasyon na kung saan may taong nagkasala sa iyo nang paulit-ulit at pagkatapos ay hiniling ang iyong pagpapatawad. Napatawad mo ba ang taong ito mula sa iyong puso?

   *Itinanong ni Pedro kay Jesus kung sapat na ang pitong ulit na pagpatawad sa iba. Sinagot ni Jesus na 'pitumput pitong ulit' na ang ibig sabihin ay hindi tayo dapat magbilang ng ilang ulit nating patatawarin ang iba. Kung ginawa natin ito at pitong ulit sa loob ng isang araw, matutukso tayong hindi magpatawad. Dapat lagi nating patawarin ang mga nagsasabing nagsisisi sila, kahit ilang beses nila itong hilingin. Hindi natin sila dapat husgahan kung tunay silang nagsisi. "Kung magkasala ang kapatid mo, pagsabihan mo, at kung siya'y magsisi, patawarin mo"* (Lucas 17:3).
3. Ano ang itinuturo sa atin ng Talinghaga ng Mangungutang na Hindi Marunong Magpatawad tungkol sa pagpapatawad na walang kondisyon laban sa pagpapatawad na may kondisyon?
4. Sa Mateo 6:5-15 ay tinuturuan tayo ni Jesus kung paano manalangin. Ano ang isang kondisyong inilagay Niya sa ating pagpapatawad sa talatang 14 at 15?
5. Anu-ano ang mga pamantayan ni Jesus para sa pakikitungo sa mga nagkakasala sa atin? Para kanino ipinatutungkol ang mga pamantayang ito? (Mateo 18:15-20).

   *Ang pagpapatawad ay hindi dapat ibatay sa pagsisisi ng nagkasala sa iyo. Hindi siya magsisisi kung hindi siya kakausapin nang may pagpapatawad na mula sa puso.*

6. Ano ang itinuturo ni Jesus sa atin tungkol sa mga tumatangging makinig kahit na sa iglesya? Paano ito nauugnay sa hinanakit o sama ng loob? *Kapag ang isang Cristiano'y may pagpapatawad mula sa kanyang puso, may malasakit siya sa taong nagkasala sa kanya. Hindi sa sarili ang kanyang malasakit.*

## Ang Kasunod na Hakbang: Pagtugon sa Salita ng Diyos

Sinasabi ng 1 Corinto 13:4-5 na ang *"pag-ibig ay... hindi...mapagtanim sa kapwa."* Ang pag-ibig ay hindi nagbibilang ng mga pagkakamali. Kung may mga tao sa buhay mo na ang pagkakasala sa iyo ay binibilang mo, isuko mo na sa Diyos ang talaan mo ng mga pagkakasala sa iyo ng ibang tao. *Hilingin* mo sa Diyos na patawarin ka nang sa gayo'y maunawaan mo ang Kanyang habag. Pagkatapos ay *tumugon* ka sa panawagan ng Diyos na magpatawad mula sa iyong puso.

# Ang Galit ng Tao

**Heather Wilson Torosyan**

*Kaya, sinabi ni Yahweh: "Anong ikagagalit mo, Cain? Bakit ganyan ang mukha mo? Kung mabuti ang ginawa mo, dapat kang magsaya"* (Genesis 4:6, 7a).

May bumangga sa iyong kotse at ikaw'y galit. Binatilyo siya at nangangarera ng kotse. Galit ka sa kabataang ito, at sa lahat ng kabataan, at sa sistemang nagpahintulot sa iresponsableng tao na kumalat-kalat sa mga daan. At pagkatapos pa nito'y may mga Cristianong lumapit at nagsasabi sa iyong *alisin na ang lahat ng galit at poot.* Sobra na. *Madaling sabihin pero hindi nakakatulong. At isa pa, sinasabi ng Biblia na maaari kang magalit. Nagalit si Jesus nang itinaboy Niya palabas ng templo ang mga mamamalit ng pera. At saka, masama sa iyong magkimkim ng galit; mas mabuting magpakatotoo kaysa magkunwari.*

At patuloy kang magdadahilan at magmamatuwid. Tinangka mong kumbinsihin ang iyong sarili na okey lang na magalit ka. Sa palagay ko, narinig na nating lahat at ginagamit natin ang mga pagdadahilang ito. Kung napakamangmang ng iba na subuking ipakita na ang galit ay hindi ang nais ng Diyos sa atin, simple lang na idinaragdag natin Siya sa mga dahilan para tayo'y magalit.

May mga taong hindi makontrol ang galit dahil lamang sa mga mababaw na bagay: mga trabahong hindi natatapos sa opisina, mga mabibilis mang-agaw ng lugar sa paradahan ng kotse, ang pag-iiwan ng asawa ng kanyang mga medyas sa sahig, o ang maybahay na sobrang bagal. Hindi ba nakakamangha kung ano ang talagang makapagpagalit sa mga tao?

May mga ibang maaaring magalit sa mga bagay na "mas matuwid" tulad ng pandaigdig na kagutuman, aborsiyon, giyera, paglabag sa mga karapatang sibil, o pagtatangi. Laksa-laksa ang mga dahilan na maaaring magpagalit, mga dahilan na maaaring kasing indibidwal ng mga marka ng

daliri (fingerprints). Subalit anuman ang nag-uudyok ng ating galit, ang Biblia ay mayroong mga tiyak na bagay na masasabi tungkol sa galit.

Ang malimit na ginagamit na katuwiran ay ang *sinasabi ng Biblia na magalit.* At totoo namang sinasabi ito ng Biblia, "Mangagalit kayo..." (Efeso 4:26, Ang Biblia). Ngunit dito kalimitan tumitigil ang mga tao. Hindi nila pinapansin ang bahaging nagsasabing, "at huwag kayong magkasala." Malimit na magaling sumunod ang mga Cristiano sa unang bahagi ng utos ngunit napakahina nila sa pangalawang bahagi. Ang talata ay nagdaragdag ng pangalawang kondisyon sa utos na, "huwag ninyong hayaang lubugan ng araw ang inyong galit."

May iba pang mga talata na maaaring ma-interpret na pagpapahintulot ng galit. "Matuto kayong makinig, dahan-dahan sa pagsasalita at huwag agad magagalit..." Muli, nagpapahiwatig ito na kung hindi mo hahayaang kumawala ito, okey lang. Ngunit muli, ang mga sumusunod na pananalita ay nagdaragdag ng linaw sa paksa. "Sapagkat ang galit ay di nakatutulong sa tao upang maging matuwid sa paningin ng Diyos" (Santiago 1:20).

Marahil, puwedeng magalit kung

1. hindi tayo nagkakasala;
2. hindi natin makakatulugan ito;
3. ito'y galit na mula sa Diyos at hindi galit ng tao;
4. ito'y nagbubunga ng pagiging matuwid;
5. ito'y dumarating nang unti-unti lang.

Nadarama mo ba na kung matutugunan ang mga katangiang ito, ang bigat ng galit ay lubos na mababawasan?

Ang isa pang reperensya ng Biblia na ginagamit ay nang nilinis ni Jesus ang templo (Mateo 21, Juan 2). Ito'y isang kuwentong medyo delikado kung gagamitin bilang patunay, sapagkat bihi-bihira na ang ating galit ay napakamatuwid. Bagamat hindi talagang sinasabi ng mga talatang ito na si Jesus ay nagalit, makikita pa rin natin kung paanong ito'y umaakma sa mga apat o limang katangian.

Ang galit ay tila maka-Diyos sapagkat ang dahilan ng galit ay hindi makasarili. Nililinis Niya ang templo. Ang resulta nito ay pagiging matuwid. Sapagkat ito'y maka-Diyos, ito'y hindi kasalanan. Ito'y dahan-dahang dumating

kung kaya't nakapaghanda Siya ng pamalo. Kung gusto natin, ating maipapalagay na hindi nilubugan ng araw ang Kanyang galit.

Kung hindi rin lang katulad ng kay Cristo ang ating galit, maaari pa rin nating gamitin ang malimit na dahilang, *hindi mo lang naiintindihan.* Marahil hindi ko naiintindihan, ngunit tiyak na naiintindihan ni Cristo. "Ang dakilang saserdote nating ito ay nakauunawa sa ating mga kahinaan sapagkat sa lahat ng paraa'y tinukso siyang tulad natin, ngunit hindi nagkasala" (Hebreo 4:15). Karamay natin si Cristo sa lahat ng ating kahinaan, ngunit hindi ito doon nagtatapos; nagbibigay Siya ng habag at kalinga sa oras ng pangangailangan (talatang 16).

Kung mas sophisticated tayo, maaari nating sabihin sa pamamaraang psychological na mas mabuting pakawalan natin ang ating galit. Ang galit na pinipigil ay maaaring magdulot sa atin ng ulcer. Siyempre kung pakakawalan natin ang ating galit ang iba'y maaaring magkaroon ng ulcer. Hindi kailanman naiisip ng ibang tao na mayroong pangatlong puwedeng gawin, at ito ay ang ipagkatiwala sa Diyos ang ating galit. Hindi nito ibig sabihin na pagtuunan ang ating mga pagkainis sa Diyos. Nangangahulugan ito ng pag-amin sa Diyos na ikaw ay galit; na kung hindi ito magtatamo ng Kanyang katuwiran, hindi mo ito kailangan. Sa pamamagitan ng pag-aming ito, tinatanggal ang ating galit, at maaaring tuloy tayong mabuhay sa kagalakan ng ating Panginoon at walang sino mang magkakaroon ng ulcer.

Ang Kasulatan ay mayroong ilang mga ganitong pahiwatig na ang galit ay hindi masama sa iilang pagkakataon. Ngunit mas marami itong sinasabi tungkol sa kamangmangan ng galit at sa pagiging kasalanan nito.

"Ngunit ngayon, itakwil ninyo ang lahat ng ito: galit, poot, at sama ng loob. Iwasan na ninyo ang panunungayaw, at malaswang pananalita" (Colosas 3:8). "Ang pagkagalit" ay nakatala bilang isa sa mga gawa ng laman sa Galacia 5:20. *"Ang taong magagalitin ay laging napapasok sa gulo; Laging nakikipag-away dahil sa init ng ulo"* (Kawikaan 29:22). *"...ang madaling pagkagalit ay tanda ng kamangmangan"* (Kawikaan 14:29). Napakaraming sinasabi ng Kawikaan tungkol sa paksang ito.

Ipagpalagay na nating naniniwala ka na ang iyong galit ay hindi ugaling mula sa Diyos at gusto mo nang mawala ito. Paano mo sisimulan? Una, dapat mong makita kung saan nagmumula ang iyong galit:

Ang mabuting tao ay nakapagdudulot ng mabuti sapagkat tigib ng kabutihan ang kanyang puso; ang masamang tao ay nakapagdudulot ng masama, sapagkat puno ng kasamaan ang kanyang puso. Sapagkat kung ano ang bukambibig siyang laman ng dibdib (Lucas 6:45).

Nakikita natin dito na ang bunga ng ating mga buhay ay pinakikilos ng kung anong lagay ng ating puso. Kung ang ating puso ay may masamang kayamanan, ang lalabas ay kasamaan. Kung ganito ang kaso, dalawang hakbang ang dapat na gawin. Ang una ay ipinahayag ng Awit 139:23-24, "O Diyos, ako'y siyasatin, alamin ang aking isip, Subukin mo ako ngayon, kung ano ang aking nais; Kung ako ay hindi tapat, ito'y iyong nababatid, Sa buhay na walang hanggan, samahan mo at ihatid." Kailangang ipasiyasat natin sa Diyos ang ating puso. "Ngunit kung namumuhay tayo sa liwanag, kung paanong siya'y nasa liwanag, tayo'y nagkakaisa at nililinis ng dugo ni Jesus ang kanyang Anak sa lahat ng ating kasalanan. Kung ipinapahayag natin ang ating mga kasalanan, maaasahan nating ipatatawad sa atin ng Diyos ang mga ito at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasamaan sapagkat siya'y matuwid" (1 Juan 1:7, 9). Ang galit ay mawawala sa ating puso tulad ng mga namamalit ng pera sa templo.

Minsang nalinis ang ating puso dapat na punuin natin ito ng lahat ng mabubuting bagay. Ang mga bagay na totoo, marangal, matuwid, malinis, kaibig-ibig, kagalang-galang ay ilan lamang sa mga mungkahi ni Pablo sa Filipos 4:8. Maaari rin itong bigyang-kahulugan ng pagbabago ng pag-iisip (Roma 12:2).

Pawang imposible bang ideya ang pag-aalis ng lahat ng galit sa iyo? Kung sa ating mga sarili lamang ang pagpapanatili ng perpektong pagpipigil, ang bagay na ito ay imposible. Ngunit salamat sa Kanya, ito'y hindi imposible.

*Sa kanya na makapag-iingat sa inyo upang hindi kayo magkasala, at makapaghaharap sa inyo nang walang kapintasan at may malaking kagalakan sa kanyang kaluwalhatian...*(Judas 24).

*Pansinin: Sa panahong maraming sinasabi tungkol sa mababang pagtingin sa sarili, hindi naiisip ng mga tao na maaari ring mahalin ng tao ang kanyang sarili nang* ***sobra****. Karamihan sa galit natin ay hindi para proteksyunan ang ibang tao kundi labis na pagmamahal sa sarili. "Napakabuti ko, napakahalaga ko para tratuhin ako nang ganito." Kung gayon, kung*

*ang galit ay matindi, ito'y pag-uugali ng hindi Cristiano. Iniligtas tayo ni Jesus sa mga gawa ng laman na nakatala sa Galacia 5:19-21 at iniligtas tayo patungo sa bunga ng Espiritu sa Galacia 5:22-23.*

*Kung nalalaman mong ikaw ay Cristiano at mayroon kang matinding galit, dapat mo itong pagsisihan, ipahayag at talikuran ngayon. J.W.*

## GABAY SA PAG-AARAL: Ang Galit ng Tao

*Kaya, sinabi ni Yahweh: "Anong ikagagalit mo, Cain? Bakit ganyan ang mukha mo? Kung mabuti ang ginawa mo, dapat kang magsaya"* (Genesis 4:6, 7a).

## Mga Tanong para sa Pagtalakay

1. Paano malalaman ng isang tao na ikaw ay galit?
2. Ikuwento ang pinakahuling pagkakataon na talagang nagalit ka.
3. Ano ang sinasabi ng Efeso 4:26 tungkol sa galit?
   *Sapagkat ang galit ay di nakatutulong sa tao upang maging matuwid sa paningin ng Diyos* (Santiago 1:20).
4. Ano ang sinasabi ng Diyos tungkol sa kamangmangan ng galit at ng pagiging puspos nito ng kasalanan?
   Colosas 3:8
   Galacia 5:20
   Kawikaan 29:22
   Kawikaan 14:29
5. Saan nagmumula ang iyong galit?
   *Ang mabuting tao ay nakapagdudulot ng mabuti sapagkat tigib ng kabutihan ang kanyang puso; ang masamang tao ay nakapagdudulot ng masama, sapagkat puno ng kasamaan ang kanyang puso. Sapagkat kung ano ang bukambibig siyang laman ng dibdib* (Lucas 6:45).
6. Ang bunga ng ating mga buhay ay gumagawa ayon sa kalagayan ng ating mga puso. Kung ang ating puso ay may masamang kayamanan, ang dadaloy ay kasamaan. Anu-ano ang dalawang hakbang na dapat gawin upang mawala ang iyong galit?
   Unang Hakbang:
   Ikalawang Hakbang:

## Ang Kasunod na Hakbang: Pagtugon sa Salita ng Diyos

Kung handa tayong isuko sa Diyos ang ating galit at aminin ang ating mga kasalanan, nangangako ang Diyos na lilikha Siya sa atin ng isang pusong malinis. *Pag-isipan* kung paano mo hinaharap ang iyong galit. *Hilingin* sa Diyos na siyasatin ang iyong puso at mga pag-iisip, na naghahayag ng anumang makasalanang daan sa iyo. *Tumugon* sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa Diyos na Siya ang kumontrol upang *"...Sa buhay na walang hanggan, samahan mo at ihatid"* (Awit 139:24).

# Ang Silakbo ng Galit

**Jim Wilson**

*Hindi maikakaila ang mga gawa ng laman: pangangalunya, karima-rimarim na pamumuhay, kahalayan, pagsamba sa diyus-diyusan, pangkukulam, pagkapoot, pagkagalit, paninibugho, kasakiman, pagkakabaha-bahagi, pagkakampi-kampi, pagkainggit, paglalasing, walang taros na pagsasaya, at iba pang tulad nito. Binabalaan ko kayo tulad noong una: hindi tatanggapin sa kaharian ng Diyos ang gumagawa ng gayong mga bagay* (Galacia 5:19-21).

*Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, katiyagaan, kabaitan, kabutihan, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili. Walang utos laban sa ganitong mga bagay. At pinatay na ng mga nakipag-isa kay Cristo Jesus ang likas nilang pagkatao, kasama ang masasamang pita nito. Ang Espiritu ang nagbibigay-buhay sa atin kaya ito rin ang dapat maghari sa ating mga buhay* (Galacia 5:22-25).

Naging saksi ako sa ilang lubhang "nakatatakot" na silakbo ng galit: Minsan ay pinuntahan ko ang isang pastor na hindi tapat sa kanyang maybahay. Nagpunta siya sa trailer (sa ilang bansa sa kanluran, ang "trailer" ay isang sasakyang ginawang bahay) ng kanyang asawa upang bisitahin ang kanyang mga babaing anak na mga teenager. Hindi siya galit na tumugon sa akin kundi pagkatapos ay umiral kaagad ang silakbo ng galit sa kanyang maybahay at sa isang anak na babae. Nang siya'y umalis, napakamapanganib pa rin niya kaya ikinandado ko ang pinto. Nagbalik siya, malakas na binayo niya ang pinto at pagkatapos ay niyanig niya ang trailer. Pinakasalan niya ang kanyang kinakasamang babae. Nagsisi siya pagkaraan ng sampung taon.

Noong araw, maraming taon nang nakalipas, pinuntahan namin ng aking maybahay na si Bessie ang isang mag-asawang inaasahan naming

mapagkakasundo. Naroon ang "babae" ng lalaki. Nagwala ang "babae." Walang sinumang nasaktan. Binuhos niya ang kanyang galit sa kotse. Hindi siya Cristiano.

Minsan may isang lalaking sumisilakbo ang galit na nagpunta sa tindahan at ipinaalam sa akin na papatayin niya ang kanyang maybahay. Naitago namin ang kanyang maybahay hanggang sa nawala na ang kanyang matinding galit. Hindi siya Cristiano.

Ang silakbo ng galit ay gawa ng makasalanang likas. Nakikita natin ito kahit sa mga batang-bata. Tinatawag natin itong "sumpong." At habang lumalaki ang bata maaari nating sabihan ito nang painis, "Magagalit na iyan, magagalit na iyan!" Karaniwan ito'y hindi nagpapabagal ng pagsabog ng galit. May mga iba pa tayong ekspresyon na naglalarawan ng matinding galit. "Pagwawala" o "paghuhuramentado" ang tawag natin dito. (Sa Amerika, "losing it" o "going ballistic" ang ginagamit nila.) Mukhang hindi gaanong masamang pakinggan itong mga pamalit na katawagan (euphemism) para sa matinding galit. Tuloy, umiimbento pa tayo ng mga ekspresyon o katawagang naglalarawan ng napakasama at napaka-iresponsableng silakbong ito ng galit. Ang isa pang katawagang kanluranin sa taong madaling magalit ay "short fuse" o ang katumbas dito sa Pilipinas ay "maikli ang pisi." Lahat tayo'y may kilalang mga taong ganyan. Marami pa sa kanila ang nagmamalaki sa kanilang pagkamainitin ng ulo. Natutuhan na ng kanilang mga kaibigan at mga kamag-anak na maging super-ingat na kumilos o maging malawak ang pang-unawa sa kanila. Tinatakot nila ang kanilang pamilya o kaya'y binibihag sila ng kanilang galit. Maaaring sumabog ito anumang oras.

Ang kabaliktaran ng mga gawa ng makasalanang likas ay ang bunga ng Espiritu. Madaling makita na ang pagpipigil sa sarili ay kabaliktaran ng silakbo ng galit. Hindi lamang ito ang kabaliktaran. Ang taong may silakbo ng galit ay hindi mapagmahal, hindi masaya, hindi payapa, hindi mapagpasensiya, hindi mabait, hindi mabuti, hindi matapat o banayad. Tinatanggal ng silakbo ng galit ang bunga ng Espiritu. Kaya nga ito ang likas ng taong hindi ipinanganak ng Espiritu.

Kung ang isang tao'y ipinanganak ng Espiritu, ang silakbo ng galit ay hindi normal o katanggap-tanggap. Bakit ngayon may Cristianong nawawalan ng pagpipigil sa kanilang galit? Una, walang paliwanag o paglalarawan na makapagbibigay-katuwiran sa kawalan ng pagpipigil. Ang malinaw na paliwanag

ay hindi pa ligtas ang taong ito na nagkaroon ng silakbo ng galit, hindi pa siya ipinanganganak ng Espiritu, hindi pa siya Cristiano. Gayunman kung siya'y Cristiano, marami siyang naipong maliliit na kasalanan na hindi pa niya napagsisihan, hindi pa naihihingi ng tawad, at hindi pa siya napatatawad. Handa siya ngayong madala ng maliliit na tukso na may kasamang malaking silakbo ng galit. Ang pagkakaipong ito ay nilalarawan sa ganitong paraan:

*Ang lingkod mo ay iligtas sa hayag na kasalanan, At h'wag mo pong itutulot na ako ay pagharian; Mamumuhay akong ganap na wala nang kapintasan, Ako'y lubos na lalaya sa kuko ng kasalanan* (Awit 19:13).

Pansinin na ang paglalarawang ito'y isa sa mga pag-iwas nito. Ang isang Cristianong napadadala sa silakbo ng galit ay hindi nagnanais na mailayo sa mga kusang-loob na pagkakasala. Hinayaan niya ang mga ito na maghari sa kanya. Ang dulot nito'y malaking pagkakasala.

Hindi maaaring mapagpigil ang pagkakaroon ng silakbo ng galit nang walang lubos na pagpapahayag at pagsisisi sa lahat ng naganap na silakbo ng galit. Hindi dapat pagaanin ang tawag sa kasalanang ito kapag pinagsisisihan at pinahahayag ito na kasalanan. Dapat na kalakip ng pagpapahayag at pagsisisi ang mga sinadyang kasalanan na nagdala ng silakbo ng galit.

*Binuhay kayong muli, kasama ni Cristo, kaya't ang pagsumakitan ninyo ay ang mga bagay na nasa langit na kinaroroonan ni Cristo na nakaupo sa kanan ng Diyos. Isaisip ninyo ang mga bagay na panlangit, hindi ang mga bagay na panlupa, sapagkat namatay na kayo at ang tunay na buhay ninyo'y natatago sa Diyos, kasama ni Cristo. Si Cristo ang tunay na buhay ninyo, at pag siya'y nahayag, mahahayag din kayong kasama niya at makakahati sa kanyang karangalan* (Colosas 3:1-4).

Ang turong ito sa Colosas ay pangsaligan para sa pag-iwas ng silakbo ng galit, galit, at iba pang mga kasalanang "mahigpit ang kapit." Magkakabisa lamang ang mga turong ito kung ikaw ay isang Cristiano sapagkat ang Cristiano lamang ang maaaring makatupad ng mga utos:

*...pagsumakitan ninyo ang mga bagay na nasa langit...*
*Isaisip ninyo ang mga bagay na panlangit...*
*...hindi ang mga bagay na panlupa...*

Ang mga utos na ito'y batay sa mga pangungusap na nagpapahiwatig. Hindi kailangan ang aksiyon. Totoo ang lahat ng ito kung ikaw ay na kay Cristo.

*...Binuhay kayong muli, kasama ni Cristo...*

*Sapagkat namatay na kayo, at ang tunay na buhay ninyo'y natatago sa Diyos, kasama ni Cristo.*

*Pag siya'y nahayag, mahahayag din kayong kasama niya at makakahati sa kanyang karangalan.*

Kapag ang ating mga puso at mga isipan ay "nasa tamang lugar" na kasama ni Cristo, ang turong ito ay ibinigay sa atin:

*Ngunit ngayon, itakwil ninyo ang lahat ng ito: galit, poot, at sama ng loob. Iwasan na ninyo ang panunungayaw, at malaswang pananalita* (Colosas 3:8).

Gayundin, hindi ibinigay ang utos na ito sa isang hindi anak ng Diyos. Hindi ito nangangahulugan na ang mga bagay na ito'y maaaring gawin ng mga hindi mananampalataya. Ang ibig lang sabihin nito ay hindi posibleng masunod ito ng mga hindi mananampalataya. Maaari silang magpakita ng galit at silakbo ng galit, ngunit hindi nila maaalis ang galit at silakbo ng walang pagsisisi sa Diyos at pananampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo. Kailangang pagsisihan ng hindi mananampalataya ang kanyang mga kasalanan, ipahayag na si Jesu-Cristo ay Panginoon, manampalataya sa kanyang puso na namatay si Cristo para sa kanyang mga kasalanan at nabuhay na muli mula sa mga patay. Kung gayon siya'y makatatawag na sa Kanya.

*Sinabi niya sa kanila, "Ganito ang nasusulat: kinakailangang magbata ng hirap at mamatay ang Mesias at muling mabuhay sa ikatlong araw. Sa kanyang pangalan, ang pagsisisi at kapatawaran ng mga kasalanan ay dapat ipangaral sa lahat ng bansa, magmula sa Jerusalem* (Lucas 24:46, 47).

*Kung ipahahayag ng iyong mga labi na si Jesus ay Panginoon at mananalig ka nang buong puso na siya'y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka... "Maliligtas ang lahat ng tumatawag sa pangalan ng Panginoon"* (Roma 10:9, 13).

## GABAY SA PAG-AARAL: Ang Silakbo ng Galit

*Hindi maikakaila ang mga gawa ng laman: pangangalunya, karima-rimarim na pamumuhay, kahalayan, pagsamba sa diyus-diyusan, pangkukulam, pagkapoot, pagkagalit, paninibugho, kasakiman, pagkakabaha-bahagi, pagkakampi-kampi, pagka-inggit, paglalasing, walang taros na pagsasaya, at iba pang tulad nito. Binabalaan ko kayo tulad noong una: hindi tatanggapin sa kaharian ng Diyos ang gumagawa ng gayong mga bagay* (Galacia 5:19-21).

## Mga Tanong para sa Pagtalakay

1. Nakalista sa Galacia 5:19-21 ang mga bisyong humahadlang sa atin sa pagkakaroon ng isang malapit na relasyon sa Panginoon. May parirala ito na nagsasabing "ang gumagawa ng gayong mga bagay." Sinasaad nito ang normal na gawa ng laman. Kung ang "silakbo ng galit" o ang alinman sa iba pang mga kasalanan ay normal, hindi ka magmamana ng kaharian ng Diyos. Ano ang mga bisyong humahadlang sa iyo?
2. Kung tayo'y kabilang kay Cristo, ano ang ginagawa natin sa makasalanang likas? (Galacia 5:24).
   *Ang silakbo ng galit ay isang gawa ng makasalanang likas. Maaaring tawagin natin itong isang sumpong sa mga bata, at pagwawala o paghuhuramentado habang tayo'y tumatanda. Ang mga pamalit na katawagang ito'y mga paglalarawan, ngunit hindi nito binabago ang katotohanang ito'y isang makasalanang gawa. Normal na gawain ito ng mga hindi Cristiano. Ngunit ito'y hindi katanggap-tanggap o normal para sa mga Cristiano. Kung ang unang talaan (Galacia 5:19-21) ay mas naglalarawan sa iyo, nasa sa iyo kung gayon ang lahat ng katuwiran upang paniwalaan na ikaw ay* ***hindi*** *Cristiano. Mas malalim na pagliligtas ang ginagawa ni Jesu-Cristo kaysa riyan. Kung nakikita mo ang sarili mo sa parehong listahan, nararapat lamang na sa pamamagitan ng pagsisisi at pag-iwan sa mga nakasulat na gawa sa unang listahan ay mabago ang iyong kalagayan.*
3. Anong paksa o sitwasyon ang nagtutulak sa iyong magalit sa tuwing nangyayari ito?

4. Ano ang maaari nating gawin upang pigiling mabuo ang silakbo ng galit sa ating kalooban? (Awit 19:12-13)
5. Iniuutos sa atin sa Colosas 3:8 na alisin natin sa ating mga sarili ang anu-anong mga bagay?
6. Ibinibigay sa atin ng Colosas 3:9 ang "bakit" at "paano." Anu-ano ang mga ito?

   May pagkakaiba ang mga katagang nagsasabi at ang mga katagang nag-uutos. Ang mga katagang nagsasabi ay tungkol sa kung anong nangyayari. Ang mga katagang pag-uutos ay nag-uutos ng dapat gawin. Ang Galacia 5:24 ba ay nagsasabi o nag-uutos?

   *Minsang ipinako natin ang ating masasamang pagnanais, makalilikha na sa atin ang Banal na Espiritu ng mga pag-uugaling matatagpuan sa likas (katangian) ni Cristo* (Galacia 5:22-23).

## Ang Kasunod na Hakbang: Pagtugon sa Salita ng Diyos

*Pag-isipan* ang mga bahagi ng iyong buhay na humahadlang sa Banal na Espiritu upang gumawa sa buhay mo. *Tumugon* sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa Diyos na Siyang kumontrol sa iyo. *Manatili kayo sa akin at mananatili ako sa inyo. Hindi makapamumunga ang sangang hindi nananatiling nakakabit sa puno. Gayon din naman, hindi kayo makapamumunga kung hindi kayo mananatili sa akin* (Juan 15:4).

# Paano Tanggapin ang Masaktan (Taking Offense)

**Heather Wilson Torosyan**

Nalalaman natin mula sa sulat ni Santiago na kung makokontrol ng isang tao ang kanyang dila malapit na siyang maging perpekto, at kayang kontrolin ang kanyang buong katawan. Ang mahirap nito ay napakaraming taong hindi perpekto na hindi pa marunong pigilin ang dila. Kaya sa ngayon maraming tao ang nasasaktan kaliwa't kanan dahil sa mga sinasabi ng ibang tao.

Hindi lamang ang dila ang nakasasakit, kundi pati ang mga kilos (o mga gawa). Kaya hindi lamang dapat pigilin ng lahat ng ating mga kaibigan at mga kakilala ang kanilang dila, kundi nararapat ding gamitin ang pamamaraang ito sa pagkontrol sa kanilang mga katawan.

Sa ilang mga kadahilanan, iniaatang natin ang lahat ng sisi sa taong nakasakit sa halip na sa taong nasaktan. Wala akong intensyong palagpasin ang dilang hindi pinigil. Ang dila'y dapat na kontrolin. Ngunit hangga't hindi ito napipigil, may *karapatan* ba akong masaktan? Dapat bang manatili akong bukas na masaktan hanggang sa ang lahat ay maging perpekto na? Para sa akin tila hindi madali ang anuman sa dalawang paraan para makamit ang parehong resulta.

Gusto nating maging mabuti sa atin ang mga tao sa lahat ng oras upang hindi magkaroon kailanman ng pagkakataong masaktan tayo. Malinaw na ito'y hindi maaaring mangyari, kaya ang iminumungkahi ko'y paghandaang maging matibay na ang nasasaktan.*

---

*Hindi ibig sabihin ng "maging matibay" ay "magtayo ng pader" o kaya'y magkaroon ng pamamaraan ng depensa para hindi masaktan. Hindi ito magiging mabisang paraan. Nagiging matigas ang tao at wala nang pakiramdam. Ang ibig sabihin ng "maging matibay" ay ang pagsunod kay Jesus bilang halimbawa tulad ng sinasabi ng 1 Pedro 2:21. Nanatiling bukas (vulnerable) sa anuman si Jesus. Para maiwasang masaktan, ang pinakamabuting paraan ay sundin si Jesus— manatiling bukas/handa sa anuman. Sa gayon, nananatiling malambot pa rin siya. Hindi siya nagiging matigas. Kaya ang pinakamabuting paraan para maging matibay ay ang manatiling bukas at tanggapin ang masaktan. Hindi gaanong masakit ito.

Ang isang paraang iminumungkahi ko para gawin ito ay sa pamamagitan ng pagsiyasat sa halimbawang ipinakita ni Cristo.

*Hinamak siya ng mga tao at itinakwil. Nagdanas siya ng sakit at hirap. Wala man lang nagtapon ng sulyap sa kanya. Hindi natin siya pinansin, para siyang walang kabuluhan...Siya ay binugbog at pinahirapan, Ngunit di tumutol kahit kamunti man...* (Isaias 53:3, 7).

Ang sinuman sa atin na nasa gayong kalagayan ay mag-iisip na mayroon tayong karapatan para masaktan. *Kung mangyari man ito, tingnan lang natin kung 1) kakausapin ko pa silang muli, 2) magiging mabait pa akong muli sa kanila, 3) patatawarin sila, o 4) magiging handa akong mamatay para sa kanila.* Kung ganito ang naging reaksyon ng Panginoon hindi sana Siya inabot ng kamatayan doon sa krus. Ipagpalagay na nating naiibang sitwasyon ito. Nasa Kanya ang lahat ng kapangyarihan ng Diyos para gamitin ito. Perpekto Siya. Tayo'y hindi.

*Magpakababa kayo tulad ni Cristo Jesus: kahit siya ay Diyos, hindi siya nagpumilit na manatiling kapantay ng Diyos. Sa halip ay kusa niyang binitawan ang karapatan niyang ito, at namuhay na isang alipin. Ipinanganak siyang tulad ng isang karaniwang tao, siya'y nagpakababa at naging masunurin hanggang kamatayan. Oo, hanggang kamatayan sa krus* (Filipos 2:5-8).

Bilang pagbubuod, dapat tayong magkaroon ng kaisipan ni Cristo sa apat na aspetong ito.

1. Huwag mong panghawakan ang iyong pagkatao o ang iyong mga karapatan.
2. Alisin mo ang masyadong pagpapahalaga sa sarili.
3. Maging isang lingkod.
4. Maging mapagpakumbaba.

Kung ganito ang ating pag-uugali, mapapasan natin ang lahat ng uri ng krus nang dahil sa kagalakang naghihintay sa kabilang panig nang hindi iniisip ang kahihiyang kalakip nito (Hebreo 12:2).

Karaniwan, ang mga taong pinakamalapit sa atin ang higit na nagdudulot sa atin ng sakit o nakasasakit sa atin. Ang isang hindi natin kilala ay higit na kulang ang kakayahang saktan tayo kaysa sa asawa, kaibigan o kapatid. Kapag sinaktan tayo ng isang taong malapit sa atin, sinasabi natin sa ating sarili, "Kung *talagang* mahal niya ako, hindi niya sasabihin 'yon."

Ngunit kung susuriin ang pananalitang ito, nahahayag kung sino ang tunay nating iniisip. Iniisip ba natin ang kakulangan ng pagmamahal sa taong pinag-iisipan natin ng ganito at kung paano siya matutulungan? Hindi, sa halip ang iniisip natin ay kung paanong ang kakulangan ng pag-ibig sa taong iyon ay nakakaapekto sa atin. Ang ibig sabihin, tayo'y mapagmataas—iniisip natin ang ating sarili at kung paanong ang lahat ng aksiyon ng iba'y nauugnay sa sarili.

Ang napakapaboritong talata tungkol sa pag-ibig ay 1 Corinto 13. Inilarawan nito ang pag-ibig bilang "...hindi makasarili, hindi magagalitin o mapagtanim sa kapwa."

Kapag tayo'y nasasaktan, ito'y dahil sa walang nakahandang pagpapatawad sa ating mga puso. Ang likas ng pagpapatawad ay *hindi nag-iingat ng talaan ng mga pagkakamali.* Sa Efeso 4:32, isang alam na alam ngunit bihirang isinapamumuhay na talata, ay sinasabi sa atin ni Apostol Pablo, "...maging mabait kayo at maawain sa isa't isa, at magpatawaran, tulad ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo." *Dapat* tayong magpatawad tulad ng pagpapatawad sa atin. Alalahanin ang makapitumpung pito. Wala itong hangganan, at tiyak na wala sa kakayanang magpatawad ng Panginoon.

Kung pag-iisipan na para sa bawat tukso'y may inilalaan ang Panginoon ng lakas upang mapagtagumpayan ito, walang dahilan kung bakit ang sinuman sa ati'y dapat masaktan pang muli. Ito'y tila mahirap gawin, at sasabihin ng marami na ito'y imposible. Ngunit naniniwala ako na kung ang Panginoon ay nangako ng lakas para magtagumpay, sa bawat pagkakataon ay naroroon ito.

## Gabay sa Pag-aaral: Paano Tanggapin ang Masaktan

*Hinamak siya ng mga tao at itinakwil. Nagdanas siya ng sakit at hirap. Wala man lang nagtapon ng sulyap sa kanya. Hindi natin siya pinansin, para siyang walang kabuluhan...Siya ay binugbog at pinahirapan, Ngunit di tumutol kahit kamunti man...* (Isaias 53:3, 7).

## Mga Tanong para sa Pagtalakay

1. Ikuwento ang isang pangyayari sa buhay mo na ikaw ay inakusahan at pinarusahan para sa isang bagay na hindi mo ginawa.
2. Sumama ba ang loob mo o naging mas mabuti ka dahil sa karanasang ito?
3. Paano maaaring maging katulad ng kaisipan ni Cristo ang kaisipan mo kapag may isang taong gumawa ng pagkakasala sa iyo? (Filipos 2:5-8)
4. Ilista ang mga katangian ng pag-ibig. (1 Corinto 13:4-5)
   *Kapag tayo'y nasasaktan, ito'y dahil sa walang nakahandang pagpapatawad sa ating mga puso.*
5. Paanong pakikitungo ang hinihiling sa atin sa mga nakasakit sa atin? (Roma 12:17-21)

## Ang Kasunod na Hakbang: Pagtugon sa Salita ng Diyos

*Pagbulayan* ang mga turo ng Diyos sa 1 Corinto 13:4-5.

*Ang pag-ibig ay matiyaga at magandang-loob, hindi nananaghili, nagmamapuri o nagmamataas, hindi magaspang ang pag-uugali, hindi makasarili, hindi magagalitin, o mapagtanim sa kapwa.*

Kung tutularan natin si Cristo, dapat nating hilingin sa Diyos na puspusin tayo ng Kanyang kalakasan at kagandahang-loob na tutulong sa ating magpatawad nang mula sa puso. *Tumugon* sa mga nakasakit sa iyo nang may gayunding kahabagan at pagpapatawad na ibinibigay sa iyo ng Diyos.

# Ang Pagkontrol sa Dila

**Chris Vlachos**

Minsan may isang napakalakas na bagyo sa estado ng New York na naging dahilan upang isang pag-uusap sa telepono ay masagap sa radio wave na nanggagaling sa isang estasyon ng radyo. Narinig sa radyo ang pag-uusap ng dalawang walang kamalay-malay! Naging coast-to-coast na programa siya!

May mga pagkakataon na ang bawat isa sa atin ay nagkasala ng pagtsitsismis. Sa totoo lang, ang tsismis na kumakalat sa ating mga iglesya ay sapat nang dahilan upang umiyak ang anghel na nagtatala ng lahat ng ating mga sinasabi. Ito'y isang makasalanang gawi na seryosong bagay para sa Diyos at gusto Niyang itigil natin ito.

Nagsalita si Pablo tungkol sa pagtsitsismis sa 1 Timoteo 3:11, "Kailangang ang kanilang mga asawa ay matitino, hindi mapanirang-puri kundi mabait, at tapat sa lahat ng bagay." Dahil maaaring isipin nating ang mga lalaki ay hindi tinatablan ng sakit na ito, sila man ay tinukoy rin ni Pablo sa kanyang pangalawang sulat kay Timoteo. Sinabi niyang sa mga huling araw ang mga tao'y magiging "malupit sila, walang habag, mapanirang-puri, mapusok, marahas, at mamumuhi sa mabuti" (2 Timoteo 3:3).

Ang salitang Griyego na ginamit ni Pablo sa dalawang pagkakataong ito'y ang pamilyar na salitang *diabolos*, kung saan kinuha natin ang salitang diyablo. Hindi na kailangang kunsultahin natin ang ating kalendaryo ng mga santo para malaman natin kung sino ang santong patron ng mga tsismosa. Ang tsismosa ay walang iba kundi ang "kartero ng diyablo."

Ang salitang *diabolos* ay ang salitang kung minsan ay isinasalin din bilang "mapanirang-puri." Ang pagtsitsismis ay paninirang-puri. Sa mga talatang sinipi mula sa 2 Timoteo, inilagay ni Pablo ang pagtsitsismis sa kalagitnaan ng isang talaan ng mga paulit-ulit na masamang gawain. Malinaw na sinasabi nito ang seryosong katangian ng pagtsitsismis.

Sa kasamaang palad, mahirap nating mahalata ang pagtsitsismis o paninirang-puri sa ating mga sarili. Paano natin malalaman kung tayo'y mga

tsismosa o mapanirang-puri? May apat na bagay na dapat nating itanong sa ating mga sarili kapag tayo'y natutuksong magbahagi ng impormasyon tungkol sa iba. Ang sagot sa mga tanong na ito'y magpapahiwatig kung tayo nga'y nagtsitsismis o naninirang-puri.

### 1. Bakit ko ito sinasabi?

Ako ba'y talagang handang tumulong sa taong tinutukoy ko, o gusto ko bang saktan siya? Malimit na sa balatkayo ng pagbabahagi ng prayer request ay tsismis o paninirang-puri. Malimit na kinakatuwiran natin ang ating mga pagtsitsismis kahit na ang tunay na layunin natin ay siraan ang ibang tao para mas mabuti tayong tingnan. Mag-ingat kung paano mo sagutin ang unang tanong na ito. Kapag nahuli mo ang iyong sarili na nagtatangkang bigyang katuwiran o idahilan ang isang negatibong bagay na sasabihin mo sana tungkol sa isang tao, marahil ikaw ay malapit na sa paninirang-puri.

### 2. Maaari kayang may ibang panig ang kuwento?

Ang paliwanag ni Webster tungkol sa pagtsitsismis ay "pagkakalat ng sabi-sabi o bali-balita." Ang sabi-sabi o bali-balita ay isang walang katibayan o walang katotohanang kuwento. Kung ang kuwento natin ay walang katibayan, tayo ay nagtsitsismis. Sinasabing hindi ang mga taong nagsasabi ng lahat ng kanilang nalalaman ang nagiging dahilan ng problema sa iglesya, kundi yaong mga taong nagsasalita nang higit pa sa kanilang nalalaman.

### 3. Komportable ko bang masasabi ito kay Jesus?

Paano Niya tayo sasagutin pagkatapos na masabi natin sa Kanya ang ilang negatibong impormasyon tungkol sa iba? Maaaring sumagot Siya sa pamamagitan ng pagtatanong sa atin kung anong halaga mayroon ang impormasyon sa ating pagsunod sa Kanya (Juan 21:22). Kung hindi ka magiging komportable sa pagbabahagi ng "sabi-sabi" (kuwento-kuwento) sa Panginoon, kung gayon hindi marahil nababagay na ibahagi sa iba ang impormasyon.

**4. Pinatitibay ko ba ang taong kinakausap ko sa pamamagitan ng pagbabahagi nito?**

Sinabi minsan ni Charles Spurgeon na "ang tsismis ay naglalabas ng tatlong klaseng lason: sinasaktan nito ang nagsasabi, ang nakikinig at ang taong itsinitsismis." Dapat tayong maging napakaingat na sundin ang paalaala ni Apostol Pablo, "Huwag kayong gumamit ng masamang pananalita; sikaping lagi na ang pangungusap ninyo'y yaong makabubuti at angkop sa pagkakataon upang pakinabangan ng makaririnig" (Efeso 4:29).

Ang mga sagot sa apat na tanong ay tutulong sa atin para malaman natin kung tayo ay nagtsitsismis o naninirang-puri. Kung pagkatapos mong itanong ang apat na ito sa iyong sarili ay hindi ka pa rin nakasisiguro na ang ibabahagi mo ay tsismis, huwag mo na itong sabihin. Talaga bang kailangan mong gawin iyon?

Isang panghuling kaisipan. Paano ba natin mapipigil ang makasalanang ugaling ito ng pagtsitsismis na hindi lamang nagiging salot sa ating mga buhay kundi lumulupig at winawasak ang ating mga iglesya? Dalawa ang panglunas sa tsismis. Una, huwag itong ikalat. Ang tsismis ay isang bagay na pumapasok sa isang tainga at lumalabas sa bibig. Pigilin ang iyong dila! Kung hindi mo magagawang magsalita nang maganda tungkol sa isang tao, huwag ka nang magsalita. Pangalawa, huwag kang makikinig sa tsismis! Walang mga dilang mapagtsismis malibang may mga taingang mapagtsismis. Huwag mong hikayatin ang mga nagtsitsismis. Huwag kang madaling maniwala sa sinasabi. Ibaling ang usapan tungkol sa mga magagandang katangian ng tao. Walang mas mabilis na magpapatigil ng tsismis malibang gawin ito.

Sinasabing ang tsismis ay walang mga paa o mga pakpak kundi ito'y binubuo lamang ng mga buntot ("tale" sa Inggles). Nakalulungkot, karamihan sa mga sabi-sabing ito'y tumutusok at may nakalalasong epekto sa pagbabagong-sigla ng isang buhay o ng isang iglesya. Bagamat tayo'y inaabala paminsan-minsan ng mga putakti sa santuwaryo, nawa'y ang maladiyablong pesteng ito na tsismis ay lubusan nang mawala sa mga iglesya natin.

*Sa wakas, mga kapatid, dapat maging laman ng inyong isip ang mga bagay na karapat-dapat at kapuri-puri: mga bagay na totoo, marangal, matuwid, malinis, kaibig-ibig, at kagalang-galang* (Filipos 4:8).

## GABAY SA PAG-AARAL: Ang Pagkontrol sa Dila

*Tandaan mo ito: mababatbat ng kahirapan ang mga huling araw. Ang mga tao'y magiging makasarili, gahaman sa salapi, palalo, mayabang, mapang-alipusta, suwail sa magulang, walang utang na loob at lapastangan sa Diyos. Bukod dito, magiging malupit sila, walang habag, mapanirang-puri, mapusok, marahas, at mamumuhi sa mabuti. Hindi lamang iyan, sila'y magiging taksil, walang taros, palalo, at mahilig sa kalayawan sa halip na sa mga bagay na ukol sa Diyos* (2 Timoteo 3:1-4).

### Mga Tanong para sa Pagtalakay

1. Anong sinasabi ng Efeso 4:29 tungkol sa pagtsitsismis?
2. May sinasabi si Pablo tungkol sa *malisyosong pagtsitsismis* sa 1 Timoteo 3:11 at 2 Timoteo 3:3. Ano ang kahulugan ng bawat salitang ito?
   Malisyoso:
   Tsismis:
3. Sino ang santong patron ng mga tsismosa at tsismoso?
4. Isulat ang apat na katanungang dapat nating itanong sa ating mga sarili kapag tayo'y natutuksong magbahagi ng impormasyon tungkol sa ibang tao.

   *Ang tsismis ay paninirang-puri. Walang tsismis na hindi mapanganib o hindi nakasasakit. Ang tsismis ay walang mga paa o pakpak kundi binubuong lahat ng sabi-sabi o kuwento-kuwento na may tusok na nakalalason.*
5. Ano ang panlunas ni Pablo sa tsismis at iba pang mga anyo ng malisya? (Efeso 4: 31-32).

## Ang Kasunod na Hakbang: Pagtugon sa Salita ng Diyos

Hinihiling ng Diyos na maglaan tayo ng oras para makipagtagpo sa Kanya bawat araw. *Hilingin* sa Kanyang baguhin ang iyong pag-iisip, panariwain ang iyong espiritu at bigyan ka Niya ng lakas na kailangan mo upang magkaroon ng kaisipang tulad ng kay Cristo. Pagkatapos ay *tumugon* sa pamamagitan ng pagpapahintulot na gabayan ka ng pag-ibig ng Diyos kung anong iyong sasabihin at kung paano ka mag-iisip. *Nawa'y itong salita ko at ang aking kaisipan, sa iyo ay makalugod, Panginoon ko't kanlungan, O ikaw na kublihan kong ang dulot ay kaligtasan!* (Awit 19:14).

# Pag-iisip sa Nakaraan

**Jim Wilson**

Ang pag-iisip sa nakaraan ay ang pagbubulay sa mga nakaraang gawa at emosyon ng isang tao. Ang pagbubulay na ito ay nagdadala ng mga bagay na ito sa ating atensyon at pinagtutuunan natin ang mga ito at sinusuri natin ang ating mga sarili ayon sa liwanag ng ating aandap-andap na kandila ng pagbubulay. Sapagkat ang ating nakaraan, matagal nang nakalipas o kamakailan lamang, ay itinuturing ng marami na dahilan o paliwanag ng ating mga kasalukuyang gawa at emosyon, ang pagbabalik sa nakaraan ay malimit na ipinapayo. Kahit na hindi man ito ipinapayo ng iba, ito'y karaniwang ginagawa ng maraming Cristiano.

Ang pagbabalik sa nakaraan ay hindi tulad ng paglakad sa liwanag ng araw sa panahon ng tag-araw. Sa halip ito'y tila pagtungong pababa sa mga baitang ng madilim na kulungan sa ilalim ng lupa na may hawak kang aandap-andap na kandila. Mayroon kang munting liwanag na naghahagis ng mahahabang anino at malabong nagpapakita ng mga kalansay, mga bahay ng gagamba at mga nakakakilabot na mga nagsisigapang na bagay.

Ang mga kalansay na ito'y mga bagay sa ating nakaraan na ginawa sa atin o ginawa natin at ikinahihiya natin. Kabilang din dito ang ating mga imahinasyon. Ang isang taong sugapa sa pagbabalik sa nakaraan ay patuloy sa pagbulusok sa mga walang buhay, tila puntod na kulungang ito, o kaya'y sa pagsusuring paulit-ulit sa mga dating kalansay. Ang kandilang dala ay hindi ganun kaliwanag at walang kalutasan sa pangit at nakapanghihilakbot na nakaraan. Ang pagkabighani sa paksang ito'y hindi kailanman pagmumulan ng kagalakan. Maaari itong magdulot ng labis na kalungkutan sa mga taong malungkutin at perpeksyonista.

## Ang Pagpapatunay ng Hukom

Sinasabi ng pagbabalik sa nakaraan ang mga bagay na tulad nito: "Napakapangit!" "Napakasama!" "Hindi na ako tatanggapin ng Panginoon ngayon." "Kung ako ang Diyos, hindi ko mapatatawad ang aking sarili."

Ang pagbabalik sa nakaraan ay nagpapababa, hindi nagpapataas. Ito'y nagbibintang, hindi nagpapasiya.

Sa isang korte ng batas may pagkakaiba ang nagpaparatang at ang humahatol. Ang nagpaparatang ay ang umuusig na abugado at ang humahatol ay hukom. Ang umuusig na abugado ay naghahangad na patunayan ang pagkakasala, at ang hukom ang nagpapasiya kung napatunayan nga ang pagkakasala. Minsang nakapagpasiya na ang hukom, tapos na ang paglilitis. Gayunman, ang nagpaparatang o umuusig na abugado ay patuloy na magsasabing nagkasala ang tao kahit na ang sinasabi ng hukom ay walang sala.

Sa Biblia, ang mang-uusig ay si Satanas. Ang Banal na Espiritu ang hukom na nagpapasiya.

## Ang Perpektong Liwanag

Ang alternatibo sa pagbabalik sa nakaraan na may kasamang hindi magagandang resulta ay makikita sa 1 Juan 1:5-10. Sinasabi ng mga talatang 5 at 7: "Ito ang aming narinig sa kanyang Anak, at ipinahahayag namin sa inyo: ang Diyos ay ilaw, at walang anumang kadiliman sa kanya... Ngunit kung namumuhay tayo sa liwanag, kung paanong siya'y nasa liwanag, tayo'y nagkakaisa at nililinis ng dugo ni Jesus na kanyang Anak sa lahat ng ating kasalanan."

Ang ilaw na ito ang pinagmumulan ng lahat ng liwanag. Hindi ito isang kandilang aandap-andap sa dilim. Wala itong mga anino. Sinabi ito ni Santiago sa ganitong paraan sa 1:17: "Bawat kaloob na mabuti at ganap ay buhat sa langit, mula sa Ama na lumikha ng mga tanglaw sa langit. Hindi siya nagbabago. Hindi niya tayo iniiwan o binabayaan man sa dilim."

Sinabing ang liwanag na ito ay kumpleto, kung tayo'y lalakad dito, walang anumang natatago. Ang kasalanan ay ipinakikita sa humahatol na kapangyarihan bilang kasalungat ng nagpaparatang o nagbibintang na kapangyarihan. Ang kasalanan ay kaagad na pinatatawad sapagkat ang dugo ni Jesus ay patuloy

sa paglilinis. Walang hadlang ang pagsasamahan ng kapatiran sapagkat tayo'y nasa liwanag at patuloy na nililinis. Ang pagsunod ay isang natural na resulta ng paghatol at paglilinis.

May isang kahanga-hangang halimbawa ng uring ito ng paghatol-paglilinis-pagsasamahan-pagsunod sa Isaias 6:1-8:

> *Nang taong mamatay si Haring Uzias, nakita ko si Yahweh. Nakaupo siya sa isang napakataas na luklukan. Ang laylayan ng kanyang damit ay nakalatag sa buong Templo. May mga serapin sa kanyang ulunan, at bawat isa'y may anim na pakpak. Dalawa ang nakatakip sa mukha, dalawa sa buong katawan, at dalawa ang ginagamit sa paglipad. Wala silang tigil nang kasasabi sa isa't isa ng ganito:*
>
> *"Banal, banal, banal si Yahweh na Makapangyarihan; Ang kanyang kaningninga'y laganap sa sanlibutan." Sa lakas ng kanilang tinig ay nayanig ang pundasyon ng Templo at ang loob nito'y napuno ng usok.*
>
> *Sinabi ko, "Kawawa ako. Marumi ang aking labi at naninirahan sa piling ng mga taong marurumi rin ang labi. Mapapahamak ako pagkat ako'y isang makasalanang nakakita kay Yahweh, ang Makapangyarihang Hari."*
>
> *Pagkatapos, may isang seraping sumipit ng baga sa dambana, at lumipad na patungo sa akin. Ang baga ay idiniit sa aking mga labi, at sinabi: "Wala ka nang sala. Napawi na ang mga kasalanan mo."*
>
> *Narinig ko ang tinig ni Yahweh, "Sino ang aking ipadadala? Sino ang aming susuguin?" Sumagot ako, "Narito po ako. Ako ang isugo n'yo."*

Hindi ang pagbabalik sa nakaraan ang nagbunsod kay Isaias para magkaroon ng kamalayan sa kanyang kasalanan, kundi ang kanyang pagiging nasa presensya ng Diyos. Siya ay nasa liwanag. Hindi siya maaaring manatiling tahimik tungkol sa kanyang kasalanan; hindi siya maaaring magtago. Sa dagling pagpapahayag at pag-amin niya ng kanyang kasalanan, siya'y pinatawad. Sa dagling pagpapatawad sa kanya, siya'y handang sumunod.

Masasabi mo marahil na hindi ganoon kabilis ka pinatawad. Maaaring gayon ang naramdaman mo dahil sa tagapagbintang sa halip ng dahil sa tagahatol-tagapaglinis. Ayaw ng tagapagbintang na mapatawad ang sinuman.

## Paglalakad sa Liwanag

Kapag napansin mong nahihilig kang bumalik sa nakaraan, tanggihan mong gawin ito. Sa halip ay lumapit ka sa liwanag. Paano? Gawin mong dalangin ang panalanging matatagpuan sa Awit 139:23-24: "O Diyos, ako'y siyasatin, alamin ang aking isip, Subukin mo ako ngayon, kung ano ang aking nais; Kung ako ay hindi tapat, ito'y iyong nababatid, Sa buhay na walang hanggan, samahan mo at ihatid."

Tumingin ka sa itaas, huwag sa loob. Hindi mo kailangang maghanap ng kasalanan. Mas mabilis kang makakikita ng kasalanan, lubusan at may kalakip na kalutasan kung lalapit ka sa Diyos at natapos na gawa ni Jesu-Cristo.

Ang kasalanang pinatawad ay hindi tulad ng kasalanang pinipigil. Ang pagbabalik sa nakaraan ay nagsisikap na alalahanin ang detalye ng mga kasalanang ginawa sa nakaraan at may hilig na mabalisa tungkol sa hinaharap. Ang sabi ni Pablo, "Ang ginagawa ko ngayo'y nililimot ang nakaraan at sinisikap na makamtan ang nasa hinaharap. Nagpapatuloy nga ako tungo sa hangganan upang kamtan ang gantimpala ng pagkatawag sa akin ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo Jesus, ang buhay na hahantong sa langit." Sinabi ni Jesus, "Kaya huwag ninyong ikabahala ang para sa araw ng bukas; saka na ninyo harapin kapag ito'y dumating. Sapat na sa bawat araw ang kanyang mga suliranin." Ang paglimot sa nakaraan ay hindi isang pagpigil sa kasalanan kung ang nakaraan ay napatawad na.

Ang paglakad sa liwanag ay gawaing pangkasalukuyan. Hindi ito nananahan sa nakaraan o sa hinaharap. Ito'y nakikinig sa tagahatol hindi sa tagapagbintang. Ito'y tumatanggap ng paglilinis at tumutugong may kasamang pagsunod.

## GABAY SA PAG-AARAL: Pag-iisip sa Nakaraan

*"O Diyos, ako'y siyasatin, alamin ang aking isip, Subukin mo ako ngayon, kung ano ang aking nais; Kung ako ay hindi tapat, ito'y iyong nababatid, Sa buhay na walang hanggan, samahan mo at ihatid"* (Awit 139:23-24).

## Mga Tanong para sa Pagtalakay

1. Ano ang pag-iisip sa nakaraan?
2. Isulat ang mga panganib ng pag-iisip sa nakaraan.
   *Ang pagkabighani sa paksang ito'y hindi kailanman pagmumulan ng kagalakan. Ito'y isang dahilan ng labis na kalungkutan.*
3. Ano ang mapagpipilian sa pag-iisip sa nakaraan? (1 Juan 1:5-10 at Santiago 1:17)
   *Ito ang aming narinig sa kanyang Anak, at ipinahahayag namin sa inyo: ang Diyos ay ilaw, at walang anumang kadiliman sa kanya* (1 Juan 1:5).
4. Paano naiiba ang liwanag na inilalaan ng Diyos kaysa liwanag na inilaan ng pag-iisip sa nakaraan?
5. Paano hinaharap ni David ang kasalanan sa kanyang buhay? (Awit 139:23-24)

## Ang Kasunod na Hakbang: Pagtugon sa Salita ng Diyos

*Pag-isipan* kung paano mo hinarap ang mga nakaraang pangyayari na ginawa sa iyo o nagawa mo at ikinahihiya mo. Ibigay mo sa Panginoon ang mga kalansay na ito ng kasalanan. *Humingi* ng tawad dahil nalalaman mong ang pagpapatawad ay kaagad at kumpleto sapagkat ang dugo ni Jesus ay patuloy na naglilinis. *Tumugon* sa pamamagitan ng paglakad sa Liwanag na nagpapahintulot na ikaw ay maging lahat ng nais ni Cristo para sa iyo. *Mga kapatid, hindi ko ipinalalagay na natupad ko na ang mga bagay na ito. Ang ginagawa ko ngayo'y nililimot ang nakaraan at sinisikap na makamtan ang nasa hinaharap. Nagpapatuloy nga ako tungo sa hangganan upang kamtan ang gantimpala ng pagkatawag sa akin ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo Jesus, ang buhay na hahantong sa langit* (Filipos 3:13-14).

# Ang mga Relasyon sa mga Magulang

**Jim Wilson**

Sa maraming seminar na malimit kong ibinibigay, may dalawang nakatatanggap ng pinakakasiya-siyang pagbabago at pinakamagandang resulta sa mga kabataan at mga matatanda.

Ang una ay ang "Paano Lumaya sa Sama ng Loob" at ang pangalawa ay "Ang mga Relasyon sa mga Magulang." Nagdaos ako ng isang workshop sa Urbana '93 tungkol sa mga relasyon sa mga magulang. Mga 50 estudyante lamang ang nagsidalo sa workshop (parehong sesyon). Nagpakita ang pagkabigla, ang hindi paniniwala, ang pagrerebelde, ang hindi kasiguruhan ng pagsasabuhay ng turong ito sa mga luha, mga katanungan, mga masasabi, at mga pag-uusap. Kaya naisulat ko ang tungkol sa paksang ito ngayon.

Gusto ko munang tawagin ang iyong pansin sa dalawang mahahalagang talata sa Matandang Tipan. May sasabihin muna ako tungkol sa mga ito at pagkatapos ay magbibigay ako ng ilang mungkahi para sa pagsasabuhay ng mga talatang ito sa iyong buhay.

*Huwag kayong gagawa ng larawan ng anumang nasa langit, nasa lupa, o nasa dagat upang sambahin. Huwag ninyo silang paglilingkuran ni yuyukuran pagkat akong si Yahweh ay mapanibughuin. Ang kasalanan ng mga magulang na namumuhi sa akin ay sisingilin ko sa kanilang mga anak hanggang sa ika-3 at ika-4 na salinlahi. Ngunit ipadarama ko ang aking pag-ibig at pagkalinga sa lahat ng umiibig sa akin at sumusunod sa aking mga utos* (Deuteronomio 5:8-10).

*"Maaaring itanong mo kung bakit di dapat pagdusahan ng anak ang kasalanan ng ama. Pagkat matuwid ang mga gawa ng anak, sumunod siyang mabuti sa aking mga tuntunin kaya dapat siyang mabuhay. Ang nagkasala ay dapat mamatay. Ang anak ay di dapat magdusa dahil sa*

*kasalanan ng ama, at ang ama ay di dapat magdusa dahil sa kasamaan ng anak. Ang matuwid ay mabubuhay dahil sa kanyang pagiging matuwid at ang masama ay mamamatay sa kanyang kasamaan"* (Ezekiel 18:19-20).

Kapag binasa natin ang Deuteronomio 5:9 na nagsasabing, "Ang kasalanan ng mga magulang na namumuhi sa akin ay sisingilin ko sa kanilang mga anak hanggang sa ika-3 at ika-4 na salinlahi," masasabi nating hindi ito nararapat ayon sa ating diwa ng katarungan. Gayunman sa buong labingwalong kabanata ng Ezekiel makikita natin na ang mga bata ay hindi pinapanagot para sa kasalanan ng kanilang mga magulang. Kung gayon, ano ang sinasabi ng pangalawang utos? Sinasabi nito na ang kasalanan ay dumadaloy pababa at ang makasalanang impluwensya ng ating mga ninuno ay nakakaapekto sa atin na lumalagpas pa at naipapasa sa ilang henerasyon. Ito'y masamang balitang pangheneraasyon. Gayunman ang pangungusap ay hindi nagtatapos sa talatang 9; nagpatuloy ito sa mga katagang, "Ngunit ipadarama ko ang aking pag-ibig at pagkalinga sa lahat ng umibig sa akin at sumusunod sa aking mga utos." Ang tunay na ibig sabihin ng salitang "lahat" ay "libu-libong henerasyon," sa kabaliktaran ng "ika-3 o ika-4 na salinlahi (henerasyon)." Paano natin malalaman na ito'y "libu-libong henerasyon"? May dalawang dahilan. Una, ito lamang ang paraan na ang pangungusap ay naiintindihan. Pangalawa, sa dalawang kabanata sa bandang huli ay may mga pangungusap na ganito rin ang ibig sabihin.

*Alalahanin ninyo na si Yahweh ay Diyos na hindi marunong sumira sa pangako. Tapat siya sa lahat ng umiibig at sumusunod sa kanya at ipinadarama niya ang kanyang pagmamahal hanggang sa ikasanlibong salinlahi* (Deuteronomio 7:9).

Ang kasalanan at ang pagkapoot sa Diyos ang dahilan ng pababang pagkilos sa tatlo o apat na henerasyon at ang pagsunod at pag-ibig sa Diyos ang dahilan ng pagtaas na pagkilos sa libu-libong henerasyon.

Maraming ulit ko nang narinig ang sumusunod, "Ipinapangako kong hindi ako magiging tulad ng tatay (o nanay) ko na nagpalaki sa akin. Magpapaka-Cristiano ako, mag-aasawa ng isang Cristiano at aayusin ko ang aking buhay-pamilya. Naging Cristiano ako, nag-asawa ng Cristiano at mali ang ginagawa ko tulad ng nangyari sa mga magulang ko. Ako ay nasa pangalawang

'bad news' na henerasyon; kailangan bang maghintay ako ang dalawa pang 'bad news' na henerasyon bago magkaroon ng posibilidad na umiba ang takbo ng buhay ng mga ito?" Hindi, hindi mo na kailangang maghintay, ngunit malibang baguhin mo ang iyong relasyon sa iyong mga magulang at mga ninuno, kakailanganin mo pang maghintay ng dalawa pang henerasyon. Ang maging Cristiano at mangaral ng mabuting balita sa iyong mga magulang ay hindi magpapabago ng relasyon. Ang tahanan, kasama ng iyong mga magulang, ay isa sa mga lugar na kung saan iniisip ng mga Cristiano na maaari silang mawalan ng kontrol sa kanilang galit. Nagiging malala pa ang sitwasyon.

Mga apat na daang taon bago dumating si Cristo, nagbigay ang propetang si Malakias ng isang negatibong kondisyunal na propesiya. Matatagpuan ito sa huling dalawang talata ng Matandang Tipan.

*"Ngunit bago dumating ang nakahihindik na araw ni Yahweh, isusugo ko sa inyo si Propeta Elias. Muling magkakalapit ang loob ng mga ama't mga anak. Kung hindi'y mapipilitan akong pumariyan at wasakin ang inyong bayan"* (Malakias 4:5-6).

Tumukoy si anghel Gabriel nang hindi deretsahan sa bahagi ng propesiyang ito sa Lucas 1:17:

*"Mauuna siya sa Panginoon, taglay ang espiritu at kapangyarihan ni Elias, upang pagkasunduin ang mga ama at ang mga anak, at panumbalikin sa daan ng matuwid ang mga suwail. Sa gayon, ipaghahanda niya ng isang bayan ang Panginoon."*

Pansinin na para hindi matuloy na mangyari ang sumpang ito, dapat na ang mga puso ay mabago sa dalawang paraan. Bagama't halos lahat ng ilustrasyon ko ay nagsasalita sa mga anak at tungkol sa mga anak, ang talagang kinakausap ko ay mga magulang tungkol sa mga relasyon nila sa kanilang sariling mga magulang. Kung ikaw ay isang Cristianong magulang, magbago ang iyong puso sa iyong mga magulang, at magbago ang iyong puso sa iyong mga anak.

Titingnan naman natin ngayon ang ikalawang pagkakataon ng pangyayari sa Sampung Utos kung saan mababasa natin ang mga henerasyon (salinlahi).

*Igalang ninyo ang inyong ama't ina tulad ng iniutos ko sa inyo. Sa gayon, hahaba ang inyong buhay at mapapanuto kayo sa lupaing ibinigay*

*ko sa inyo* (Deuteronomio 5:16).

Aplikasyon ang kasunod: 1) Ibigin ang Diyos (Deuteronomio 5:9); 2) Sundin ang Diyos (Deuteronomio 5:9); 3) Igalang ang iyong ama't ina (Deuteronomio 5:16); at 4) Magbalik-loob kayo sa inyong mga ama (Malakias 4:5, 6).

Sapagkat hindi natin sinusunod ang sinasabi ng dalawang talatang ito sa Sampung Utos, maaaring tayo'y nasa pangakong pangtatlo at pang-apat na henerasyon at hindi tayo mabubuhay nang matagal sa mundo (tingnan ang Efeso 6:1). Ang lupain ay nasa panganib ng pagdanas ng sumpa. Ang teksto sa Malakias ay isang panawagan sa pagsisisi at isang pagbabalik-loob.

Mag-aalok ako ngayon ng ilang mungkahi kung paano magkaroon ng pagsisisi ng puso na 1) magpapatigil sa sumpa, 2) magiging dahilan ng mahabang buhay, 3) makapagpabago ng tatlo o apat na "bad news" na henerasyon sa libo-libong henerasyon na "good news."

Una, may ilang bagay na napakahalaga sa pagbabalik-loob na ito, ngunit hindi sapat ang mga ito para sa tunay na pagsisisi. Bagamat ang mga ito'y kailangan sa pagsisisi, hindi lamang ito ang magbibigay ng dagliang garantiya ng pagpapatigil sa sumpa.

1. Maging isang Cristiano muna. Kung walang kumbersiyon kay Cristo, imposibleng ibigin at sundin ang Diyos.
2. Mag-asawa ng Cristiano. Kung hindi ka mag-aasawa ng Cristiano wala kang katiyakan na magkakaroon ka ng Cristianong mga anak.
3. Manatiling may asawa. "Sa mga may asawa, ito ang iniuutos ng Panginoon...huwag makipaghiwalay ang babae sa kanyang asawa... At huwag namang hihiwalayan ng lalaki ang kanyang asawa" (1 Corinto 7:10-11).

Kung wala ang tatlong ito, makaaasa ka ng higit na masasamang henerasyon. Gayunman kahit kasama ng mga ito, maaari pa ring mangyari ang masasamang henerasyon. Bakit? Dahil naapektuhan pa rin ng henerasyong nauna sa inyo ang inyong mga anak at kayo mismo. Ang pag-iwan sa ama at ina at ang pananatiling kasama ng iyong asawa ay hindi nangangahulugan na nagbalik-loob na ang inyong puso sa inyong ama. Hangga't hindi ito nangyayari ikaw ay humihingi ng isa pang henerasyon na "bad news." Hindi

ka makaaasang maging isang mabuting asawang lalaki o isang mabuting ama kung hindi pa nagbabalik-loob ang iyong puso sa iyong ama.

Sa pagbabalik-loob ng iyong puso sa iyong ama, kinakailangan ang apat na elemento. Ang pagpapahayag ng mabuting balita sa kanya ay hindi isa sa mga ito; huwag mo itong gagawin, sapagkat ito'y makasisira sa kanyang awtoridad sa iyo. Sa halip, maaari kang gumawa ng isang sulat sa kanya na nagpapahayag ng apat na elementong ito. Inirerekomenda kong talakayin ang isang elemento o bahagi bawat parapo tulad ng sumusunod:

1. Kung ikaw'y nakapaghayag na sa Diyos ng iyong mga nakaraang pagrerebelde sa iyong ama o ina, dapat mo rin itong ipahayag sa iyong panlupang ama ng walang anumang mga pagdadahilan o pagbibintang.
2. Sa sulat na ito sasabihin mo sa iyong ama kung gaano mo siya nirerespeto. Kung hindi mo siya iginagalang, hindi mo siyempre ito maisusulat nang hindi ka magiging mapagkunwari. Pero dapat mo itong isulat. Paano? Ipahayag mo sa Diyos ang iyong kawalang paggalang sa iyong ama. "Bakit ko siya igagalang?" tanong mo, "Eh, hindi naman niya nakuha ang aking respeto!" Sinasabi ng Kasulatan, "Igalang mo ang iyong ama at ina." Hindi sinabing "kung karapat-dapat lamang silang igalang." Dapat na igalang ang iyong ama dahil siya'y iyong ama. Inuutusan ka na igalang mo siya. Hindi ito opsiyonal o maaaring hindi mo gawin. Kung hindi mo siya igagalang, ikaw ay nagkakasala. Gayundin ito sa iyong ina. Pinatatawad ang kasalanan at kinakailangan ang pagsisisi.

Pagkatapos mong maipahayag ang iyong hindi paggalang o kakulangan ng paggalang para sa iyong ama at natitiyak mo nang ikaw ay pinatawad, pagpasiyahan mo na galangin siya. Itatanong mo marahil, "Paano? Eh, hindi naman siya kagalang-galang." Ang paggalang ay walang kinalaman sa pagiging kagalang-galang ng taong dapat igalang. Ito'y may kinalaman sa gumagalang at sa malapit na pakikisama sa Diyos ng gumagalang at sa kanyang pagsunod sa Diyos. Ngayon, sa ikalawang bahagi ng sulat, sabihin mo sa iyong ama kung gaano mo siya iginagalang nang may kalayaan at katapatan.

3. Sa ikatlong bahagi, sabihin mo sa kanya kung gaano mo siya kamahal. Kung hindi mo siya mahal, dapat munang maituwid ito. Maaaring

isagot mo, "Hindi niya ako minahal, kaya hindi ko rin siya mahal." Kung ganito ang inyong relasyon, tama lang naman sana na dapat ka niyang minahal upang ang iyong tugon ay pagmamahal din. Ngunit hindi tayo maaaring magbalik sa pagkabata at magpasimulang muli. Kahit na maaari pang magbalik sa pagkabata, hindi ito nangangahulugang iba ang gagawin ng iyong ama sa pangalawang pagkakataon. Tinutukoy natin ang problema kung nasaan tayo, hindi kung saan tayo dapat naroroon. May edad ka na ngayon, at bilang Cristiano walang katapusan ang iyong pagkamtan ng pag-ibig at pagpapatawad. Kung wala ka nito, may isang tunay na posibilidad na hindi ka Cristiano. Bilang tunay na Cristiano kailangan mong ipahayag sa Diyos ang kakulangan mo ng pag-ibig para sa iyong ama. Ito ba'y kasalanan? Oo, kasalanan ito. Ito'y pagsuway sa utos ng Diyos. Iniuutos sa atin na ibigin natin ang ating kapwa, ang ating mga kapatid at pati ang ating mga kaaway. Kung hindi mo man naiisip na akma ang iyong ama sa mga kategoryang ito, kung gayo'y dapat na pag-aralan mo ang walang kondisyong uri ng pag-ibig at ang biblikal na kaugnayan ng pagsunod sa pag-ibig.

Pagkatapos mong umamin at makakuha ng kapatawaran, magpasiya ka ngayong mahalin mo ang iyong ama. Hinihingi ng pag-ibig na ipahayag ito, kaya sabihin mo sa kanya sa bahaging ito.

4. Ang kasunod na bahagi ay lugar para sa pagpapahayag ng iyong pasasalamat/pagtanaw ng utang na loob sa kanya. Kung wala kang pasasalamat/pagtanaw ng utang na loob, tulad ng respeto at pag-ibig, kung gayon, ito'y problema mo, hindi kanya. Pareho rin ang pamamaraan. Ipahayag at aminin mo sa Diyos ang iyong kakulangan ng pagpapasalamat/pagtanaw ng utang na loob. Kapag pinatawad ka na, ipadama mo ang iyong pagpapasalamat sa iyong ama.

Mahalaga at kailangan ang apat na elementong ito. Ang dalawang kasunod ay mga mungkahi para sa mga karagdagang paraan ng pagpapakita ng paggalang.

1. Hilingin sa iyong ama na ikuwento sa iyo o isulat para sa iyo ang kanyang talambuhay. Maaaring hindi niya gawin ito pero, matutuwa siyang malaman mo ang tungkol sa kanya.

2. Hingin ang kanyang payo sa mga pangkalahatan at tiyak na bagay. Ito'y bahagi ng paggalang.

Gayundin sumulat sa iyong ina ng sulat na kapareho ng sa iyong ama ngunit may isang pagbabago. Ang unang bahagi ay dapat magpahayag ng iyong pagmamahal sa kanya at ang ikalawang bahagi ay pagpapahayag ng iyong paggalang sa kanya. Ang dalawang kasarian ng tao ay nangangailangan ng paggalang sa isa't isa. Sa dalawang kasarian, higit na nangangailangan ang mga babae ng pagmamahal kaysa paggalang at ang mga lalaki'y higit na nangangailangan ng paggalang kaysa pagmamahal. Gayunman, parehong kailangan ito ng dalawa at hindi nila kailangan itong pagsikapan para makatanggap sila nito.

Ang sulat na ito'y dapat sundan ng iba pang klase ng mga personal na liham, mga yakap, at iba pang mga pisikal na pagpapahayag (halimbawa: pagkamay, kung ang mga ito'y mainit, mahigpit, at labis ang galak o katuwaan).

Maaaring sundan ang sulat ng isang paliwanag basta't ang paliwanag ay walang kasamang mga pagdadahilan at mga pagpaparatang. Narito ang isang mungkahi ko: "Itay/Tatay/Dad, alam ko pong mahal na mahal n'yo ako. Hindi po kayo naging napakahusay sa pagpapakita ng inyong pagmamahal. Kaya lumaki po ako na akala ko'y hindi n'yo ako mahal. Kahit ngayon kailangan kong tanggapin ito nang may pagtitiwala. Kung nagtaka kayo kung bakit naging matigas ang ulo o barumbado ako mula high school hanggang sa tumuntong ako sa kolehiyo, sa palagay ko'y dala ito ng paghahanap ko ng pagmamahal mula sa isang ama. Hindi ko po ito naranasan. Nadala po ako. Nagtataka kayo ngayon sa sulat ko sa inyo at sa lahat ng mga yakap ko sa inyo kapag ako'y dumadalaw. Bagama't may pamilya na ako, kailangan ko pa rin ang aking ama at kailangan n'yo ako. Kaya nga naririto ako ngayon at niyayakap kayo. Naisip kong ako ang dapat magsimula. Nagbibigay ako para tumanggap." Ikaw na ang bahala kung anong gusto mong sabihin na ayon sa nilalaman nito na babagay sa iyo.

Kapag natanggap ng mga magulang mo ang dalawang sulat, may ilang bagay na maaaring mangyari.

1. Babasahin ang sulat ng higit sa isang beses.
2. Hindi ito ibabasura.
3. Makatatanggap ka ng tugon na pabor sa iyo.

Kapag hindi ka nakatanggap ng tugon huwag mong isipin kaagad na may nagawa kang mali o nagkamali ka. Maging matiyaga at magpatuloy sa pagbibigay. May mga kulturang hindi nagpapadama ng mga damdamin maliban sa bugso ng galit (halimbawa: ang mga taga-hilagang Europa). Ang uri ng pagpapahayag mong ito ay maaaring kahiya-hiya para sa iyong mga magulang. Ngunit gusto pa rin nilang tumanggap ng ganitong pagpapahayag ng pagmamahal kahit hindi nila alam kung paano ito ibabalik.

May isang matandang lalaking higit sa singkuwenta anyos na sumulat ng ganitong uri ng sulat sa kanyang ama. Tumugon ang kanyang ina sa kanyang sulat na nagsasaad na, "Animnapung taon na kaming mag-asawa ng iyong ama. Nang binasa niya ang iyong sulat, noon ko lang nakita sa kauna-unahang pagkakataon na may luha sa kanyang mga mata."

Noong mga unang taon ng dekada 80, nagdaos kami ng summer school ng practical Christianity sa Delta House ng University of Idaho. Mga 40 estudyante ang dumalo. Paggalang sa mga magulang ang isa sa mga paksang itinuro. Nang sumunod na taglagas (fall) sa isang panghapong pag-aaral ng Biblia sa Washington State University, nagtuturo ako ng paksa ring ito. Isa sa mga estudyante ang nagsalita at nagkuwento ng ganito:

"Nalaman ko ito nitong nakaraang tag-araw (summer) sa Delta House. Noong labing-anim na taon ako, pinatalsik ako sa bahay ng aking ama at pinagsabihang umalis ako at ayaw na niya akong makita kahit kailan. Umalis ako. Sa bandang huli ay naging Cristiano ako at nagkaasawa ng Cristiano. Ngayon ay tapos na ako ng economics sa WSU. Sa kasalukuyan ay hindi ko nakikita ang aking ama. Malapit na silang magdiborsiyo, at magkahiwalay pa sila ng kuwarto sa bahay. Nang nalaman ko ito sumulat ako ng dalawang sulat, isa para sa aking ama, at ang isa ay para sa aking ina. Umabot ng ilang araw ang pagsusulat ko ng bawat isa kaya naipadala ko ito sa kanila nang ilang araw ang agwat ng pagpapadala ng bawat isa. Sa ilang kadahilanan, ang mga sulat ay dumating nang sabay sa kanilang dalawa at parehong nasa bahay ang mga magulang ko. Dahil nakita nilang nakapangalan ang mga sulat nang hiwalay para sa bawat isa, dinala ng aking ina ang kanyang sulat sa kuwarto niya at gayundin ang ginawa ng aking ama. Pagkatapos nilang mabasa ang kani-kanilang sulat nagpalitan sila ng mga ito at binasa uli sa kani-kanilang kuwarto. Nang lumabas sila may luha sa mga matang

sinabi ng aking ama, 'Lilipad ako patungong Pullman para makita ang aking anak.' Nakita ko ang aking ama mula noong tag-araw at hindi natuloy ang kanilang paghihiwalay."

May dalawang problema, ang problema sa puso at problema sa gawa. Una ang problema sa puso. Ang iyong kawalan ng pagmamahal, kawalan ng respeto, kawalan ng pagpapasalamat ay kailangang matanggal sa pamamagitan ng pagbabalik-loob sa Diyos. Ang sumulat ng liham ng hindi ka pa napapatawad ng Diyos ay nangangahulugan lamang na iyong sulat ay hindi tapat at may pagkukunwari.

Maaaring maghintay ka nang matagal kung hihintayin mo pa ang iyong ama na siyang mauna kaysa iyo. Hindi mo na dapat patagalin pa.

Pagkatapos na linisin ka ng Panginoon, isulat mo na ang mga liham. Pagkatapos ay magpatuloy kang magpadala ng sulat, tumawag at dumalaw na nagpapahayag ng iyong paggalang, pagmamahal at pagpapasalamat.

Magbabago ka sa pagsasagawa mo ng mga bagay na ito. Magiging mas mabuti kang asawa, anak at ama o ina. Ang iyong pagmamahal at pagsunod ay magdadala ng pag-ibig para sa libu-libong henerasyon.

## GABAY SA PAG-AARAL: Ang mga Relasyon sa mga Magulang

*Huwag kayong gagawa ng larawan ng anumang nasa langit, nasa lupa, o nasa dagat upang sambahin. Huwag ninyo silang paglilingkuran ni yuyukuran pagkat akong si Yahweh ay mapanibughuin. Ang kasalanan ng mga magulang na namumuhi sa akin ay sisingilin ko sa kanilang mga anak hanggang sa ika-3 at ika-4 na salinlahi. Ngunit ipadarama ko ang aking pag-ibig at pagkalinga sa lahat ng umiibig sa akin at sumusunod sa aking mga utos* (Deuteronomio 5:8-10).

## Mga Tanong para sa Pagtalakay

1. Ano ang sinasabi sa atin ng Deuteronomio 5:8-10 tungkol sa mga kasalanan ng ating mga ninuno?
2. Ano ang pangako ng Panginoon sa mga umiibig sa Kanya at sumusunod sa Kanyang mga utos? (Deuteronomio 5:10)

3. Ano ang kinakailangang mangyari para matigil ang pagsalin ng *kasalanan ng ama* mula sa isang henerasyon patungo sa kasunod? (Malakias 4:5-6 at Lucas 1:17)
   *Igalang ninyo ang inyong ama't ina tulad ng iniutos ko sa inyo. Sa gayon, hahaba ang inyong buhay at mapapanuto kayo sa lupaing ibinigay ko sa inyo* (Deuteronomio 5:16).
4. Ano ang makatutulong sa atin para mapalapit ang ating mga puso sa ating ama o ina? (Deuteronomio 5:9, 16 at Malakias 4:5-6).
5. Anong mga hakbang ang maaari nating gawin para sa pagkakaroon ng pusong nagsisisi at nagpapanumbalik sa tatlo o apat na henerasyon na "bad news" sa isang libong henerasyon na "good news"?

## Ang Kasunod na Hakbang: Pagtugon sa Salita ng Diyos

*Pag-isipan* ang tungkol sa sama ng loob at galit na hindi mo inaalis sa iyong sarili. *Hilingin* sa Diyos na tulungan ka Niyang magawa mong alisin na ang sama ng loob, galit at mga pagdaramdam ng walang hustisya sa Kanya. *Tumugon* sa pamamagitan ng pagpapahayag ng kasalanan, pahintulutang linisin ang iyong puso at baguhin Niya ito. Pagkatapos ay pag-isipan mong gumawa ng sulat gamit ang apat na elementong nakatala. *Alalahanin ninyo na si Yahweh ay Diyos na hindi marunong sumira sa pangako. Tapat siya sa lahat ng umiibig at sumusunod sa kanya at ipinadarama niya ang kanyang pagmamahal hanggang sa ikasanlibong salinlahi* (Deuteronomio 7:9).

# Ang Pag-ibig na Nagpupuno

**Jim Wilson**

May mga utos mula sa Diyos na umibig tayo. Ang pag-ibig na ito'y dapat na ipadama sa mga asawang babae, mga kapatid, mga kapwa tao, mga dayuhan at mga kaaway. Ang pag-ibig na ito ay ang **pag-ibig** na iniibig ng Diyos sa atin nang si Jesus ay namatay para sa atin. Ito'y pag-ibig na may pagsasakripisyo. Ito'y binubuo ng pangunahing pagpapahayag nito, ang **pagbibigay.** Ang layunin nito ay upang maging mabisa ito. Ito'y nagkabisa para sa ating kaligtasan. Kailangan ng pag-ibig na may pag-uukulan nito at ang pag-ibig ay nangangailangan ng pagpapahayag, "Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa **sanlibutan** kaya **ibinigay** niya..." (Juan 3:16). Ang pinag-uukulan ng pag-ibig ay ang **sanlibutan** at ang **pagbibigay** ang pagpapahayag ng pag-ibig. Ang pag-ibig na ito'y hindi bahagi lamang o nag-aatubili o "halos sapat." Ito'y lubos at higit pa sa sapat para sa lahat ng mga kasalanan at mga makasalanan na nasa mundong ito. "Ngunit kung dumami man ang kasalanan, **lalo namang sumagana**..." (Roma 5:20).

Bilang pagsunod sa mga utos na ito upang umibig dapat din tayong umibig ng tulad ng sa pag-ibig ng Diyos. Iyan ay walang kondisyon at walang pag-aatubili. Dapat na **magkaroon** tayo nito at **magbigay** ng higit pang pag-ibig sa taong nangangailangan ng pag-ibig upang ang kanyang pangangailangan nito ay mabigyang kasiyahan. Maaaring isipin mo na ito'y imposible. Labis ang pangangailangan ng taong ito ng pag-ibig kung kayat ang ibigin siya'y tulad ng pagbubuhos ng tubig sa lungga ng daga; iniisip mo na mauubusan ka ng tubig bago mapuno ang lungga ng daga. Samantala siya'y umaasa sa iyo para sa higit pang pag-ibig. Kumbinsido ka na mauubusan ka ng pag-ibig bago mapuno ng pag-ibig ang taong ito na nangangailangan ng labis na pag-ibig. Maaaring ito'y totoo kung ikaw ay umaasa ng pagbabalik

sa iyo ng taong ito ng pag-ibig din para tugunan ang **iyong** pangangailangan. Ngunit kung ikaw'y muling pinuno ng Banal na Espiritu ng pag-ibig, ikaw ay hindi mauubusan nito. Gamitin natin ngayon ang prinsipyong ito sa pagpapalaki ng mga anak.

Maraming iba't ibang problema sa pagpapalaki ng mga anak na nangangailangan ng pag-unawa at paggamit ng mga biblikal na prinsipyo. Una, narito ang ilan sa mga problemang ito.

1. Kakulangan ng pagsunod
2. Mabisang disiplina para sa pagsuway
3. Mabisang pagsasanay at pagtuturo
4. Pagiging magkakalaban at pagseselosan ng magkakapatid
5. Mga gamit sa pagkuha ng atensiyon tulad ng biglang pag-atungal, pag-iyak at pagwawala
6. Mga tanda ng pagka-insecure tulad ng paninigaw, kulugo, labis na timbang (overweight), pagkakamot, panghahampas, pagkagat, pagkalikot sa katawan at mga nakaugalian ng kamay (hand mannerisms).

Ang pagtalakay ng bawat isa sa mga paksang ito ay kasinghaba ng aklat; at sa totoo lang ay mayroon nang mga aklat na nasulat tungkol sa mga paksang ito. Nakapagbasa ka na siguro ng ilan sa mga ito at iyo nang sinundan at, para sa ilan sa inyo, hindi umepekto. Madaling gumawa ng kongklusyon na mali ang aklat. Maaaring tama ang aklat at maaaring tama rin ang iyong pagkakagamit. Saan ka kaya nagkamali?

Narito ang prinsipyong nabanggit sa una. Tatawagin kong ito na **pag-ibig na nagpupuno** (saturation love). Ang pag-ibig na nagpupuno ay iba kaysa pag-ibig na sapat, sapat na oras o maraming oras. Kabilang dito ang sapat o maraming oras at ang **hindi nahahating atensiyon.** Ang ibig sabihin ng nagpupuno ay dumating na o umabot sa pinakasukdulan. Nangangahulugan na ang solusyong pumuno ay hindi na maaari pang matunaw. Halimbawa, kapag nagpatuloy kang magdagdag at maghalo ng asukal sa isang basong tubig, mapupuno ang tubig ng asukal, na ang ibig sabihi'y hindi na matutunaw sa tubig ang dagdag na asukal. Kapag umabot na ang asukal sa punto ng pagkapuno, ang anumang dagdag na asukal ay matitipon sa ibaba ng baso—**wala nang** kakayahang makatunaw ang tubig.

Gayundin sa pag-ibig. **Posibleng** punuin ng pag-ibig ang isang tao at sa gayo'y hindi na niya matanggap ang anumang dagdag na pag-ibig. Ito'y hindi tinanggihan, hindi na lang ito kailangan pa.

Sa loob ng maraming taon nagtatanong ako sa mga dumadalo na magtaas ng kamay para makita ko kung sa tingin nila'y mahal sila ng kanilang mga magulang. Mahigit sa 95% ang nagtaas ng kamay. Hindi umaabot ng 100% kahit kailan pero palaging mataas na porsiyento. Pagkatapos ay nagtatanong ako sa mga nagsipagtaas ng kanilang kamay—"Sa palagay ba ninyo ang pag-ibig na ito'y naipadama nang sapat sa inyo ng inyong mga magulang?" Kalahati lamang ng mga nagsipagtaas ng kamay ang nanatiling nakataas. Ang pangatlong tanong ay, "Sa inyong mga nagpalagay na naipahayag nang sapat ng inyong mga magulang ang kanilang pag-ibig, mas matindi pa sanang pagpapahayag ng pag-ibig ang ginamit?" Nanatiling nakataas ang lahat ng kamay.

1. Walang pag-ibig
2. May konting pag-ibig
3. Sapat na pag-ibig
4. Kailangan ang **lalo pang** pag-ibig

Walang sinumang nag-akalang nakatatanggap siya ng sapat na pag-ibig sa kanyang mga magulang. Sasabihin ng kanilang mga anak ang bagay ding ito kapag tinanong sila.

Anu-ano ang mga resulta ng hindi pagtanggap ng sapat na pag-ibig? Ang pagsuway ay deretsahang katumbas sa kakulangan ng pag-ibig.* Ang disiplina para sa pagsuway, kahit naipatupad nang tama, ay hindi nagiging mabisa kapag hindi minamahal nang sapat ang bata. Iniisip niya, "Pinansin nila ako noong pinalo nila ako."Ang kanyang pagsuway ay kinakasangkapan niya para makakuha ng atensiyon. Kaya ang iyong pagsasanay at pagtuturo ay hindi nagiging mabisa, kung hindi mo binibigyan ng sapat na pag-ibig ang iyong anak.

---

*Nalalaman natin na ang bata ay ipinanganak na mayroong makasalanang likas. Ang makasalanang likas na ito ang pangunahing dahilan ng kanyang pagsuway. Nagbabago ito kapag tinanggap niya ang Panginoong Jesus. Bago at pagkatapos niyang makilala ang Panginoong Jesus ang kanyang pagiging masuwayin ay apektado ng kakulangan ng pagmamahal.

Ang kompetensiya ng magkakapatid (sibling rivalry), pagiging makasarili at mga pagseselosan ay may kinalaman sa ipinapadama mong pag-ibig sa iyong mga anak. Kaya kung ang mga anak ay puno ng pag-ibig, may kaunti lang o walang paglalaban-laban, pagtatalo-talo, at pag-aaway. Higit na pag-ibig, konting pagngalngal, pagsuway, pagseselosan, pag-iyak at pagwawala. Gayundin kapag higit ang pag-ibig, hindi magtatagal at ang bata ay magiging Cristiano.

*"O hinahamak mo ang Diyos, sapagkat siya'y napakabuti, mapagpigil, at mapagpaumanhin? Hindi mo ba alam na binibigyan ka niya ng pagkakataong magsisi at magbagong-buhay kaya napakabuti niya sa iyo?"* (Roma 2:4).

Ang paraan ng Diyos sa pagdadala sa atin sa pagsisisi ay ang pagbubuhos sa atin ng kabutihan at pagpapakita ng pagtitimpi at pagtitiyaga kahit na tayo'y mga makasalanan pa. Gaano pa kaya na dapat nating gawin ito sa ating mga anak.

Anu-ano ba ang ating mga problema? **Ayaw** nating yakapin at bigyan ng pansin ang ngalngalero. Ayaw nating kunsintihin ang masasamang pag-uugali. Tama ito, ngunit hindi naman natin kinukunsinti ang masamang pag-uugali. Nilulunasan natin ito. Ang pagbibigay na ito'y hindi pagsuko sa mga pagdidikta ng bata kundi pagtugon sa kanyang tunay na pangangailangan. Ang kanyang pagkaintindi ay mas tunay sa iyong pagkaintindi. Ang ngalngalero ay humihingi ng iyong mapagmahal na atensiyon. Magbibigay tayo ng kaunting atensiyon sa sanggol kapag umiyak. Maaaring walang problema; hindi siya nagugutom, hindi basa, marumi o maysakit; kailangan lang niya ng pagmamahal. Kapag ang bata ay dalawa o tatlo o siyam o sampung taong gulang at humihingi ng atensiyon ayaw nating ibigay ito. Hindi natin iniisip na kailangan ito ng bata. Maniwala ka sa akin. Pag hinihingi niya ito, kailangan niya ito. Kung siya'y **puno** na, titigil siya sa paghingi.

[Sa kabilang banda, may mga batang kailangan ang atensiyon ngunit **hindi nila ipinipilit**. Kailangan din nila at tumatanggap din sila ng kulang kaysa ang namimilit. Dahil hindi sila namimilit, maaari mong isiping nasisiyahan na sila.]

Ang problema natin ay nauubusan tayo ng "bigay" bago pa maubusan ang bata ng pamimilit. Iniisip natin na hinding-hindi siya titigil ng pamimilit

sa ating atensiyon kaya tumitigil na tayo ng pagbibigay nito bago tayo dapat tumigil. At kapag nagpatuloy tayo sa pagbibigay ng atensiyon, matutuklasan natin na ang bata ay masisiyahan. Mapupuno ang bata ng pag-ibig at masisiyahan at ang resulta ay magiging napakatatag niya at hindi na siya hihingi sa mga darating na taon. Napakahalaga ng seguridad niyang ito sa pagiging masunurin ng iyong anak sa iyo.

Maraming taon na ang nakaraan, may isang munting bata na mayroong kulugo sa kanyang kaliwang kamay at braso. Mga labingwalo yata iyon. Maraming buwan nang mayroon siya nito. Minsan tinanong siya ng kanyang ama, "Johnny, anak, gusto mo bang ipag-pray ko sa Diyos na tanggalin Niya ang warts mo?" Ang sagot ni Johnny, "Ayoko, mga kaibigan ko sila eh, nilalaro ko kasi sila." Nalaman ng ama ng bata na ang mga kulugo ay katibayan na insecure ang bata, at ito'y dahil sa hindi niya mismo naibibigay sa bata ang sapat na mapagmahal na atensiyon. Nagdesisyon ang ama at sinundan ito ng mas mapagmahal pang atensiyon. Natanggal ang mga kulugo sa loob ng napakaikling panahon.

Noon din, naging malapit ako sa isang pamilyang may apat na anak na nasa pre-school, mga batang lalaking ang mga edad ay isa, dalawa, tatlo at apat na taong gulang. Isang araw nakipagkita sa akin ang mga magulang para kausapin ako tungkol sa kanilang panganay na anak na lalaki. May dalawang malalaking problema ito na tila hindi nila kayang ituwid.

1. Hinahampas niya ang kanyang mumunting kapatid sa buong maghapon. Itinuwid siya ng kanyang mga magulang tuwing mangyayari ito nang pasigaw o pagpalo o pareho.
2. Tinatanggal niya ang balat sa kanyang mukha sa maraming lugar nito kaya nagkalat sa buong mukha niya ang maliliit na mapulang langib. Para siyang may measles kung tingnan.

Parang bale-wala ang mga pamamalo. Malinaw na ang tanong. "Anong gagawin namin?" Bagamat mas mahaba ang aking sinabi sa kanila kaysa mababasa mo ngayon, ito ang sagot ko:

"Sa susunod na ihampas ng panganay ang bunsong kapatid, kalungin ang nakatatanda at yakapin." Ang sagot ng ina, "Ayaw kong pairalin ang ganyang klase ng pag-uugali." "Huwag kayong mag-alala, alam na niya iyon. Hindi lamang ninyo siya dapat na yakapin sa susunod na hampasin niya

uli ang kanyang kapatid. Gusto kong yakapin ninyo siya nang buong maghapon. Hindi siya nakadama ng sapat na pagmamahal magmula nang ipinanganak ang pangalawang anak na lalaki at ngayon ay mayroon nang pangatlo at pang-apat. Ang tanging pagkakataong nakatatanggap siya ng atensiyon ay kapag gumagawa siya ng masama. Kaya hinahampas niya ang kanyang bunsong kapatid para makuha ang atensiyon ninyo. Binabalatan niya ang kanyang mukha dahil insecure siya. Gagarantiyahan ko sa inyo na kapag pinag-ukulan ninyo siya ng labis na mapagmahal na atensiyon, lilinaw ang kanyang mukha at titigil siya ng panghahampas sa kanyang munting kapatid sa loob ng dalawang linggo." Sabi niya, "Hindi ko yata magagawa 'yan." "Bakit hindi?" "Hindi ko na nga gusto ang batang 'yan."

Ikinumpisal ng mga magulang ang kanilang kasalanan at isinagawa nila ito. Nagkatotoo ang inaasahang mangyayari.

Isang amang may labindalawang taong gulang na anak na lalaking napakaaktibo ang lumapit sa akin para humingi ng tulong. Nadidisiplina nang husto ang bata dahil sa hindi magandang ginagawa sa maliliit na bagay at parang hindi natututo kahit dinidisiplina. Nahihirapan din itong makisama sa ibang kasing-edad niyang mga bata.

Nagbibigay naman ng **katamtamang** pagmamahal, atensiyon at panahon sa bata ngunit ayaw pa rin niyang tumanggap ng pagtutuwid o kaya'y magsisi kapag paulit-ulit na napapalo. Sinabi ko sa ama na **hindi niya kayang magbuhos ng sobra-sobrang pagmamahal**. Dahil sa matinding pagnanais ng ama na makakita ng pagbabago ay **nagbuhos** na siya ng pisikal na pagmamahal at **mas madalang** niyang pinagalitan sa mga maliliit na bagay. Dinala niya ang kanyang anak sa isang men's retreat. Kalong-kalong niya ang kanyang anak sa loob ng dalawang oras habang nakasakay sila sa van papunta roon at pabalik, kasama na ang paghawak sa anak sa mga sesyon. Pag-uwi ng bahay, nakita kaagad ng ina ang pagbabago sa ugali ng bata at ang kanyang pagiging handang tumanggap ng pagtutuwid nang hindi humahaba ang nguso, gayundin ang kanyang pagnanais na makisama nang mabuti sa ibang mga bata.

Sa loob ng mga taon ng pagtatanong at pakikinig sa mga sagot may isang sagot na namumukod-tangi. "Hindi ko kailanman narinig na inamin ng aking ama na siya'y nagkamali sa anumang bagay. Samantalang alam

ng nanay ko na mali siya; alam naming mga anak na mali siya; alam ng Diyos na mali siya at alam niya ito, ngunit ayaw niya itong aminin." Maaaring totoo rin ito sa ilan sa inyong mga ama na ang mga anak ay malalaki na at wala na sa inyo. Maaaring binabasa mo ito at nalalaman mong hindi mo isinagawa ang **nagpupunong** pag-ibig nang sila'y nagsisilaki na. Sa ngayon, nasa kanila ang lahat ng klase ng mga problema. Ang iba sa inyo'y may mga anak na teen-ager na hindi malayo sa tahanan at hindi na "kaibig-ibig" na mga bata.

Ano ang iyong magagawa ngayon? Maaari munang aminin mo sa Diyos ang **lahat** ng iyong mga maling ginawa tulad ng sobrang pagdisiplina, pangmamaliit, pagkutya, hindi pagpansin, paninigaw, galit, pagtatangi, kakulangan ng pagpapahayag ng pag-ibig, atbp. Pagkatapos, maaari mong sulatan ang bawat isa sa iyong mga anak kung anong inihingi mo ng tawad sa Diyos. Maaari mong sabihin sa kanila na inihingi mo na ng tawad sa Diyos ang iyong mga ginawa pati na ang iyong mga naging asal. Maaari mo ring aminin ang mga tiyak na bagay na iyong naaalaala. Maaari mo ring hilingin sa mga anak na sabihin sa iyo ang mga bagay na nasasaktan pa rin sila **hanggang ngayon** tulad ng sakit na nadarama mo pa sa pagtrato sa iyo ng iyong ama. Kapag sinabi nila sa iyo ang mga bagay na ito, **huwag** mong ipagtatanggol ang iyong sarili, basta magkaroon ka lang ng pagsisising maka-Diyos. "Sapagkat ang kahapisang buhat sa Diyos ay nagbubunsod sa inyo upang magsisi at magbago sa inyong ikaliligtas. Ngunit ang kahapisang dulot ng sanlibutan ay humahantong sa kamatayan" (2 Corinto 7:10). Pagkatapos ay ipahayag ang iyong pag-ibig sa kanila sa **iba't ibang** paraan.

Kung kapiling mo pa ang iyong mga anak, gawin mo rin ito, maliban na ito'y personal din bilang dagdag sa iyong sulat. Mahalaga ang iyong sulat dahil sa 1) masasabi mo ang lahat nang walang mga panunumbat sa iyo, 2) babasahin ang sulat nang maraming beses, at 3) ang sulat ay iingatan o itatabi.

Alalahanin na maging lalaki man o babae ang mga anak, kapwa nangangailangan ang mga ito ng labis na pag-ibig mula sa ama at ina. Kung ikaw ay hiwalay sa asawa, ang pagpupuno ng pag-ibig ay higit na napakahirap pero kailangan pa rin. Kung ikaw ay nakikipagkumpetensiya sa pag-ibig at katapatan ng iyong mga anak sa pamamagitan ng paghamak sa iyong dating

asawa o sa pamamagitan ng pagbili mo sa pag-ibig ng iyong mga anak, ito'y walang ibubungang mabuti. Hindi lamang ito kulang sa nagpupunong pag-ibig, ito'y hindi pag-ibig kailanman.

Ang isa sa pinakamabubuting paraan ng pagpapahayag ng pagmamahal sa iyong mga anak ay ang **hindi** pakikipag-away sa iyong asawa. Ito'y isang pangunahing dahilan ng kawalang katatagan o insecurity. Kung hindi kayo nagkakasundo, **huwag na huwag** itong marinig ng mga bata. Ipagpalagay nang may istorya kayo ng pag-aaway o di pagkakasundo ng iyong asawa sa harapan ng inyong mga anak. Dapat na ikumpisal sa Diyos ang istoryang ito, pagkatapos ay sa iyong asawa sa harapan ng inyong mga anak, at pagkatapos ay itakwil na ang pag-aaway.

## GABAY SA PAG-AARAL: Ang Pag-ibig na Nagpupuno

*"Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan"* (Juan 3:16).

## Mga Tanong para sa Pagtalakay

1. Maglista ng mga dahilan kung bakit ang isang tao'y nakadarama ng pagkauhaw sa pagmamahal.
   *Ang pag-ibig na nagpupuno ay iba sa pag-ibig na sapat, sapat na oras o dami ng oras. Ang pagpupuno ay nangangahulugang pinakasukdulang naabot. Ito'y nangangahulugang ang taong nangangailangan ng pagmamahal ay lubos na nakararanas ng kasiyahan.*
2. Magkuwento ng karanasan kung saan natanggap mo ang pag-ibig na nagpupuno o ikaw mismo ang nagbigay sa ibang tao ng pag-ibig na nagpupuno.
3. Anu-ano ang mga sintomas ng hindi pagdanas ng sapat na pagmamahal?
   *Dinadala tayo ng Diyos sa pagsisisi sa pamamagitan ng pagbubuhos ng kabutihan, nagpapakita sa atin ng pagtitimpi at pagtitiyaga kahit na nagkakasala tayo sa Kanya. Ito ang huwarang iniharap ng Diyos sa atin bilang mga magulang.*

4. Paano natin maisasagawa ang huwaran ng Diyos kapag nag-aalaga tayo ng ating mga anak?
5. Anu-anong mga hakbang ang maaari nating gawin para maituwid ang mga pagkakamaling nagawa natin?
   *"Sapagkat ang kahapisang buhat sa Diyos ay nagbubunsod sa inyo upang magsisi at magbago sa inyong ikaliligtas. Ngunit ang kahapisang dulot ng sanlibutan ay humahantong sa kamatayan"* (2 Corinto 7:10).

## Ang Kasunod na Hakbang: Pagtugon sa Salita ng Diyos

Ang mga kasalanang hindi naikukumpisal ang pumipigil sa ating magkaroon ng isang malapit na relasyon sa Diyos at sa ibang mga tao sa ating buhay. Dapat nating ikumpisal ang ating kasalanan sa Diyos at hilingin sa Kanya na tulungan tayong ituwid ang kasalanan. Hinihingi ng Diyos na *tumugon* tayo sa pamamagitan ng paghingi ng tawad sa ating kasalanan sa ating asawa at mga anak na may pusong mabuti, mahabagin at malambot. *Sa halip, maging mabait kayo at maawain sa isa't isa, at magpatawaran, tulad ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo* (Efeso 4:32).

# Paano Nagiging Matatag (Secure) ang Isang Babae

**Jim Wilson**

Nilikha ng Diyos ang isang babae para mahalin, protektahan, suportahan at para maging matatag (secure). Gayunman sa ilang kadahilanan, maaaring hindi maranasan ng babae ang tatlong bagay na nabanggit. Kalimitan ang kapanatagan ay gawa ng malinaw na katotohanan at sariling damdamin. Ang ibig kong sabihin ay may mga babaing nawalan ng mga magulang, asawa, mga anak; wala na rin silang mapagkukunan ng kakainin at dadamitin. Malinaw na mayroon silang dahilan sa pagiging insecure ngunit maaaring wala naman silang nadaramang insecurity. Maaari ring makadamang insecure at maisip kung ano ang malinaw na kailangan para mapunan ang pangangailangang ito. Narito ang isang halimbawa.

Ipagpalagay nating insecure ang isang babae. Napakalakas ng nadarama niya kung kaya kumbinsido siya na iyon ay isang malinaw na katotohanan. Ang pinakamalaking pangangailangan ng isang babae ay mapunan ang kakulangang iyan. Iniisip niya na isang lalaki ang makapagpupuno nito. Bahagi nito ay totoo. Gayunman napakalaki ng pangangailangang ito kaya nag-asawa siya sa isang lalaking hindi naman pala makapagpupuno nito dahil may kakulangan din siya at naghahanap din siya ng babaing magpupuno sa kanyang sariling kakulangan. Dalawang taong may kakulangan, kapwa insecure ang nag-asawa sa isa't isa para matugunan ang kanilang mga pansariling pangangailangan. Hindi ito nangyari. Ngayon mas lalong naging insecure ang babae. Inisip naman niya ngayon na kung may anak siya ay matutugunan na ang kanyang pangangailangan. Muli, bahagi lang nito ang totoo. Nilikha ang mga babae para magkaroon ng mga anak. Gayunman ang mga sanggol ay mga nilikhang napaka-demanding at may pangangailangan din. Ngayon ang babaing insecure ay may mas malaking pangangailangan na sa kanyang

sarili kaysa kaya niyang dalhin, lalo na kung marami ang mga anak. Ngayon, insecure na siya at nasisiraan pa ng loob. Naisip naman niya na kailangan niya ng magandang bahay na may magagarang kasangkapan. Malaki ang halaga nito. Kailangan niyang magtrabaho, pati ang kanyang asawa. Ngayon pagod na siya, insecure at nasisiraan pa siya ng kalooban. Ngayon naman ay mga damit, musika, mga party at marahil ay isang bagong lalaki naman ang kailangan. Hindi romantiko ang kanyang asawa. Nagsisimula pa lang ang buhay may-asawa ay hindi na niya nakayanan dahil hindi natutugunan ang kanyang mga pangangailangan.

Inilalarawan nito ang ilang mga babaing kilala ko. May nag-asawa nang higit sa isang beses at may iba pang lalaki. Yung iba nama'y mga ari-arian ang inaatupag nila. Huli na nilang natuklasan na hindi makapagbibigay sa kanila ng katatagan ang lalaki, mga anak, bahay, mga ari-arian at mga party na hinangad nila.

Kailangang matugunan ang pangangailangang ito, ngunit tiyak na hindi ito mangyayari dahil pinipilit ng pagkamakasarili na kailangang kaagad itong mapunan. Kaya kahit na makakuha pa siya ng lalaki, magkaroon ng mga anak, bahay at mga ari-arian ay hindi pa rin siya magiging secure. Dapat munang mawala ang pagiging makasarili. Nagiging isang munting kamaong nakatikom nang mahigpit sa kanyang kaluluwa ito. Tumutuyo at sumisira sa kalooban ng tao ang makasariling munting kamaong na ito.

Sa harap ng Diyos, ang kasakimang ito'y dapat na pagsisihan, ikumpisal, talikuran at itakwil. Saka lang siya magkakaroon ng kahanga-hangang galak, kapayapaan at kalayaan na ibibigay ng Diyos sa kanya. Siya ngayon ay magiging napakapanatag o secure kay Cristo.

Hangga't ang katatagan ay ibinibigay sa mundong ito, ito'y magmumula sa kanyang pagiging malapit sa kanyang ama, ina, mga kapatid at iba pang miyembro ng kanyang pamilya. Kasunod nito'y magmumula ito sa kanyang mga kapatid kay Cristo na pawang mapagmahal at mapagbigay. Magmumula ito sa kanyang pagiging mapagmahal at mapagbigay sa lahat ng uri ng tao, kahit na hindi nila ibalik sa kanya ang pag-ibig. Maaaring manggaling ito sa kanyang asawa, ngunit hindi mula sa kanyang magiging asawa sa hinaharap. Sinasabi ko ito dahil hindi dapat siya mag-aasawa para lamang maging secure.

Dapat siyang maging secure bago siya mag-asawa. Sa gayo'y hindi siya mabibigo at masasaktan sa kanyang pag-aasawa.

Paano nagiging secure o matatag ang isang babae?

Dapat niyang ikumpisal ang kanyang pag-uugali, hindi lamang ang kanyang gawa.

Dapat siyang magpasiya kasama ng kagandahang-loob ng Diyos na mahalin ang kanyang ama, ina, at mga kapatid.

Wala dapat na kondisyon ang kanyang pagmamahal. Hindi niya dapat sabihing, "mamahalin ko siya kung..." Dapat na walang "kung."

Kalakip ng pagmamahal na ito ang banayad na pananalita, mga yakap, pagbibigay at pagtulong.

Dapat na ibigay niya ang pagmamahal na ito sa mas marami pang tao.

*Sapagkat ang pag-ibig ni Cristo ang nag-uudyok sa aking magkaganyan, ngayong malaman kong siya'y namatay para sa lahat at dahil diyan, ang lahat ay maibibilang nang patay. Namatay siya para sa lahat upang ang mga nabubuhay ngayon ay huwag nang mabuhay para sa sarili, kundi para kay Cristo na namatay at muling nabuhay para sa kanila* (2 Corinto 5:14-15).

Ang dapat na maging pangmatagalang layunin ng isang babae ay ang maging banal, mapagmahal, mabait, masaya, atbp. Dapat din niyang hangaring magkaroon ng isang nagmamahalang pamilya, mapagmahal na mga anak at apo. Dapat din niyang gustuhing makarinig ng "Magaling, tapat at mabuting alipin! Makihati ka sa kagalakan ng Panginoon."

Sa gawa, dapat na abutin ng isang babae ang kanyang ama upang magbigay at tumanggap.

Ang ibinigay na solusyon ay dahil sa pagpapalagay na ang isang babae ay Cristiano, ito'y tinanggap niya sa pamamagitan ng pananampalataya si Jesu-Cristo, ang Anak ng Diyos, bilang kanyang Panginoon at Tagapagligtas. Siya'y lumipat na patungo sa buhay mula sa kamatayan. Ito ang pasimula ng pagiging secure ng bawat isa, mga lalaki man o mga babae.

## GABAY SA PAG-AARAL: Paano Nagiging Matatag (Secure) ang Isang Babae

*At buhat sa kayamanan niyang hindi mauubos, ibibigay niya ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ni Cristo Jesus* (Filipos 4:19).

### Mga Tanong para sa Pagtalakay

1. Ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa pagiging ligtas at matatag? Tingnan sa mga sumusunod na talata:
   Deuteronomio 33:12
   Awit 4:8
   Kawikaan 29:25
   1 Juan 5:18
2. Ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa pagiging nasisiyahan (satisfied)?
   Kawikaan 30:15-16
   Mangangaral 5:10
   Awit 63:5
   Awit 103:5
   Isaias 53:11
   *Huwag kayong gagawa ng anumang bagay dahil lamang sa hangad ninyong matanyag bagkus magpakababa kayo at huwag ipalagay na kayo'y mabuti kaysa iba* (Filipos 2:3).
3. Paano natin maaalis ang pagiging makasarili natin?
4. Anong mga hakbang ang kailangan nating gawin para maramdaman natin ang katatagan (feel secure)? (Santiago 3:13-18)

### Ang Kasunod na Hakbang: Pagtugon sa Salita ng Diyos

*Pag-isipan* ang mga bahagi ng iyong buhay kung saan may hinanakit ng inggit at makasariling ambisyon na pumipigil sa iyong kakayahang maging kagaya ni Cristo. *Humiling* ng maka-Diyos na karunungan at pagkilala para magabayan ka. *Tumugon* sa pamamagitan ng paghanap sa Kanyang direksyon bawat araw. *Humingi kayo, at kayo'y bibigyan; humanap kayo, at kayo'y makasusumpong; kumatok kayo at ang pinto'y bubuksan para sa inyo. Sapagkat tumatanggap ang bawat humihingi, nakasusumpong ang bawat humahanap, at binubuksan ang pinto sa bawat kumakatok* (Mateo 7:7-8).

# Ang Lalaking Responsable

**Jim Wilson**

Kung mayroong isang malaking kakulangan sa mga may edad na lalaki, Cristiano man o hindi, ito ay ang integridad. Ito ay isang salita na sumasaklaw sa katapatan, matatag na moralidad, kalinisan, pagkamatuwid at kahandaang tumanggap ng **responsabilidad.** Ito ang bahagi ng integridad na tinutukoy dito. Pagkatapos na tanggapin ng isang tao si Cristo, ang pagiging responsable ay isang katangiang dapat asahan. Ang responsabilidad ay isa sa mga katangian ng isang lalaking hindi makasarili. Ang pagiging iresponsable ay katangian ng isang lalaking makasarili.

Ang Diyos ay nagbigay ng mga pananagutan sa mga hari, mga gobernador, mga amo, mga asawang lalaki at mga ama. Tayo'y mananagot sa Diyos, maging tayo man ay kumikilos nang may pananagutan o wala. Kung hindi tayo akma sa mga tungkuling binanggit, dapat tayo'y nasa pagsasanay upang maging responsable. Ito'y bahagi ng pagiging lalaki.

Mayroon na tayong makamundong pananaw tungkol sa pagkalalaki, na dinidetermina ng testosterone at ng mga resulta nito: pag-aaway, labis na pag-inom, basketball, pangangaso, pagsusundalo, kakayahang seksuwal at kapamahalaan. Sa maraming pagkakataon, ang pagbibigay-diin sa mga katangiang ito'y nagpipigil sa isang lalaking tumanggap ng kanyang pananagutan na siyang tunay na ebidensiya ng kanyang pagiging lalaki.

Iresponsable si Adan nang sinabi niya sa Diyos sa Genesis 3:12: *"Kasi, pinakain po ako ng babaing ibinigay ninyo sa akin."*

Sinisi ni Adan ang babae at ang Diyos. Sumagot ang Diyos sa Genesis 3:17:

*Hinarap naman ng Diyos si Adan at ganito ang sinabi:*
*"Pagkat nakinig ka sa asawang hirang*
*Nang iyong kainin yaong bungang bawal;*
*Sa nangyaring ito, ang lupang tanima'y*
*Aking susumpain magpakailanman,*

*Ang lupaing ito para pag-anihan*
*Pagpapawisan mo habang nabubuhay."*

Magbuhat noon palagi nang sinisisi ng mga lalaki ang kanilang mga asawa, pati ang kanilang mga anak, at ang kanilang mga amo, at ang lahat maliban sa kanilang mga sarili.

Maging si Abram ay iresponsable rin:

*Nang malapit na sila sa hanggahan, sinabi niya kay Sarai, "Asawa ko, ikaw ay maganda. Pag nakita ka ng mga Egipcio, baka patayin nila ako para makuha ka. Ang mabuti'y sabihin mong magkapatid tayo. Alang-alang sa iyo, hindi nila ako papatayin"* (Genesis 12:11-13).

Inasahan ni Abram na patayin siya ng mga Egipcio upang makuha ng mga ito ang kanyang magandang asawa. Pinagsinungaling niya si Sarai at ipinasabi niya rito sa mga Egipcio na hindi niya ito asawa, kundi kapatid. Kinuha ng Faraon ang kanyang asawa at siya'y pinayaman nito. Nagdanas ng malubhang sakit ang sambahayan ni Faraon sapagkat kinuha niya ang asawa ni Abram para maging asawa niya. Nang natuklasan ni Faraon ang katotohanan, isinauli niya si Sarai at pinaalis si Abram sa lupain. Pagkaraan ng 20-25 taon, ginawang muli ni Abram, na nagngangalang Abraham, ang gayunding pagsisinungaling sa ibang hari ng ibang bansa. Sa pagkakataong ito, siya ang nagsinungaling hindi si Sarai. Kinuha si Sara ng hari ng Gerar na si Abimelec. Sinabi ng Diyos kay Abimelec na para na siyang patay dahil sa pagkuha niya sa isang babaing may asawa. Iningatan ng Diyos si Sara. Hindi siya ginalaw ni Abimelec. Basahin ang kuwento sa Genesis 20. Ang pagiging iresponsableng ito'y nalipat kay Isaac. Nagsinungaling din si Isaac sa haring pinagsinungalingan ng kanyang ama, tungkol kay Rebeca. Mas may sensitibong konsiyensiya pa ang mga hindi mananampalataya tungkol sa bagay na ito kaysa kina Abraham at Isaac. Minasama nila ang pagka-iresponsable ng mga mananampalataya (Genesis 26). Mas mahihina at walang sala pa sina Sara at Rebeca.

Ang pagiging iresponsable ay isang natatanging uri ng kasalanan. Ito ay kasalanan na pinapataw sa iba ang sisi, mga mas mahina at marahil inosente. Katulad ng pagsisinungaling ang pagiging iresponsable. Isang panakip, isang paraan para mapagtakpan o maingatan ang sarili ito, isa ring malubhang pagkamakasarili. Nakikita natin ito sa pagtanggi sa pagiging isang ama, hindi

pagbibigay ng suporta sa anak, paninisi sa iba, pambubugbog sa asawa, pagsasalita ng masasakit, pagtangging magbigay ng pangangailangan, at pagkimkim ng pagmamahal at proteksiyon.

Narito ang ilang halimbawa ng mga responsableng lalaki mula sa Biblia:

- Ang opisyal sa Juan 4:46-53
- Si Cornelio sa Gawa 10
- Ang bantay ng bilangguan sa Filipos sa Gawa 16
- Si Apostol Pablo sa 1 Corinto 9 at 2 Corinto 8

Ang mga karagdagang turo tungkol sa pagiging responsable ay matatagpuan sa Mga Bilang 30:6-8. Ito'y may kaugnayan sa mga babae sa inyong tahanan, ang iyong asawa at iyong mga anak na babae.

May dalawang bagay na hindi maaaring paghiwalayin na hindi magiging dahilan ng malubhang panganib sa mga nasa paligid mo. Ito ay kapamahalaan (authority) at responsabilidad.

Makikita natin ito sa mga mumunting bata. Gusto ng isang bata na siya ang **mamahala**. Gusto niya na siya ang boss. Kapag may problema na resulta ng kanyang pagiging lider, hindi na siya nakikita o sinisisi niya ang ibang mga bata. Hindi niya gusto ang **responsabilidad** na kasama sa pamamahala. Nakita natin ito sa mga hari sa kasaysayan. Kamakailan lang, nakita natin ang pagkakaiba ng dalawang presidente ng Amerika. Nang sila'y mga pangulo pa, mas higit ang kanilang kapamahalaan kaysa kaninuman sa mundo. Nagkaroon ng kapamahalaan si Presidente Truman at ginamit niya ito. Tinanggap din niya ang responsabilidad sa kanyang mga gawa. May paalaalang nakasulat na nasa ibabaw ng kanyang mesa. Sinasabi ng paalaala, "Hanggang dito na lang ang pagpasa (The buck stops here)." Hindi niya ipinasa ang sisi. Ginamit din ni Presidente Clinton ang kanyang kapamahalaan, ngunit hindi siya nag-atubili na umiwas, magsinungaling at manisi ng iba. Sa integridad, hindi siya isang responsableng asawa, ama, gobernador o presidente.

Ang isang lalaking Cristiano bilang asawa, ama, pastor o lider sa isang sekular na trabaho ay walang pribilehiyo ng pagiging amo. Kahit pa sa posisyon ng pagiging isang lider siya ay inutusan:

**Bilang isang asawa:** Mga lalaki, ibigin ninyo ang inyu-inyong asawa, gaya ng pag-ibig ni Cristo sa iglesya. Inihandog niya ang kanyang buhay para rito,

upang ang iglesya'y italaga sa Diyos matapos linisin sa pamamagitan ng tubig at ng salita. Ginawa niya ito upang maiharap sa kanyang sarili ang iglesya, marilag, banal, walang batik at walang anumang dungis o kulubot. Dapat mahalin ng mga lalaki ang kani-kanilang asawa tulad ng sarili nilang katawan. Ang lalaking nagmamahal sa kanyang asawa ay nagmamahal sa kanyang sarili. Walang taong namumuhi sa sarili niyang katawan, bagkus ito'y pinakakain at inaalagaan, gaya ng ginagawa ni Cristo sa iglesya. Tayo'y mga bahagi ng kanyang katawan (Efeso 5:25-30).

**Bilang isang ama:** Mga magulang, huwag ninyong ibuyo sa paghihimagsik laban sa inyo ang inyong anak dahil sa malabis ninyong kahigpitan; sa halip, palakihin sila sa tuntunin at aral ng Panginoon (Efeso 6:4).

**Bilang isang amo:** Mga panginoon, maging mabuti kayo sa inyong mga alipin at huwag silang pagbantaan, sapagkat alam ninyong kayo'y parehong alipin ng iisang Panginoon na nasa langit at walang itinatangi (Efeso 6:9).

**Bilang isang matanda sa iglesya:** Sa matatandang namamahala sa inyo, nananawagan ako bilang isa ring matandang tulad ninyo. Nasaksihan ko ang mga paghihirap ni Cristo at makakahati naman ako sa karangalang nalalapit nang ipahayag. Ipinamamanhik kong alagaan ninyo ang kawang ipinagkatiwala sa inyo ng Diyos. Pamahalaan ninyo ito nang maluwag sa loob, hindi napipilitan lamang, sapagkat iyan ang ibig ng Diyos. Gampanan ninyo ang inyong tungkulin, hindi dahil sa masakim na paghahangad ng pansariling kapakinabangan, kundi sa katuwaang maglingkod; hindi bilang panginoon ng inyong mga nasasakupan, kundi bilang uliran ng inyong mga kawan. At pagparito ng Pangulong Pastol ay tatanggap kayo ng maningning na koronang di kukupas kailanman (1 Pedro 5:1-4).

Mapapansin na walang instruksiyon na maging diktador sa mga nasa ilalim ng iyong pamamahala. Mapapansin din ang mga positibong pag-uugali at mga gawang hinihingi sa asawa, ama at matanda sa iglesya. Bahagi ng ating pananagutan na sanayin ang ating mga anak upang maging mga lalaking responsable.

Paano ba magiging responsable ang isang lalaki?

1. Kilalanin ang mga katangian ng isang Cristianong lalaking responsable.
2. Ikumpisal ang iyong kasalanan na negatibong pag-uugali at gawa.
3. Magpasiyang maging masunurin sa mga utos ng Diyos na nasa Biblia.
4. Makipagkaibigan sa isang kapwa lalaking responsable na maaari mong tularan.
5. Magpaturo nang personal sa mga lalaking responsable sa mga aklat, audio o video.

Mayroon ka ba ng mga ito, o mga kahalintulad na kasalanan? Kung mayroon man, humanap ng Cristiano at sabihin mo sa kanya na gusto mong maging Cristiano. Basahin ang Mabuting Balita na nasa mga pahina 89-90. Basahin sa Biblia ang mga aklat ng Lucas, Juan, Mga Gawa at Roma. Tawagan mo ako, sulatan o mag-email sa akin.

Kung ikaw ay isang Cristiano, kailangan mong:

1. Ikumpisal sa Diyos ang iyong kasalanan at sabihin kung anu-ano ang mga ito nang detalyado. Gawin nating mas matindi pa. Ikumpisal at itakwil ang mga ito. Talikuran na ang mga ito! Ihingi ng tawad sa Diyos ang mga ito at tanggapin ang ginawang pagdalisay at paglilinis ng dugo ni Cristo (1 Juan 1:5-10).
2. Maging masunurin. Ayon sa kagandahang loob ng Diyos, huwag sisihin ang iba sa mga bagay na nangyari nang ikaw ang namamahala.
3. Ikaw ang maglaan ng pamumunong espirituwal, pagkain, tirahan, pagmamahal, seguridad, proteksiyon, at ginhawa para sa iyong asawa at mga anak. Ito ang iyong pangunahing gawain.
4. Kung gusto mong magbago, pagkatapos mong magkumpisal, makipagkaibigan sa isang kapwa lalaking handang magturo sa iyo sa pamamagitan ng halimbawa at kung paano maging responsable.
5. Manatili sa Salita ng Diyos, basahin at pag-aralan ito na may intensiyong sundin ang Diyos.
6. Hingin ang tulong ng Diyos.

# ANG MABUTING BALITA

Ngayong nabasa mo na ang *Paano Lumaya sa Sama ng Loob*, maaaring mapagtanto mo na hindi ka pa Cristiano. Kung Cristiano ka na, mapalalaya ka sa napakasamang kasalanang ito. Pero kung hindi ka pa Cristiano, ang iyong sama ng loob ay nakaugnay sa iba pang mga kasalanan at isang kalikasang mahilig sa kasalanan. Upang maialis mo ang sama ng loob na ito, kailangan mong magkaroon ng bagong pagkatao at alisin ang dati mong pagkatao. Hindi mo ito kayang gawin. Ang Diyos lamang ang makagagawa nito.

Narito ang iyong bahagi:

1. Kailangan mong naisin na mapalaya sa pagkakasala at sa hatol sa iyong mga kasalanan, gayundin sa kapangyarihan ng kasalanan.
2. Kailangan mong malaman na hindi mo kayang isakatuparan ang pagnanais na ito.
3. Kailangan mong malaman na hindi ka mapalalaya sa pamamagitan ng pagiging mabuti at ng hindi pagiging masama, o ng ano pa mang sariling paraan ng pagsisikap.
4. Kailangan mong malaman na naisagawa na ng Diyos ang pagpapalayang ito nang isugo Niya ang Panginoong Jesus sa mundo upang mamatay para sa mga makasalanan. "Sapagkat noong tayo'y mahihina pa, namatay si Cristo sa takdang panahon para sa mga makasalanan" (Roma 5:6).
5. Tatlong araw matapos Siyang mamatay para sa ating mga kasalanan, muling nabuhay ang Panginoong Jesus upang gawin tayong matuwid. "Ipinapatay siya dahil sa ating mga kasalanan at muling binuhay upang tayo'y mapawalang-sala" (Roma 4:25).
6. Hinihikayat ka ngayon ng Banal na Espiritu na talikuran ang iyong kasalanan at tumawag sa Panginoong Jesus na may pagtitiwala sa Kanya, sa Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay. "Kung

> ipahahayag ng iyong mga labi na si Jesus ay Panginoon at mananalig ka ng buong puso na siya'y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka. Sapagkat nananalig ang tao sa pamamagitan ng kanyang puso at sa gayo'y napawawalang-sala; at nagpapahayag sa pamamagitan ng kanyang labi at sa gayo'y naliligtas" (Roma 10:9-10).

"At ngayo'y ipinaaalaala ko sa inyo, mga kapatid, ang Mabuting Balita na ipinangaral ko sa inyo. Iyan ang ebanghelyo na inyong tinanggap at naging saligan ng inyong pananampalataya. Sa pamamagitan nito'y naliligtas kayo, kung matatag kayong nananangan sa salitang ipinangaral ko sa inyo—liban na nga lamang kung kayo'y sumampalataya na di iniisip ang inyong sinampalatayanan. Sapagkat ibinigay ko sa inyo itong pinakamahalagang aral na tinanggap ko rin: si Cristo'y namatay dahil sa ating mga kasalanan, bilang katuparan ng nasasaad sa Kasulatan; inilibing siya at muling nabuhay sa ikatlong araw, ayon din sa Kasulatan; at siya'y napakita kay Pedro, saka sa Labindalawa" (1 Corinto 15:1-5).

Ngayong tumawag ka na sa Panginoong Jesus, pasalamatan mo Siya sa pagdadala sa iyo sa Diyos Ama, sa pagpapatawad sa iyo, at sa pagbibigay sa iyo ng buhay na walang hanggan.

Sa iyong kagalakan ngayon dahil sa kapatawaran na natanggap mo, sabihin mo sa isa pang tao ang ginawa ng Diyos para sa iyo.

Kung susulat ka sa amin, padadalhan ka namin ng tulong sa pamamagitan ng mga libro at booklet na makatutulong sa iyo na lumago sa buhay Cristiano.

## COMMUNITY CHRISTIAN MINISTRIES

Pagkabasa mo ng booket na ito, nalaman mo marahil na ikaw'y may sama ng loob o natisod o mahilig magtsismis o pinanghihinaan ng loob o may hindi magandang relasyon sa iyong mga magulang. Alam mo na marahil noon pa ang mga bagay na ito tungkol sa iyong sarili at binasa mo ang booklet na ito para magkaroon ka ng solusyon. Kung hindi mo naiintindihan ang mga solusyon o kung naiintindihan mo at nakita mong hindi mo kayang isagawa ang mga ito, o kung ayaw mong magbago, posibleng mayroon ka pang higit na pangunahing problema, at ito'y wala kang personal na relasyon sa Panginoong Jesu-Cristo. Mangyaring sulatan ako o tawagan, nang sa gayon ay maipaliwanag ko nang malinaw at simple ang malalalim na katotohanan ng mabuting balita ng Panginoong Jesu-Cristo sa isang personal na paraan.

Ang aking address:
Jim Wilson
Community Christian Ministries
P. O. Box 9754
Moscow, ID 83843-0180
Phone and Fax: (208) 883-0997
E-mail: ccm@moscow.com
Website: www.ccmbooks,org
Maaari mong kontakin ang kahit sino sa mga manunulat ng booklet na ito sa parehong address.

CHURCH STRENGTHENING MINISTRY

9 789710 021451